# Edukasyong Pagpapakatao

Teaching Guide on Financial Literacy



**Edukasyong Pagpapakatao**
Teaching Guide on Financial Literacy

**Copyright Notice.** Section 176.1 of Republic Act No. 82 93, or the Intellectual Property Code of the Philippines, provides: "No copyright shall subsist in any work of the Government of the Philippines. However, prior approval of the government agency or office wherein the work is created shall be necessary for exploitation of such work for profit."

This teaching guide on financial literacy was prepared by the Curriculum Development Division, Bureau of Elementary Education, Department of Education under the auspices of the Bangko Sentral ng Pilipinas.

**Published by Bangko Sentral ng Pilipinas**

Produced and Distributed by:
Corporate Affairs Office

Printed in the Philippines
ISBN 978-971-94085-0-5

Bangko Sentral ng Pilipinas
Mabini cor. P. Ocampo Sts., Malate 1004
Manila Philippines
http://www.bsp.gov.ph



*" Ang kabataan ang pag-asa ng ating bayan."*

- Dr. Jose P. Rizal

## MESSAGE

I extend my deepest appreciation to the Bangko Sentral ng Pilipinas and its partners for entrusting to the Department of Education the task of integrating in the elementary curriculum lessons on financial literacy.

Indeed, there is a need to instill among our school children the values of *pagkamasinop*, *pagkamatipid* and *pagkakaisa*, and to help them develop the habit of *pag-iimpo*k and proper money management as a means to ensure their good future. Likewise, at an early age, our school children should acquire the values of *pagkamaabilidad* or *pagkamalikhain* and skills in *pag-eentreprenur* so that they can be productive citizens of the country.

To make certain that all these relevant values and lessons on financial literacy are covered, the DepEd's Curriculum Development Division of the Bureau of Elementary Education has integrated them in three learning areas: *Edukasyong Pagpapakatao*, *Sibika at Kultu*ra *I – III* and *Heograpiya, Kasaysayan at Sibika IV – VI* and *Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan.*

No doubt the Teaching Guide on Financial Literacy in these three subjects will help and guide our teachers in inculcating the values needed to develop the habit of saving among our school children thus, contributing to the development of our nation's economy.

Congratulations to everyone involved in this project and Mabuhay!

**JESLI A. LAPUS**
Secretary
Department of Education

## MESSAGE

On behalf of the Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP) I thank the Department of Education under the leadership of Secretary Jesli A. Lapus and our other partner organizations for the development and dissemination of teaching guides on saving and money management.

Now, we are on track to institutionalize the integration of these basic financial lessons in the elementary grades curriculum.

BSP pursued the integration of these lessons as a positive response to the result of a survey which indicated that only less than 5% of our youth regularly save money.

We believe that saving as a habit can best be developed among schoolchildren who also wield influence in their homes and communities.

An important component of this program is the commitment of our public school teachers to undertake the challenge to teach saving and money management to elementary pupils.

With the teachers of *Edukasyong Pagpapakatao (EP)*, *Sibika at Kultura* and *Heograpiya, Kasaysayan at Sibika (SK* and *HEKASI*), and *Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan (EPP)* at the forefront of this effort, we are confident that our youth will develop the habit and the discipline to save and invest regularly for their future.

We therefore thank all our teachers, principals and supervisors on whose shoulders depend the success of this undertaking.

We also acknowledge the support of the Curriculum Development Division of the Bureau of Elementary Education, as well as the lesson exemplar writers, tryout teachers, supervisors, and principals from different school divisions who were involved in the development, pilot testing, validation and finalization of the teaching guides.

Together, let us continue to nurture a new generation of Filipinos who know about saving and money management.

Mabuhay!

**AMANDO M. TETANGCO, JR.**
Governor
Bangko Sentral ng Pilipinas

## ACKNOWLEDGMENT

The development of the Teaching Guide for the integration of Financial Literacy lessons in *Edukasyong Pagpapakatao* (Character Education) was made possible through the cooperative efforts of the Bureau of Elementary Education (BEE) of the Department of Education (DepEd) and the Divisions of Cavite, San Jose del Monte, Makati, Batangas, Bataan, Eastern Samar, Valenzuela, Negros Oriental and Cotabato City; the Economic Policy Reform & Advocacy (EPRA), a cooperative project between the Ateneo de Manila University and the United States Agency for International Development (USAID); and the Corporate Affairs Office of the Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP).

## FOREWORD

The Teaching Guide on the Integration of Financial Literacy in *Edukasyong Pagpapakatao* provides school administrators, teachers and pupils with basic concepts and principles which will help them develop economic values focused on saving for economic growth and development. The Guide consists of two parts : Part I shows the matrix of financial literacy concepts and messages and the entry points of integration found in the learning competencies of *Edukasyong Pagpapakatao* for Grades I-VI. The matrix of integration serves as guide for teachers on how the integration can be done. Part II consists of series of lessons (*aralin*) to be taught by teachers per grade level. Each lesson consists of the following parts:

Title of the lesson
Core Message/s
Core / Related Value
Materials and References

**A. Panimulang Gawain.**
(Review and / Motivation)

**B. Panlinang na Gawain**
(Paglalahad, Paghahambing at Paghahalaw)

**C. Pangwakas na Gawain**
(Paglalahat, Paglalapat at Pagbibigay-halaga)

The Teaching Guide was developed through series of workshops and validated and tried out in selected schools and divisions located in Luzon, Visayas and Mindanao. Refinement and finalization were based on the feedback, comments and suggestions gathered from the field tryout as well as from the experts in financial literacy and *Edukasyong Pagpapakatao*. Finally, the Guide endeavors to translate knowledge into actions done by children which eventually will be embedded in their adult lives.

FE M. DELA CRUZ
Director
Corporate Affairs Office
Bangko Sentral ng Pilipinas

YOLANDA S. QUIJANO
Director IV
Bureau of Elementary Education
Department of Education

# TABLE OF CONTENTS

**Part I - Matrix of Integration** 1

**Part II - Lesson Plans in Edukasyong Pagpapakatao**

GRADE 1

Aralin 1 – Kami, Nagtitipid Na 10
Aralin 2 – Nag-iimpok Ka Ba? Paano? 14
Aralin 3 – Perang Kinita, Mahalaga! 18
Aralin 4 – Pagbabadyet: Kailangan 22
Aralin 5 – Para sa Magandang Bukas 26

GRADE 2

Aralin 1 – Mamili Ka 29
Aralin 2 – Sino ka sa Kanila? 33
Aralin 3 – Mga Taong Huwaran, Dapat Tularan 38
Aralin 4 – Mabilis Ngunit Maingat 44
Aralin 5 – Barya Mahalaga 48

GRADE 3

Aralin 1 – Maglinis nang Makatipid (Una/Pangalawang Bahagi) 52
Aralin 2 – Pagtitipid ang *Style* ko 57
Aralin 3 – Salapi, Larawan ng Ating Yamang-lahi 63
Aralin 4 – Bata, Magtipid na Ngayon 69
Aralin 5 – Ugaliing Magtipid 74

GRADE 4

Aralin 1 – Pagtitipid/Matalinong Paggamit ng Pinagkukunang-yaman 77
Aralin 2 – Katotohanan 82
Aralin 3 – Komitment sa Paggawa 86
Aralin 4 – Matatag na Pananalapi, Matatag na Bansa 91
Aralin 5 – Pagtitipid sa Paghahanda 95

GRADE 5

Aralin 1 – Paano na ang Kinabukasan? 100
Aralin 2 – Kinabukasan, Paglaanan 109
Aralin 3 – Pag-eentreprenur, Madali Lamang 113
Aralin 4 – Entreprenur na si Ernie 118
Aralin 5 – Enerhiya: Matitipid Nga Ba? 122

GRADE 6

Aralin 1 – Sa Maliit Nagsisimula 126
Aralin 2 – Ikaw ang Idol Ko 132
Aralin 3 – Maliit na Industriya 139
Aralin 4 – Okey ba sa Inyo? 144
Aralin 5 – Gastos na Impok, Gastos na Puhunan 154
Aralin 6 – Dapat Isaisip 158
Aralin 7 – Magandang Balak sa Negosyo 163
Aralin 8 – Pangako Huwag Ipako 167
Aralin 9 – Ipagsigawan ang Natamong Tagumpay, Kaya mo ba ito? 171
Aralin 10 – Si Kuya, Entreprenur Na 176
Aralin 11 – Pagtupad sa Batas 182

## Matrix ng Pagsasanib o Integrasyon ng Kaalamang Pampinansyal
## sa
## EDUKASYONG PAGPAPAKATAO ( Character Education )

| MENSAHE / KAISIPAN SA KAALAMANG PAMPINANSYAL | BAITANG | BATAYANG KAISIPAN / KAUGNAY NA PAGPAPAHALAGA | NILALAMAN / Istratehiyang Ginamit | MGA KASAYANAYAN SA PAGKATUTO (Philippine Elementary Learning Competencies - PELC) |
|---|---|---|---|---|
| Pahalagahan ang perang kinita<br><br>Maraming paraan upang makapagtipid | I | **Pagmamahal at Kabutihan**<br><br>Katapatan/Integridad<br><br>Kaangkupang Pisikal | **Tula** : Si Ana<br><br>**Mga Larawan**<br>**2 puppet**<br>**Dayalogo**: “Si Lina at si Lito” | 1.1 Nagsasabi nang totoo sa lahat ng pagkakataon<br>• ano ang binili<br>• magkano ang halaga<br><br>1.1 Naisasagawa nang kusa ang mga wastong gawi sa pagkain<br>Hal.:<br>• pagkain ng tamang uri at dami ng pagkain |
| Malaki ang naitutulong ng bawat kasapi ng mag-anak sa paghahanda at pagsasakatuparan ng badyet. | | **Pagkamakabansa**<br><br>Pambansang Pagkakakilanlan at Pagmamalaki<br><br>Pambansang Pagkakaisa | **Komik strip**<br>**Sitwasyong nakasulat sa nakabilot na papel**<br><br>**Picture story**<br>(Sabay-sabay Sila) | 1.1 Naipakikita ang paggalang sa kapangyarihan ng pamunuan ng mag-anak<br>Hal.<br>• kinikilala ang kapangyarihan ng mga nakatatandang kapatid.<br><br>1.3 Nakakalahok sa mga gawain na isinasagawa nang sabay-sabay kung kinakailangan tulad ng:<br>• pagdarasal<br>• pagsisimba<br>• pagkain<br>• pagsasaya,<br>• **pagbabadyet**. |

| MENSAHE / KAISIPAN SA KAALAMANG PAMPINANSYAL | BAITANG | BATAYANG KAISIPAN / KAUGNAY NA PAGPAPAHALAGA | NILALAMAN / Istratehiyang Ginamit | MGA KASAYANAYAN SA PAGKATUTO (Philippine Elementary Learning Competencies - PELC) |
|---|---|---|---|---|
| Magtipid para sa kinabukasan | | **Pangkabuhayan**<br>Saloobin sa Paggawa | **Tsart ng Awit "Magtipid"** | 1 Naisasagawa ang gawain sa abot nang makakaya<br>Hal.<br>• ginagawa ang gawain ayon sa wastong pamamaraan<br>• ginagawa ang gawain nang nag-iisa |
| Ang pagkilala ( awareness) sa kaibahan ng gusto at kailangan ay makatutulong sa wastong pagbabadyet | II | **Katotohanan·**<br>Mapanuring pag-iisip | **Dayalogo:** Mamili Ka | 2.1 Natutukoy ang sariling<br>• gusto at ayaw<br>• kailangan / di-kailangan |
| Pahalagahan ang bawat perang kinita | | **Pagmamahal at Kabutihan**<br>Katapatan/ Integridad | | 1.1 Naisasagawa ang nararapat sa lahat ng pagkakataon<br>• pagsasauli ng pera/bagay na natanggap nang hindi sinasadya |
| Maraming paraan upang makapagtipid<br><br>Maraming paraan upang makapagtipid (pagkilos sa takdang panahon) | | **Pangkabuhayan**<br>Saloobin sa Paggawa<br><br>Pagtitipid | **Proyekto**: Paggawa ng Bookmark<br><br>Pagsusuri sa larawan ng dalawang bata na nagpapakita ng parehong gawain | 1.1 Naisasagawa ang gawain sa paaralan sa abot nang makakaya<br>Hal.<br>- tinatapos ang gawain ayon sa takdang panahon<br>- ginagawa ang sariling gawain nang maingat<br>1.2. Naipakikita ang matalinong paggamit ng oras<br>1.3. Nasasabi na ang pagkilos sa tamang oras ay isang paraan upang makapagtipid |
| Ingatan ang ating salapi na larawan ng ating yamang-lahi | III | **Katotohanan·**<br>Katotohanan at pagpaparaya | **Simulasyon** : Pamamasyal sa Museo ng Bangko Sentral ng Pilipinas | 2.1 Napahahalagahan ang mga pinagkukunan ng mga kaalaman/ impormasyon<br>• bangko<br>• museo (Bangko Sentral ng Pilipinas)<br>• kooperatiba |

| **MENSAHE / KAISIPAN SA KAALAMANG PAMPINANSYAL** | **BAITANG** | **BATAYANG KAISIPAN / KAUGNAY NA PAGPAPAHALAGA** | **NILALAMAN / Istratehiyang Ginamit** | **MGA KASAYANAYAN SA PAGKATUTO (Philippine Elementary Learning Competencies - PELC)** |
|---|---|---|---|---|
| May mga batas at patakarang pinaiiral ang pamahalaan at Bangko Sentral ng Pilipinas na nakatutulong sa kabuhayan at pamumuhunan | | | Pamagat: **Salapi: Larawan ng Ating Yamang-lahi** | |
| Maraming paraan upang makapagtipid. | | **Pagmamahal at Kabutihan**<br>Katapatan/ Integridad | **Kuwento**: Matipid Na, Matapat Pa<br>Pamagat: Ugaliing Magtipid | 1.2 Naiiwasan ang mga maling gawain<br>• pangungupit<br><br>1.3. Naisasagawa ang iba pang paraan ng pagtitipid |
| Maraming paraan upang makapagtipid<br><br>Maagang simulan ang pagtitipid upang may magasta sa kinabukasan<br><br>Kapag ang pagtitipid ay nasa isipan at damdamin ng mga bata, inaasahang may pag-unlad sa hinaharap. | | **Pangkabuhayan**<br>Pagtitipid<br><br>**Pagkamakabansa**<br>Pambansang Pagkakakilanlan/ Pagmamalaki | **Larawan** ng Ibat-Ibang Kasangkapan<br>**Tsart ng mga Dayalogo**<br><br>**Tunay o Larawan ng** mga Kagamitan<br>**"Matuto Kang Maglinis"**<br><br>**Larawan** ng Ibat-ibang Kaugaliang Pilipino<br>**Awitin**: Ako'y Isang Pinoy | Nagagamit ang angkop na kasangkapan at kagamitan ayon sa pangangailangan<br><br>Naipakikita ang wastong paggamit at pangangalaga ng mga materyales at kagamitan<br><br>Nililinis ang anumang materyales/kasangkapan at kagamitan pagkatapos gamitin<br><br>Naipagpapatuloy ang magagandang kaugaliang Pilipino katulad ng pagtitipid<br><br>Naisasagawa ang pagtitipid para umuunlad sa hinaharap |
| Ang pag-unlad (development) ay hindi lamang nangangahulugan ng paglago (growth) subalit yaong nagbibigay pakinabang sa nakararami | IV | **Katotohanan**<br>• Pagmamahal sa katotohanan | **Balita** sa pinakahuling pangyayari;<br>**Editoryal Cartoon** | 2. Nagsisikap na malaman ang mga bagong kaalaman/ impormasyon tungkol sa pangyayari<br>2.1 Gumagamit ng ibat-ibang paraan sa pagkuha ng impormasyon/ kaalaman |

| MENSAHE / KAISIPAN SA KAALAMANG PAMPINANSYAL | BAITANG | BATAYANG KAISIPAN / KAUGNAY NA PAGPAPAHALAGA | NILALAMAN / Istratehiyang Ginamit | MGA KASAYANAYAN SA PAGKATUTO (Philippine Elementary Learning Competencies - PELC) |
|---|---|---|---|---|
| | | | | tungkol sa pinakahuling pangyayari<br>Hal.:<br>• pakikinig ng mga balita sa radyo<br>• panonood ng makabuluhang programa sa TV<br>• pagbabasa ng diyaryo |
| Ang mga pagpapahalaga ng isang mag-anak ay may kaugnayan sa pag-iimpok<br><br>May ibat-ibang uri ng pag-iimpok sa bawat mag-anak<br><br>Ang wastong pangangasiwa ng salapi ay may kaugnayan sa pag-unlad ng mag-anak | | **Pangkabuhayan**<br>Pagiging Produktibo<br><br>Pagtitipid / Matalinong Paggamit ng Pinagkukunang-yaman | **Pagtatala** ng Ibat-ibang Posibleng Proyekto<br><br>**Sipi ng Kuwento Collage** ng mga batang nagsasagawa ng gawain | 1.Nakikilala ang kahalagahan ng pagiging produktibo sa pagpapaunlad ng buhay<br>1.1 Nagagamit ang mga patapong bagay/ materyales na sagana sa sariling lugar sa paggawa ng mapapakinabangang produkto<br>Hal.<br>• paggamit ng pira-pirasong retaso, plywood<br>• bunot, balat ng mais<br>• lata, goma, atbp.<br><br>1.2. Napipili ang mga bagay / materyales na sagana sa sariling lugar na maaaring gawing proyekto/produkto<br><br>1.3. Nakagagawa ng produkto mula sa mga patapong bagay nang matipid/ masinop<br><br>2. Nasasabi na ang pag-iimpok ay may kaugnayan sa pagpapahalaga ng isang mag-anak<br>1.2.Naipakikita ang komitment sa paggawa sa ibat-ibang paraan |
| Kapag ang pagtitipid ay nasa isipan at damdamin ng mga bata, inaasahang may pag-unlad sa hinaharap | | Saloobin sa Paggawa | **Pagsusuri ng 5 Sitwasyon** | 1.1 Naiuugnay ang paggawa sa pag-unlad ng mag-anak |

| MENSAHE / KAISIPAN SA KAALAMANG PAMPINANSYAL | BAITANG | BATAYANG KAISIPAN / KAUGNAY NA PAGPAPAHALAGA | NILALAMAN / Istratehiyang Ginamit | MGA KASAYANAYAN SA PAGKATUTO (Philippine Elementary Learning Competencies - PELC) |
|---|---|---|---|---|
| Ang wastong pangangasiwa ng salapi ay may kaugnayan sa pag-unlad ng mag-anak | | | **Pangkatang Gawain sa pagsusuri** | Naipapakita ang wastong pangangasiwa ng salapi<br>• Naipakikita ang ibat-ibang paraan ng pagtitipid sa paghahanda at pagluluto ng pagkain<br>• Naisasagawa ang pagtitipid sa pagpili ng wastong pagkain |
| Mahalaga ang disiplina sa pagsasakatuparan ng inihandang badyet (pansarili, pangmag-anak, pansamahan)<br><br>May mga ahensya ng pamahalaan na nagbibigay proteksyon sa mga mamimili | V | **Katotohanan**<br>• Katotohanan at pagpaparaya<br><br>• Paggalang sa opinyon, ideya ng iba | **BSP Comics**: Mas Patok ang Mag-impok | 2.1 Nakabubuo ng sariling pasya pagkatapos pag-aralan ang dalawang panig ng isyu<br><br>2.3 Nagpapakita ng kawilihan sa pagbasa/ pagsuri ng mga aklat at magasin<br>hal.:<br>• Nagbabasa ng diyaryo araw-araw<br>• Nakikinig/nanonood sa telebisyon sa mga "Update" o bagong kaalaman |
| Ang wastong pangangasiwa ng salapi ay may kaugnayan sa pag-unlad ng mag-anak at bansa | | **Pagmamahal at Kabutihan**<br>Katapatan/ Integridad | | 1.1 Naipakikita ang pagiging matapat sa pakikitungo sa kapwa<br>Hal.:<br>• pagbabayad ng pasahe nang kusa<br>• pagsasabi ng totoo kahit nakasasakit ng kalooban |
| May mga batas at patakarang pinaiiral ang pamahalaan at Bangko Sentral ng Pilipinas na nakatutulong sa kabuhayan o pamumuhunan. | | **Kapayapaan at Katarungan**<br><br>Disiplinang pansarili<br><br>Pananagutang Panlipunan | **Nakalimbag na mga Batas** sa karbord na gagamitan ng mapa ng gagamba | 2. Nakalalahok sa kampanya ng pamahalaan sa pagpapatupad ng mga batas<br>Hal.:<br>• batas pangkalusugan<br>• batas sa pagtitipid<br>• Iba pang batas para sa mamimili (PD 247, RA 7394, RA 7181) |

| MENSAHE / KAISIPAN SA KAALAMANG PAMPINANSYAL | BAITANG | BATAYANG KAISIPAN / KAUGNAY NA PAGPAPAHALAGA | NILALAMAN / Istratehiyang Ginamit | MGA KASAYANAYAN SA PAGKATUTO (Philippine Elementary Learning Competencies - PELC) |
|---|---|---|---|---|
| Ang pagiging entreprenur ay nangangailangan ng pagkamalikhain<br><br>Ang pag-eentreprenur ay isang pakikipagsapalaran. | | **Pagkamakabansa**<br><br>Pambansang Pagkakaki-lanlan at Pagmamalaki | **Sanaysay**: "Jeepney, King of the Road"<br><br>**Karbord** na may tatak ng pangalan ng imbentor at imbensyon<br>Maikling Kalagayan<br>Buzz Session | 1.1 Naipakikita ang namumukod at kanais-nais na katangiang Pilipino<br>Hal.<br>• pagiging malikhain<br>• pagtataglay ng lakas ng loob<br><br>1.2. Natatanggap na ang pag-eentreprenur ay isang pakikipagsapalaran |
| Mahalaga ang pag-eentreprenur sa pag-unlad ng kabuhayan | | **Pangkabuhayan**<br>Matalinong Paggamit ng Pinagkukunang-yaman | **Kuwento** "Angkop na Pagpapasya" | 1. Nakikilala ang kahalagahan ng pagpaparami ng pagkain para sa ikabubuhay<br>1.1 Naisasagawa ang paraan ng pagpaparami ng pagkain<br>Hal.<br>• ginagamit ang bakanteng lugar para sa proyektong mapapakinabangan |
| Maraming paraan ng pagtitipid<br>Maagang simulan ang pagtitipid upang may magasta sa kinabukasan. | | Pagtitipid<br>Matalinong Paggamit ng Pinagkukunang-yaman | **Tula:** Ang Enerhiya'y Tipirin | Naipakikita ang matalinong paggamit ng enerhiya |
| May mga gastos na maituturing na pag-iimpok.<br>May mga gastos na maituturing na puhunan para sa kinabukasan<br><br>Mahalaga ang disiplina sa pagsasakatuparan ng inihandang badyet (pansarili, pangmag-anak, at pansamahan) | **VI** | **Katotohanan**·<br>Pagkakaroon ng bukas na isipan | **BSP Comics**: "Ang Halaga ng Pagporma" | 2.2 Nakagagawa ng solusyon batay sa wastong impormasyon<br>• Nagbibigay nang wasto at angkop na pasya<br>• Nagbibigay ng mga tamang desisyon para sa kabutihan ng nakararami batay sa ginawang pagsusuri |

| MENSAHE / KAISIPAN SA KAALAMANG PAMPINANSYAL | BAITANG | BATAYANG KAISIPAN / KAUGNAY NA PAGPAPAHALAGA | NILALAMAN / Istratehiyang Ginamit | MGA KASAYANAYAN SA PAGKATUTO (Philippine Elementary Learning Competencies - PELC) |
|---|---|---|---|---|
| Ang pangungutang ay may kalakip na responsibilidad | | **Pagmamahal at Kabutihan**<br>Katapatan/ Integridad | **Metacards** ng mga Kalagayang Susuriin | 1.1 Nakatutupad sa mga pangako/ pinagkasunduan, komitment/usapan<br>Hal.:<br>• pagbabayad ng utang ayon sa kasunduan |
| Ang barya ay mahalaga lalo na kung pagsasama-samahin<br><br>Ingatan ang ating salapi na larawan ng ating yamang-lahi. | | **Kapayapaan at Katarungan**<br><br>Disiplinang pansarili<br>Pananagutang Panlipunan | **Editoryal** :<br>Barya Barya Para Saan Ba?<br>Mga Islogan at Sitwasyon | 2. Nakasusunod nang kusa sa mga batas at patakaran na pinaiiral ng pamahalaan<br>Hal.:<br>• batas sa paggamit ng barya sa pagbili at pagsukli |
| May mga batas at patakarang pinaiiral ng pamahalaan at Bangko Sentral ng Pilipinas na nakatutulong sa kabuhayan at pamumuhunan<br><br>Ang bawat mamimili ay may karapatan (kaalaman sa tamang halaga, timbang, bilang)<br><br>Ang pag-eentreprenur ay isang pakikipagsapalaran<br><br>Kapag ang pagtitipid ay nasa isipan at damdamin ng mga bata inaasahang may pag-unlad sa hinaharap | | Pananagutang Panlipunan<br>Pag-iimpok<br><br>Pananagutang Panlipunan<br>Disiplina<br><br>**Paggalang sa Karapatang Pantao**<br>Pagkakapantay-pantay ng tao | **Impormasyon** Tungkol sa Iba't ibang Batas sa Pagbabangko<br><br>Balita na nasa Tsart o transparency Timbangan at Ibat-Ibang Produkto<br><br>**Activity Cards** na tatalakayin sa tulong ng **Character Webbing** "<br><br>Ikaw ang Idol Ko" | 3. Nakatutulong sa pagpapatupad ng mga tuntunin at batas<br>Hal.:<br>• pagsali sa mga kampanya tungkol sa ibat-ibang batas<br><br>Naipakikita ang pagpapahalaga sa mga batas pambansa / pandaigdigan<br><br>3.1 Naipakikita ang katangiang makatutulong sa pagtatagumpay<br>Hal.:<br>• kasipagan<br>• pagiging matiyaga<br>• pagiging matipid, atbp.<br><br>3.2 Tinutularan ang mga katangian ng matagumpay sa pangangasiwa sa industriya<br>Hal.:<br>• pagiging masipag<br>• pagiging matipid |

| MENSAHE / KAISIPAN SA KAALAMANG PAMPINANSYAL | BAITANG | BATAYANG KAISIPAN / KAUGNAY NA PAGPAPAHALAGA | NILALAMAN / Istratehiyang Ginamit | MGA KASAYANAYAN SA PAGKATUTO (Philippine Elementary Learning Competencies - PELC) |
|---|---|---|---|---|
| | | **Pagkamakabansa**<br>Pandaigdigang Pag-uunawaan/ Pagtutulungan | **Pagsusuri sa Sitwasyon :**<br>"Ang Magsasapatos," "Ang Manggagawa ng Kakanin" " Ang Magbabasura" | Tinutularan ang katangian ng mga tagumpay sa pangangasiwa ng industriya<br><br>1.1 Natatalakay ang kabutihan ng programang pangkabuhayan, sosyal, kultural, teknikal at makaagham ng ASEAN<br>Hal.<br>• ipinamamalita ang tulong na nagagawa ng ASEAN sa ating kabuhayan |
| Anumang naimpok ay magagamit na puhunan. | | **Pangkabuhayan**<br>Saloobin sa Paggawa | **Kuwento**: Tularan Natin | 1. Napahahalagahan ang mga taong matagumpay<br>1.1 naipakikita ang mga katangiang nakatutulong sa pagtatagumpay<br>1.2 Tinutularan ang mga katangian ng matagumpay na nangangasiwa sa industriya<br>• masipag<br>• matiyaga<br>• maagap<br>1.3 Ipinamamalita ang mga katangiang naging puhunan ng matagumpay na mga tao |
| Mahalaga ang pag-eentreprenur sa pag-unlad ng kabuhayan | | **Pagiging Produktibo** | **Kuwento:**<br>"Sa Maliit Nagsisimula" | 1. Nakikilala na ang mag-anak ay nakapag-sisimula ng mapakikinabangang proyekto para sa bahay at pantahanan<br>1.1 Naisasagawa ang pagpapalaganap ng konsepto na ang mag-anak ay makapagsisimula ng kapakipakinabang na proyektong pantahanan at pangkabuhayan<br>Hal.<br>• ipinahahayag na ang kaalaman na maaaring lumaki ang puhunan kung makikipagsapalaran sa mga mapagkakakitaang proyekto |

| MENSAHE / KAISIPAN SA KAALAMANG PAMPINANSYAL | BAITANG | BATAYANG KAISIPAN / KAUGNAY NA PAGPAPAHALAGA | NILALAMAN / Istratehiyang Ginamit | MGA KASAYANAYAN SA PAGKATUTO (Philippine Elementary Learning Competencies - PELC) |
|---|---|---|---|---|
| | | | | 1.2 Napapalaganap ang konsepto na ang mag-anak ay maaaring magtayo ng maliit na negosyo |
| Mahalaga ang pagsasaliksik sa pamumuhunan at pag-eentreprenur | | | **Larawan Kuwento**: Ang Batang Entreprenur | 1.3 Ipinakikita ang maaaring pagkunan ng puhunan tulad ng pagbili ng mga yaring produkto upang may magamit sa pagpapalakad ng mapagkakakitaang proyekto<br><br>1.4 Nagsasaliksik muna bago magsimula ng proyekto upang malaman kung ito ay mapakikinabangan<br><br>1.5 Naipagmamalaki ang naitayong negosyo |
| May mga gastos na maituturing na pag-iimpok at may mga gastos na maituturing na puhunan para sa kinabukasan. | | **Pagiging Produktibo** | **Awitin** sa himig ng "Boom Tarat Tarat" Ang Negosyo<br><br>**Babasahin**: Dapat Isaisip | Napakikita ang maaaring pagkunan ng gagawing puhunan |

# Aralin I - Kami, Nagtitipid Na

**Batayang Mensahe** : Maraming paraan upang makapagtipid

**Batayang Pagpapahalaga** : Pagmamahal at Kabutihan

**Kaugnay na Pagpapahalaga** : Kaangkupang Pisikal

**Bilang ng Araw ng Pagtalakay** : 2

## Mga Layunin

1. Naisasagawa nang kusa ang mga wastong gawi sa pagkain bilang isang paraan upang makapagtipid
2. Naisasagawa ang ibat-ibang paraan ng pagtitipid

### Kagamitan

- Mga larawan:
  - batang babae (6 years old) na kumakain ng prutas at gulay
  - batang lalaki (6 years old) na kumakain ng *potato chips*
  - batang babae na umiinom ng "*soft drinks*"
  - batang lalaki na umiinom ng *orange juice*
  - batang babae na kumakain ng pananghalian (kanin, isda, gulay at prutas), ipakita ang orasan 11:30 ng umaga
  - batang lalaki na nakikipaglaro ng patintero kasama ang iba pang bata, 11:30 ng umaga
- 2 puppet (1 batang babae at 1 batang lalaki)
- Dayalog: "Si Lina at Si Lito"

## Pamamaraan

## Panimulang Gawain


### Pagganyak

1. Ihanay ang mga larawan. Ipasabi kung ano ang ginagawa ng bawat bata sa larawan.
2. Itanong: Alin-aling larawan ang nagpapakita ng wastong pagkain?
3. May larawan bang nagpapahiwatig ng iyong gawi sa pagkain? Nakabubuti ba ito sa iyo? Bakit?

## Panlinang na Gawain

### Paglalahad/Pagtatalakayan

1. Gamit ang mga puppet, basahin ang dayalog. Muling basahin ang dayalog at ipaulit sa mga bata ang mga linya nito.



**Si Lina at si Lito**

Uwian na. Pauwi sina Lina at Lito. Pakinggan ang kanilang usapan. (Ilabas ang mga puppet)

Lina : Uy, Lito, sabay na tayo.

Lito : Oo, Lina. Sabay na tayo. Pero, teka, dadaan lang ako sandali sa tindahan.

Lina : Ano ba ang bibilihin mo?

Lito : Bibili lang ako ng *potato chips* at *soft drinks*.

Lina : Naku, huwag iyon. Di mo ba alam? Masama sa atin ang mga iyon. Mabuti pa, prutas ang bilhin mo. Pagkatapos, uminom ka na lang ng maraming tubig.

Lito : Hindi ko naman madalas gawin ito.

Lina : Pero diyan nag-uumpisa ang pagnanais na lagi kang kumain nito. Naalaala mo ba ang napanood natin sa telebisyon? Iyong batang nagkasakit sa bituka dahil sa sobrang pagkain ng *junk food*?

Lito : Kunsabagay, oo nga ano? Maalat at marami ngang sangkap ang *potato chips* na masama sa katawan natin. Sige, sa bahay na lang ako kakain. Tiyak, may prutas sa amin. Kailangan nga pala, walong basong tubig ang iniinom natin araw-araw.

Lina : Kailangang sundin natin ang mga wastong gawi sa pagkain upang hindi tayo magkasakit. Paano tayo makapagtitipid kung magkakasakit tayo?

Lita : Oo nga. Pag nagkasakit tayo, tiyak, ubos ang ipon nina Nanay at Tatay.

Lina : Kumain din tayo sa tamang oras para malayo tayo sa sakit.

Lito : Tama ka, Lina. Kung walang magkakasakit sa ating mag-anak, makatitipid tayo sa gastusin at tuluy-tuloy ang pag-iimpok ng ating pamilya.

Lina : Oo. Kahit sa ganitong paraan man lamang ay makapagtitipid tayo. O, sige, dito na ako. Bukas uli.

Lito : Sige, sabay tayo uli bukas.

2. Pag-usapan ang binasang dayalog. Ipasagot:
   a. Sinu-sino ang tauhan sa dayalog?
   b. Ano ang gustong gawin ni Lito?
   c. Bakit siya pinigil ni Lina?
   d. Paano naunawaan ni Lito na mali ang kanyang gagawin?
   e. Nagkaroon na ba ng pagkakataon sa buhay mo na kailangan mong mamili kung *junk food* o wastong pananghalian ang iyong kakainin?Ano ang iyong ginawa?
   f. Ano ang naramdaman mo sa ginawang pagpili?
   g. Kung bibigyan ka ng isa pang pagkakataon, uulitin mo ba ang ginawa mo? Bakit?
   h. Ano ang natutuhan mo?
   i. Paano mo ipamamahagi sa iba ang mga natutuhan mo?

## Pangwakas na Gawain

**Paghahalaw**
Ipasagot sa mga bata:
Paano maisasagawa ang paraan ng pagtitipid sa pagkain nang di nababawasan ang sustansyang kailangan ng katawan?

### Paglalahat

Batay sa talakayan, ipabuo sa mga bata ang mensahe.

### Pagtataya

Ilagay ang ☺ sa patlang kung tama ang ipinakikitang gawi at ☹ kung hindi.

________ 1. Iniiwasan ni Lina na magkasakit.

________ 2. Kumakain sa wastong oras si Nena.

________ 3. Kinakain ni Lino ang lutong minatamis na saging ng kanyang nanay.

________ 4. Paborito ni Lita ang *junk food*.

________ 5. Nakapagtitipid ang mag-anak ni Mario dahil hindi siya nagkakasakit.

## Takdang Aralin

Umisip at iulat sa klase ang isang paraan ng pagtitipid na iyong ginawa.

## Aralin 2- Nag-iimpok ka ba? Paano?

**Batayang Mensahe** : May ibat-ibang uri ng pag-iimpok sa bawat mag-anak

**Batayang Pagpapahalaga** : Pagkamakabansa

**Kaugnay na Pagpapahalaga** : Pambansang Pagkakakilanlan at Pagmamalaki

**Bilang ng Araw ng Pagtalakay** : 2

## Mga Layunin

1. Naipakikita ang paggalang sa kapangyarihan ng pamunuan ng mag-anak
2. Nasasabi ang ibat-ibang uri ng pag-iimpok na ginagawa ng bawat mag-anak

### Kagamitan
- Komik istrip
- Mga kalagayan o gawain ng bawat kasapi ng mag-anak na nakasulat sa nakabilot na papel

## Pamamaraan

### Panimulang Gawain


**Pagganyak**
1. Ipakita ang sumusunod na mga larawan.





## Mungkahi

Kailangang isa lang ang layunin na dapat gamitin. Pagkatapos yung isa naman.



2. Itanong:

    a. Ano ang ginagawa ng mga bata?
    b. Bakit nila ito ginagawa?
    c. Alin sa mga ito ang ginagawa mo? Bakit?

# Panlinang na Gawain

## Paglalahad/Pagtatalakayan

1. Maglagay sa isang kahon ng mga binilot na papel na may nakasulat na ibat-ibang kalagayan ng mga kasapi ng isang mag-anak. Pahulaan kung sinong kasapi ang tinutukoy dito.

    a. Karaniwang naghahanapbuhay para sa mag-anak
    b. Siya ang tinaguriang “Ilaw ng tahanan.”
    c. Pinakamatandang anak na lalaki


d. Pinakamatandang anak na babae
e. Kapatid na lalaking sumunod sa kuya
f. Kapatid na babaeng sumunod sa ate

2. Ipakita ang mga komik istrip.

a.




b.




3. Pag-usapan ang mga komik istrip.
   a. Ano ang pinag-usapan ng magkakapatid sa mga komik istrip?
   b. Anu-anong uri ng pag-iimpok ang nabanggit sa mga komik istrip?
   c. Nagpakita ba ng paggalang sa nakatatanda ang dalawang bata sa komik istrip? Paano?
   d. Sa inyong mag-anak, anu-anong paraan ng pag-iimpok ang inyong ginagawa?
   e. Paano ninyo ipinakikita ang paggalang sa inyong nakatatandang kapatid lalo na sa paraan ng pag-iimpok?

## Pangwakas na Gawain

### Paghahalaw

Itanong:
Iisa lamang ba ang paraan ng pag-iimpok sa mag-anak?

Sa inyong mag-anak, anu-anong paraan ng pag-iimpok ang inyong ginagawa?

Iginagalang mo ba ang sinasabi ng nakatatanda mong kapatid sa paraan ng pag-iimpok sa mag-anak? Paano?

### Paglalahat

Batay sa napag-usapan sa aralin, ipabuo ang paglalahat. Itanong: Ano ang masasabi mo tungkol sa mga paraan ng pag-iimpok ng mag-anak?

### Pagtataya

Lagyan ng tsek (✓) ang hanay na nagpapakita ng iyong saloobin tungkol sa mga sumusunod:

| Mga Gawin | Palagi | Minsan | Hindi Ginagawa |
|---|---|---|---|
| 1. Iniingatan ko ang aking mga gamit | | | |
| 2. Iniiwasan kong magkasakit | | | |
| 3. Nag-iimpok ako ng pera sa alkansya | | | |
| 4. Iniimpok ko ang pera sa bangko | | | |
| 5. Iginagalang ko ang kapangyarihan ng aking nakatatandang kapatid | | | |
| 6. Sinusunod ko ang kanilang paraan ng pag-iimpok | | | |
| 7. Iba-iba ang paraan ng pag-iimpok sa aming mag-anak. | | | |
| 8. Nagtutulung-tulong ang aming mag-anak sa pag-iimpok | | | |

### Takdang Aralin

Sabihin sa klase ang uri ng pag-iimpok na iyong ginagawa.

# Aralin 3 - Perang Kinita, Mahalaga!

**Batayang Mensahe** : Pahalagahan ang perang kinita

**Batayang Pagpapahalaga** : Pagmamahal at Kabutihan

**Kaugnay na Pagpapahalaga** : Katapatan/Integridad

**Bilang ng Araw ng Pagtalakay** : 4

## Mga Layunin

1. Nagsasabi ng totoo sa lahat ng pagkakataon
    - ano ang binili
    - magkano ang halaga
2. Naipakikita ang pagpapahalaga sa perang kinita

## Kagamitan

- Tsart ng tulang "O, si Ana"
- BEC-PELC 1.1 p.4

## Pamamaraan

### Panimulang Gawain

#### Pagganyak

Itanong sa mga bata kung ano ang baong ibinibigay sa kanila ng kanilang magulang o tagapag-alaga. Kung pera, ipasabi kung paano nila ito ginagastos.

## Panlinang na Gawain

### Paglalahad/Pagtatalakayan

1) Ipakita ang tsart ng tulang "O, Si Ana." Basahin ito:

**O, Si Ana**

Ang batang si Ana
Kaibigan ko't kababata
Ugali'y kaaya-aya
Tutularan ko sa tuwina.

Kapag siya ay binibigyan
Ng pambili ng kailangan
Halaga ng mga binili
Sinasabi niyang palagi.

Baon namang ibinibigay
Sa kanya ng nanay at tatay
Sinisinop, iniingatan
Ni sentimo'y di nasasayang.

Kaya nga tulad ni Ana
H'wag gumasta nang basta-basta
Isipin muna't pahalagahan
Bawat perang bibitawan.

Pag-usapan ang tula. Ipasagot

a. Tungkol kanino ang tula?

b. Ilarawan si Ana.
   1) Ano ang ginagawa niya sa perang pambili ng kailangan niya?
   2) Ano naman ang ginagawa niya sa baong bigay sa kanya?
   3) Paano niya pinahahalagahan ang perang bigay sa kanya?

c. Kung ikaw si Ana, gayon din ba ang gagawin mo? Bakit?

d. Bumanggit ng pagkakataon na binigyan ka ng iyong magulang ng pambili ng gamit. Ano ang binili mo? Magkano ang halaga nito? Ano ang sinabi mo sa iyong magulang? Natuwa ka ba sa iyong sinabi? Bakit?

e. Paano mo masasabing perang bigay sa iyo ay parang perang kinita mo?

## Pangwakas na Gawain

### Paglalahat

Patnubayan ang mga bata sa pagbubuo ng mensahe. Ipasagot: Ano ang nararapat gawin sa perang iyong kinita? Sa perang kinita ng iyong magulang o ibang kasapi ng mag-anak?

### Paglalapat

Magkunwari ang ilang bata na isang tagapanayam sa isang palatuntunan sa radyo.

Itanong sa iyong panauhin:

1. Anong bagay ang huli mong binili? Bakit mo ito binili?
2. Magkano ito?
3. Kanino nanggaling ang perang ipinambili mo nito?
4. May natira ba sa perang ipinambili mo?
5. Paano mo pa napakinabangan ito?
6. Saan kaya nagmula ang perang ibinigay sa iyo ng iyong magulang?

### Pagtataya


1. Sagutin:

   Binigyan ka ng iyong tatay ng perang pambili ng alinman sa mga sumusunod

   Alin sa dalawang bagay ang iyong bibilhin?


a.








b.



c.  

d.  


e.  

2. Itanong:

Bakit ito o ang mga ito ang iyong pinili? Hayaang pangatwiranan ng mga bata ang ginawang pagpili.

**Takdang Aralin**

Sumulat ng 5 mahahalagang bagay na iyong binili at ang halaga nito.

## Aralin 4 - Pagbabadyet Kailangan!

**Batayang Mensahe** : Malaki ang naitutulong ng bawat kasapi ng mag-anak sa paghahanda at pagsasakatuparan ng badyet

**Batayang Pagpapahalaga** : Pagkamakabansa

**Kaugnay na Pagpapahalaga** : Pambansang Pagkakaisa

**Bilang ng Araw ng Pagtalakay** : 2

### Mga Layunin

1. Nakalalahok sa mga gawain na isinasagawa nang sabay-sabay kung kinakailangan tulad ng pagbabadyet
2. Naipahahayag ang saloobin tungkol sa paraan ng paggawa ng badyet ng sariling mag-anak

**Kagamitan**

- Apat na set ng mga titik na B, A, D, Y, E, T
- Pocket chart
- Larawan ng mga sumusunod:
  - Karne, isda, gulay, prutas
  - Traysikel, pedicab, jeep, bus, kotse
  - Perang papel at mga barya
  - Mga damit
- Metakards
  - Panonood ng sine
  - Pamamasyal
  - Pagbabasa ng aklat
  - Pagpipiknik
- Larawan ng mag-anak na sama-samang kumakain, nagdarasal, nagsisimba, namamasyal, nagpipiknik
- PELC 1.3 p. 20

# Pamamaraan

## Panimulang Gawain

### Pagganyak

Ipakita ang larawan ng mag-anak na sama-sama sa ibat-ibang gawain. Ipasabi kung ano ang ginagawa ng mag-anak. Hayaang ilarawan nila ang bawat mag-anak. Sabihing mayroon pang gawain ang mag-anak na kailangang gawin nang sama-sama at malalaman ito sa pagtalakay sa aralin.

### Panlinang na Gawain

### Paglalahad/Pagtatalakayan


1. Pangkatin ang klase sa apat na pangkat. Bigyan ng isang set ng mga titik ang bawat pangkat. Ipabuo ang salitang *badyet*.
   Tulungan ang mga bata sa pagbasa ng salitang nabuo. Itanong ang kahulugan nito. Sabihing sa aralin ay magkakaroon sila ng kaalaman tungkol dito.

2. Basahin ang kwentong "Sabay-sabay Sila."


**Sabay-sabay Sila**

Araw ng Linggo

Ang  na Sikat ay . Pagkatapos, pumunta sila sa isang 

at . Dumaan sila sa  at . Pagkaraan sila ay . Pagdating sa  tinawag sila ng  sa .

"Mga anak, may pag-uusapan tayo sandali," wika ng 

"Ano po iyon?" tanong ng  .

"May gagawin tayo," sabi ng  .

"Gagawa tayo ng badyet o talaan ng gastusin," paliwanag ng  .


Kailangang gawin natin ito nang sabay-sabay. Bibigyan ko kayo ng  .


Isulat ninyo rito ang mga bagay na pinagkakagastusan ninyo ng 


na ibinibigay na baon ng  sa inyo araw-araw. Ipakikita ko naman sa

inyo ang gastusin natin sa bawat araw. Pagkatapos, pagsasama-samahin natin ang lahat ng ito.

Makikita natin ang gastusin ng ating mag-anak," paliwanag ng  .

"Sa madaling salita, kung saan napupunta ang kinikita ng inyong  ," dagdag ng  .

Masayang gumawa ng badyet ang  . Sabay-sabay sila sa paggawa nito.

Bawat isang kasapi ng  ay nakilahok sa paggawa ng badyet.

**Pagsusuri**

Itanong:

- Ayon sa kwento, anu-anong gawain ang sabay-sabay na ginawa ng pamilya Sikat?
- Pagdating ng bahay, ano ang ginawa nila?
- Paano nila ito ginawa?
- Sa inyong mag-anak gumagawa rin ba kayo ng badyet?
- Paano ninyo ito isinasagawa?

## Pangwakas na Gawain

### Paghahalaw

1. Ipasagot sa mga bata:
   - Ano ang isang paraan ng paggawa ng badyet?
   - Paano ito maayos na maisasagawa?
   - Gaano kahalaga ang tulong ng bawat kasapi ng mag-anak sa gawaing ito?

2. Ipabuo ang paglalahat.

### Paglalapat

1. Ipakita ang mga larawan.
2. Ipapili ang larawan ng mga bagay na pinagkakagastusan ng mag-anak.
3. Paghambingin ang mga napili.
4. Itanong: Kung pagagawin kayo ng badyet ng inyong pamilya, sinu-sino ang gagawa nito at paano ninyo ito gagawin?

### Pagtataya

Lagyan ng tsek (✓) ang hanay na nagpapahayag ng iyong saloobin tungkol sa mga sumusunod:

| | Palagi | Hindi | Paminsan-minsan |
|---|---|---|---|
| 1. Gumagawa ng badyet ang aming mag-anak. | | | |
| 2. Bawat kasapi ay nakikilahok sa paggawa ng badyet. | | | |
| 3. Sabay-sabay naming ginagawa ito. | | | |
| 4. Bawat kasapi ay tumutulong sa pagsasagawa nito. | | | |
| 5. Malaki ang naitutulong ng mga kasapi ng mag-anak sa paghahanda at pagsasakatuparan ng badyet | | | |

## Takdang Aralin

Gumawa ng talaan ng gastusin mo araw-araw.

## Aralin 5 - Para sa Magandang Bukas

**Batayang Mensahe** : Magtipid para sa kinabukasan

**Batayang Pagpapahalaga** : Pangkabuhayan

**Kaugnay na Pagpapahalaga** : Saloobin sa Paggawa

**Bilang ng Araw ng Pagtalakay** : 2

## Mga Layunin

1. Naisasagawa ang gawain sa abot nang makakaya
2. Nasasabi ang kahalagahan ng pagtitipid

### Kagamitan

- Tsart ng Awit "Magtipid"
  Larawan ng: mga kasapi ng mag-anak, ibat-ibang gawain ng bawat kasapi
  – Nanay nagluluto

## Pamamaraan

### Panimulang Gawain

#### Pagganyak

Hatiin ang klase sa dalawang pangkat (A:B). Ibigay ang larawan ng mga kasapi sa Pangkat A- Gawain sa Pangkat B: Hayaang pagtapatin nila ang mga larawan ayon sa kasapi, katapat ang gawaing karaniwang isinasagawa ng kasaping nasa larawan. Hayaang isakilos ng mga bata ang mga gawaing ito.

## Panlinang na Gawain

### Paglalahad/Pagtatalakayan

1. Sabihin na sa aralin ay magkakaroon ng kaalaman tungkol sa iba pang gawain na maisasagawa sa abot ng makakaya. Itanong: Ano kaya ito?

2. Ipakita ang tsart ng awit na “Magtipid.” Awitin ito sa himig ng “Leron-Leron Sinta.”

   **Magtipid**

   Bata magtipid ka
   Buhay mo’y gaganda
   Pera’y mahalaga
   Ingat sa paggasta
   Bukas ay gaganda
   Buhay sasagana
   Bata, kaya mo ba?
   Magtipid lagi na.

   Muling awitin ang awit. Pagkatapos, ipaulit sa mga bata ang mga linya ng awitin.

3. Pag-usapan ang awit. Itanong:
   a. Tungkol saan ang awit?
   b. Ayon dito, ano ang mangyayari sa buhay kung magtitipid? sa bukas o kinabukasan?
   c. Sang-ayon ka ba sa mga iyon?
   d. Ano ang itinatanong sa awit?
   e. Ano ang iyong magiging sagot?
   f. Kaya mo bang magtipid? Paano?

## Pangwakas na Gawain

### Paghahalaw

1. Bukod sa mga gawain sa tahanan at sa paaralan, ano pang gawaing may kinalaman sa ikagaganda ng iyong buhay ang kaya mong gawin nang nag-iisa?

2. Nagtitipid ka ba? Bakit?

## Paglalahat

Batay sa napag-usapan tungkol sa aralin, ipabuo ang paglalahat sa pamamagitan ng pagsagot sa tanong: Para saan ang pagtitipid?

## Paglalapat

Ipasagot o ipabuo ang pangungusap (pasalita).

Magtipid para______________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

## Pagtataya

Lagyan ng tsek (✓) ang hanay na nagpapahayag ng iyong saloobin tungkol sa mga sumusunod:

| | Sang-ayon | Di Sang-ayon |
|---|---|---|
| 1. Ang pagtitipid ay isang gawaing magagawa natin sa abot ng ating makakaya. | | |
| 2. Kailangan nating magtipid para sa kinabukasan. | | |
| 3. Mahalaga ang pera kaya dapat maging maingat sa paggasta. | | |
| 4. Makakaipon kung magtitipid. | | |
| 5. Gaganda ang kinabukasan kung bibili nang bibili ng mga bagay na hindi kailangan. | | |

## Takdang Aralin

Gumuhit ng 5 bagay na dapat tipirin.

# Aralin 1 – Mamili Ka

**Batayang Mensahe** : Ang pagkilala (*awareness*) sa kaibahan ng gusto at kailangan ay nakatutulong sa wastong pagbabadyet

**Batayang Pagpapahalaga** : Katotohanan

**Kaugnay na Pagpapahalaga** : Mapanuring Pag-iisip

**Bilang ng Araw ng Pagtalakay** : 2

## Layunin

1. Natutukoy ang sariling gusto, kailangan/di-kailangan

### Kagamitan

- Mga larawan ng mga kagamitan ng bata na gusto, kailangan, at di-kailangan
- Dula-dulaan
- BEC-PELC 2.1 p. 2

## Pamamaraan

### Panimulang Gawain

1. Pagtukoy sa mga kagamitan kung gusto, kailangan, di-kailangan

## Panlinang na Gawain

1. Pagbasa ng dula-dulaan

**Mamili Ka**

Isang araw isinama ng nanay ang kanyang mga anak na sina Lala at Manolo upang mamasyal sa tiangge.

Nanay - Lala, Manolo maghanda na kayo at tayo'y mamasyal sa tiangge.

Lala - Opo, nanay magbibihis na po ako.

Manolo - Tatapusin ko lamang po ang ginagawa kong proyekto.

Nanay - Sige at hihintayin ko kayo. Mamimili na rin tayo ng ating kakainin sa loob ng dalawang araw.

**Sa Tiangge**

Nanay - Ingat kayo at baka kayo ay mawala.

Lala - Naku! Ang gaganda ng mga laruan. Gusto ko ang manika. Ang gandang tingnan kung lumalakad.

Manolo - Gusto ko rin ang mga laruang kotseng may *battery*.

Lala - Nanay, bilhin po natin ang mga laruang iyon. Manika para po sa akin at kotseng may *battery* naman para kay Kuya Manolo. Sige na po Nanay.

Nanay - Malapit na ang tanghalian, mga anak, kung bibilhin natin ang mga laruang iyan, magkukulang ang ating pambili ng pagkain para sa tanghalian. Ano ba ang dapat nating unahin? Mga laruan o pagkain natin?

2. Itanong:

a. Kung ikaw si Lala o si Manolo, alin ang pipiliin mo? Bakit?
b. Kung bibilhin ng Nanay ang mga laruan, ano kaya ang mararamdaman nina Lala at Manolo?
c. Ano naman ang hindi nila magagawa sa tanghali?
d. Ano ang mangyayari kung wala silang tanghalian?
e. Nakabubuti ba sa kalusugan ang pagliban ng isang kainan? Bakit?
f. Anong uri ba ng kagamitan ang dapat unahing bilhin? Bakit?

# Pangwakas na Gawain

## Paghahalaw

1. Gabayan ang mga bata sa pagtukoy sa mga bagay na kailangan, gusto at di-kailangan.

2. Alin sa mga sumusunod ang higit na kailangan? Bakit?

   gatas – *soft drink*
   tinapay – sitsirya
   uniporme – *shorts*
   pambili ng ulam – pambili ng bagong damit

## Paglalapat

1. Magpakita ng larawan ng mga gamit ng bata gaya ng nakatala sa ibaba.

   • bagong sapatos
   • bag na may gulong
   • bigas
   • kendi
   • sitsirya
   • *soft drink*
   • *bracelet*
   • gatas
   • ulam (isda/karne)

2. Ipatalakay sa mag-aaral kung ito ay kailangan, gusto, o kung kailangan, di kailangan. Pangatwiranan ito.

## Pagtataya

1. Ipasagot nang pasalita.
   Magbigay ng mga bagay na kailangan ng mga
   - mag-aaral
   - sanggol

2. Ilagay sa angkop na kolum ang bawat gamit o bagay na mayroon ka.

| Gusto | Kailangan | Di-Gaanong Kailangan |
|---|---|---|
| ______ | ______ | ______ |
| ______ | ______ | ______ |
| ______ | ______ | ______ |
| ______ | ______ | ______ |
| ______ | ______ | ______ |
| ______ | ______ | ______ |

## Takdang Aralin:

Itala ang inyong kailangan at di-gaanong kailangang gamit sa paaralan.

# Aralin 2 – Sino Ka sa Kanila

**Batayang Mensahe** : Maraming paraan upang makapagtipid (pagkilos sa takdang panahon)

**Batayang Pagpapahalaga** : Pangkabuhayan

**Kaugnay na Pagpapahalaga** : Pagtitipid

**Bilang ng Araw ng Pagtalakay** : 2

## Layunin

1. Naipakikita ang matalinong paggamit ng oras
2. Nasasabi na ang pagkilos sa tamang oras ay isang paraan upang makapagtipid

## Kagamitan

- Limang set ng larawan ng mga batang naghahanda sa pagpasok sa paaralan (pp. 156-158, Pilipino sa Ugali at Asal)
- PELC EP II 1.1 Pangkabuhayan, Pagtitipid

## Pamamaraan

## Panimulang Gawain

### Pagganyak


Anyayahan ang mga bata sa isang laro: "Ikaw ba ang Partner Ko?"

Mga Kailangan:

Apat na set ng limang magkakapares na *metacard*

| | |
|---|---|
| ilaw | nag-aaral |
| *shampoo* | buhok |
| sabon | tubig |
| gatas | asukal |
| lapis | papel |

1. Pangkatin sa apat ang klase.
2. Bigyan ang bawat pangkat ng isang set ng 5 magkapares na *metacard*.
3. Ipaalaala ang mga pamantayan sa maayos na paglalaro.
4. Ibigay ang mga alintuntunin sa paglalaro.
   a. Pag-aralan ang hawak na kard.
   b. Huwag ipakita sa kagrupo ang kard.
   c. Pagsigaw ng guro ng: "Hanapin ang partner ngayon na," hanapin ang partner na kaparis ng hawak mong kard.
   d. Ipakita ang *metacard* upang malaman na tama ang pagkakapares.



   e. Ang unang pangkat na lahat ay tama ang pagkakapares ang siyang panalo.

5. Bigyan ng 5 minuto ang magkapares na mag-aaral upang pag-usapan kung paano pahahalagahan ang magkapares na bagay, paano makatitipid...
6. Ulitin hanggang lahat ng bata ay makapaglaro.

**Panlinang na Gawain**

**Paglalahad**


1. Ipasuri ang mga larawan. Itanong: Sino ka sa kanila? Ikaw ba si Kathy o si Andrea?

2. Ipasalaysay ang mga gawain ni Kathy at ni Andrea. Bigyang-pansin ang oras ng kanilang paggawa.

3. Paghambingin ang kaganapan ng mga gawain sa bawat ipinakitang oras.

**Mga ginagawa nina:**

**KATHY** **ANDREA**



**Pagtatalakayan**
Itanong:

1. Anong oras nagigising si Andrea? si Kathy?
2. Anong oras na sa ikalawang pares ng larawan? Isalaysay ang gawain ni Andrea. Ni Kathy.
3. Sa oras na 6:45 ng umaga, sino sa dalawa ang handa na sa pagpasok sa paaralan? Bakit handa na sa pagpasok si Andrea? Bakit nahuli sa klase si Kathy?
4. Sino sa dalawang bata ang dapat tularan? Bakit?
5. Kung ikaw si Kathy, paano mo maiwasan ang pagiging huli?
6. Ano ang mabuting ibubunga kung ikaw ay kikilos nang tama sa oras?
7. Paano ka makapagtitipid sa laging pagkilos nang tama sa oras? Magbigay ng halimbawa.

## Pangwakas na Gawain

### Paghahalaw

Ganyakin ang mga bata sa pagbuo ng mensahe sa tulong ng mga tanong:

1. Ano ang kabutihan sa pagkilos nang tama sa oras?
2. Ano ang maaari mong matipid kung kikilos ka nang tama sa oras?
3. Ano ang masasabi mo tungkol sa pagtitipid? Sa paggasta ng pera lang ba makapagtitipid?
   Inaasahang sagot: “Maraming paraan upang makapagtipid.”

### Paglalapat

Lagyan ng tamang oras ang bawat gawain pagdating sa bahay o kung nasa bahay.

| Gawain | Nagsisimula | Natatapos |
|---|---|---|
| Pagtulong sa mga gawain tulad ng: | | |
| Pagdidilig ng halaman | | |
| Paghuhugas ng pinggan | | |
| Pakikinig ng balita | | |
| Pag-aaral ng leksiyon | | |
| Paglilinis ng sarili bago matulog | | |
| Paglalaro kung araw na walang pasok | | |

**Pagtataya**

1. Ipasagot nang pasalita: Paano makatitipid ng oras kung kikilos nang tama sa oras?

   Alin ang dapat unahing gawin?

2. Lagyan ng (✓) ang kolum kung gaano mo kadalas ginagawa ang sumusunod.

| Gawain | Lagi | Paminsan-minsan | Hindi Kailan Man |
|---|---|---|---|
| a. Ginagawa ang takdang-aralin bago maglaro | | | |
| b. Nag-aaral muna bago manood ng telebisyon | | | |
| c. Kung rises, naglalaro muna bago kumain | | | |
| d. Nakikipagkwentuhan muna bago maglinis ng bahay | | | |
| e. Inaayos ang higaan bago maligo | | | |

## Takdang Aralin:

Sumulat ng 3 gawaing ginagawa mo sa tamang oras upang ikaw ay makatipid.

## Aralin 3 – Mga Taong Huwaran, Dapat Tularan

**Batayang Mensahe** : Pahalagahan ang bawat perang kinikita

**Batayang Pagpapahalaga** : Pagmamahal at Kabutihan

**Kaugnay na Pagpapahalaga** : Katapatan/Integridad

**Bilang ng Araw ng Pagtalakay** : 2

## Layunin

1. Naisasagawa ang nararapat sa lahat ng pagkakataon (pagsasauli ng pera/ bagay na napulot)
2. Napahahalagahan ang perang kinita bilang gantimpala sa paggawa ng mabuti

### Kagamitan


Mga larawan, strips ng cartolinang may pangungusap tungkol sa larawan.
PELC EP II 1.1 Pagmamahal at Kabutihan

Larawan 1



Mga isusulat sa cartolina strips:
- Nakita ni Mang Romy ang isang *clutch bag*.
- Binuksan ang bag at may nakitang perang laman itong 1 at kalahating milyong piso.
- Ipinaalam ni Mang Romy ang nakita sa *Passenger Service Section*.
- Dumating ang may-ari, ibinalik sa kanya ang *clutch bag* na may lamang pera.
- Binigyan ng pera si Mang Romy ng may-ari bilang gantimpala.
- Binati ng mga opisyal ng airport si Mang Romy sa kanyang mabuting ginawa.
- Tumanggap si Mang Romy ng P50,000.00 galing sa Pangulo ng Pilipinas bilang gatimpala.


Larawan 2



Mga isusulat sa *cartolina strips*:

- Nakita ni G. Lance ang isang sobreng may lamang pera sa likurang upuan ng taksi
- Bumalik si G. Lance sa airport at hinanap ang pasaherong nakaiwan ng pera
- Ibinigay ni G. Lance ang pera sa may-ari (babae)
- Nagpasalamat ang may-ari kay G. Lance.
- Nakatanggap si G. Lance ng gantimpala na P150,000.00 mula sa mga opisyal ng Pamahalaang Lokal


Larawan 3



Mga isusulat sa cartolina strips:

- Nanawagan sa istasyon ng telebisyon upang matukoy ang may-ari ng pera
- Dumating ang taong may dala ng nahulog na sobre na may lamang pera.
- Binigyan ng P5,000.00 bilang gantimpala
- Binati ng mga taong may mataas na katungkulan ang mabait na bata.

Larawan 4



Mga isusulat sa cartolina strips:

- May nakitang plastic bag na may lamang pera (P104,000.00)
- Ibinalik ang plastik bag sa may-ari
- Binati ang traysikel drayber ng may-ari ng pera
- Binigyan ng gantimpalang P10,000.00 ang traysikel drayber.

## Pamamaraan

### Panimulang Gawain

Pagganyak.

Ganyakin ang mga mag-aaral sa pagkanta ng "Batang Uliran"

**Batang Uliran**
(Sa himig ng: Leron, Leron Sinta)

Ang batang si Norman
Ay batang uliran
Balik sa tindera
Sukling sobra-sobra
Bagay na napulot
Sa may-ari iaabot
'Sang batang matapat
Tularan siyang dapat.

## Panlinang na Gawain

1. Pangkatin ang klase sa apat. Bigyan ang bawat pangkat ng larawan na may kasamang *cartolina strips*. Ipaayos nang sunud-sunod ang mga pangungusap sa *cartolina strips* upang mabuo ang kuwento tungkol sa larawan. Hayaang magawa ito sa loob ng 5 minuto.

2. Ipaulat sa bawat pangkat ang nabuong kuwento tungkol sa mga larawan.

3. Itanong ang mga sumusunod pagkatapos ng pag-uulat.

    a. Tama ba ang ginawa ng diyanitor? Taxi drayber? Batang babae? Atbp.
    b. Sa palagay mo, ano ang naramdaman ng diyanitor sa pagsauli niya ng napulot na pera?
    c. Ano naman kaya ang naramdaman ng may-ari ng pera sa pagsauli sa kanya nito? Ano ang idinudulot nito sa may-ari ng perang napulot?

Inaasahang sagot:

Nakadarama ng kasiyahan dahil mailalaan pa rin ang perang naibalik sa dapat nitong pagkagastusan tulad ng pagbabayad ng utang, pansweldo, o iba pang badget niya sa gastusin.

    d. Ganun din ba ang iyong gagawin kung ikaw ay may napulot na pera o bagay?
    e. Kung gagantimpalaan ka ng pera dahil sa pagsauli ng napulot mo, tatanggapin mo ba ito?
    f. Paano mo ito gagamitin?
    g. Maliban sa gantimpalang pera, ano pa ang ibang paraang ginagawa bilang pasasalamat sa taong nagbalik ng napulot?

Inaasahang sagot:
- Natataas ang posisyon sa trabaho
- Nakatatanggap ng pera
- Nabibigyan ng pagkakataong makapagtrabaho
- Nakapagsisimula ng negosyo sa perang natanggap

## Pangwakas na Gawain

### Paghahalaw

Ganyakin ang mga bata sa pagbuo ng mensahe sa tulong ng mga tanong. Kung ikaw ay tumanggap ng pera bilang gantimpala sa pagsauli ng perang napulot, paano mo ito gagastahin? Uubusin mo ba itong lahat?

## Paglalapat

Magbigay ng kalutasan sa mga sumusunod na sitwasyon.

1. Nakapulot ka ng payong sa kantina. Hindi mo kilala ang may-ari nito. Ano ang gagawin mo?
2. Pera ang ibinigay sa iyo na gantimpala ng may-ari ng perang napulot mo. Paano mo ito gagastusin?
3. Napulot mo ang pitakang may perang malaki ang halaga. Hindi mo kilala ang may-ari nito. Ano ang gagawin mo? Saan ka pupunta upang ipaalam ito?

## Pagtataya

1. Saan maaaring ilaan ang perang gantimpala sa kabutihan ng isang tao. Pangatwiranan.
2. Lagyan ng tsek (✓) ang kolum ng pangyayaring angkop sa iyo.

| Sitwasyon | Nangyari | Di-Nangyari |
|---|---|---|
| 1. Naisauli sa may-ari ang napulot na panyo | | |
| 2. Naibalik sa tindera ang sobrang sukli | | |
| 3. Ibinalik sa magulang ang sumobrang baong pera | | |
| 4. Ibinigay sa may-ari ang napulot na pitakang may pera | | |
| 5. Natutuwa kung nakagawa nang mabuti sa kapwa. | | |

## Takdang Aralin:

Ano ang gagawin mo sa mga napulot mong bagay o pera sa loob ng silid-aralan?

# Aralin 4 – Mabilis Ngunit Maingat

**Batayang Mensahe** : Maraming paraan upang makapagtipid

**Batayang Pagpapahalaga** : Pangkabuhayan

**Kaugnay na Pagpapahalaga** : Saloobin sa Paggawa

**Bilang ng Araw ng Pagtalakay** : 2

## Mga Layunin

1. Naisasagawa ang gawain sa paaralan sa abot ng makakaya (tinatapos ang gawain sa takdang panahon)
2. Nasasabi ang kahalagahan nang maingat na paggawa at pagtapos ng gawain sa takdang oras

### Mga Kagamitan

- mga istrip ng cartolina (6 na pulgadang haba)
- makukulay na larawan na ginupit-gupit
- makapal na sinulid
- pandikit
- *puncher*
- gunting
- panukat

## Pamamaraan

### Panimulang Gawain

#### Pagganyak

1. Ipalabas ang mga aklat ng mga bata. Pag-usapan ang mga paraan sa pagtanda ng binasang pahina.
2. Magpakita ng isang *bookmark*.

Sabihin: Gagawa tayo ngayon ng isang *bookmark*.

## Panlinang na Gawain

1. Ipamahagi ang mga kagamitan sa paggawa ng *bookmark*.
2. Sabihin at ipakita ang mga hakbang sa paggawa nito.
3. Ibigay din ang mga pamantayan sa paggawa.
4. Hayaang gawin ng mga bata ang *bookmark* sa loob ng 20 minuto.
5. Ipapaskil ang mga nagawang *bookmark*.

   Itanong: Sinu-sino ang nakatapos sa paggawa ng *bookmark*? Ang hindi nakatapos? Sa mga hindi nakatapos ipagpatuloy ang paggawa sa bahay at ipakita ito sa susunod na araw ng pagpasok.

   Itanong: sa mga nakatapos.

   1. Ilang *strips* ng kartolina ang nagamit?
   2. Kung isang putol ng kartolina ang nagamit, ano ang kabutihang natamo rito? (Inaasahang sagot: May natipid na gamit)
   3. Kung dalawa o mahigit pang putol ng kartolina ang nagamit, nakatipid ka ba?
   4. Kailan mo natapos ang paggawa ng *bookmark*?
   5. Kung maaga mong natapos ang paggawa, anong kabutihan ang iyong nakuha? (Inaasahang sagot: Nakatipid ng oras sa paggawa)
   6. Ano ang nakatulong upang matapos mo ang *bookmark* sa takdang oras?
   7. Ano ang naramdaman mo nang matapos mo ang paggawa ng bookmark sa takdang panahon? Nang hindi mo natapos? Sa mga susunod na katulad na gawain, ano ang dapat isaisip?
   8. Sa mga hindi nakatapos sa takdang oras ano ang naging hadlang? Sa mga susunod na katulad na gawain, ano ang dapat gawin?

## Pangwakas na Gawain

### Paghahalaw


Tulungan ang mga bata na mabuo ang mensahe sa pamamagitan ng mga tanong.

1. Anu-ano ang natipid sa ginawang *bookmark*?
2. Anong mabuting ugali ang ipinakita sa gawain?

**Paglalapat**


Iguhit ang masayang mukha ☺ kung kayang gawin, malungkot na mukha ☹ kung di-kayang gawin. Lagyan ng bilang ng araw sa aktwal na paggawa. Sagutin ang kasunod na tanong.

_____ 1.




Bilang ng araw ng paggawa: 2
Aktwal na bilang ng araw ng paggawa: ___
May natipid ka ba? ___
Ano ito? ___

_____ 2.




Bilang ng araw ng paggawa: 2
Aktwal na bilang ng araw ng paggawa: ___
May natipid ka ba? ___
Ano ito? ___

_____ 3.




Bilang ng araw ng paggawa: 3
Aktwal na bilang ng araw ng paggawa: ___
May natipid ka ba? ___
Ano ito? ___

_____ 4.



Bilang ng araw ng paggawa: 4
Aktwal na bilang ng araw ng paggawa: ___
May natipid ka ba? ___
Ano ito? ___



______ 5.

Bilang ng araw ng paggawa: 1
Aktuwal na bilang ng araw ng paggawa: ___
May natipid ka ba? ___
Ano ito? ___

**Pagtataya**

A. Pagtataya na Pasalita: Kung maingat ka sa paggawa at natapos mo ang gawain nang maaga, anu-ano ang natipid mo?

B. Balikan ang nakaraang gawain. Lagyan ng tsek (✓) kung nagawa o hindi ang isinasaad:

| Gawain | Nagawa | Di Nagawa |
|---|---|---|
| 1. Nakinig sa guro sa ibinigay na mga hakbang sa paggawa. | | |
| 2. Gumamit ng kagamitan ayon sa itinakda. | | |
| 3. Nagdagdag ng oras sa pagtapos ng gawain. | | |
| 4. Nangailangan ng dagdag na kagamitan. | | |
| 5. Nagtatanong sa guro habang gumagawa | | |

## Takdang Aralin:

Ikaw ang maghugas ng plato pagkatapos ng hapunan.
Ano ang gagawin mo sa paghuhugas ng plato upang makapagtipid?

# Aralin 5 – Barya Mahalaga

| | |
|---|---|
| **Batayang Mensahe** | : Ang barya ay mahalaga lalo na kung pagsasamahin |
| **Batayang Pagpapahalaga** | : Pangkabuhayan |
| **Kaugnay na Pagpapahalaga** | : Saloobin sa Paggawa |
| **Bilang ng Araw ng Pagtalakay** | : 1 |

## Layunin

1. Naisasagawa ang gawain sa paaralan nang may kaunting tulong/ pangangasiwa

## Kagamitan

- Kuwento – Barya Mahalaga, Programa: Tulong Barya Para sa Eskwela
- BEC-PELC 1.2 p. 19

## Pamamaraan

## Panimulang Gawain

### Pagganyak

1. Ganyakin ang mga bata sa isang tula na may pamagat na “Barya”

**Barya**

May dumalaw sa paaralan
Tauhan ng Bangko Sentral
At ang bilin sa mag-aaral
Nagkalat na barya’y ingatan.
Kapag itong barya’y pinagsama-sama
Ito’y magiging mahalaga
Paaralang nangangailangan
Tiyak na matutulungan.

2. Itanong

- Ano ang mensahing ipinahihiwatig ng tula?
- Mahalaga ba ang barya? Bakit?

## Panlinang na Gawain

1. Pakikinig sa kuwento



**Barya Mahalaga**

Sa isang barangay sa bayan ng Nueva Ecija may nakatirang isang mag-anak. Nakagawian nila na mag-impok ng barya (*coins*). Si Aling Maria ay naniniwala na darating ang panahong magagamit ang mga baryang iyon sa isang maayos na pamamaraan.

Isang hapon ang anak niyang si Arnel na nasa ikalawang baitang ay dumating at nagbalita sa nanay. “Nanay alam ba ninyo na may naging bisita kami sa paaralan?” Ipinaliwanag niya ang kahalagahan ng pagbabahagi ng barya. “Pag naipon ito maraming matutulungang mga paaralang nasa liblib na lugar.”

“Maganda pala”, ang sagot ng Tatay. “Ibigay natin kay Arnel ang mga naipon nating barya upang maibahagi sa programang ‘Tulong Barya Para sa Eskwela.’” dugtong ng Tatay.

“Sige”, sabi ng Nanay, “Heto Arnel dalhin mo ang mga naipon nating barya. Lapitan mo rin ang iyong tito at tita. Alam ko mayroon din silang mga barya.”

“Salamat po, Tatay, Nanay. Dadalhin ko na po ito sa aking guro,” sagot ni Arnel.

2. Itanong

a. Kung ikaw si Arnel, gagawin mo ba ang ginawa niya? Bakit?
b. Ano pa ang maaaring magawa ng programang “Tulong Barya Para sa Eskwela.”
c. Ano kaya ang mangyayari kung ang lahat ng bata ay tulad ni Arnel?

## Pangwakas na Gawain

### Paglalahat

1. Gabayan ang bata sa pagbibigay ng mga gawaing maaaring maisagawa ng mga mag-aaral na makatutulong sa pangangailangan ng iba.

2. Anu-anong mga proyekto ang maaaring maitulong ng programang “Tulong Barya Para sa Eskwela?”

### Paglalapat

1. Magpakita ng mga larawan ng batang nagsasagawa ng mga gawain sa paaralan na hindi na gaanong pinangangasiwaan ng guro tulad ng mga sumusunod:
   - pagdidilig ng mga halaman
   - pagtatapon ng basura
   - paglilinis ng silid aralan

2. Ipatalakay kung ano ang kabutihang dulot ng bawat isa.

### Pagtataya

1. Sagutin ang sitwasyon. Lagyan ng tsek (✓) ang piniling sagot at ibigay ang dahilan.

Si Rosa ay naataasan ng kanyang guro na mangalap ng barya sa kanyang mga kaibigan. Marami siyang mga kamag-aral na maaaring lapitan ngunit siya'y nahihiya. Kung ikaw si Rosa ano ang iyong gagawin?

Susunod ________________ Di susunod ____________________

Dahilan

_____________________________________________________________

_____________________________________________________________

_____________________________________________________________

_____________________________________________________________

**Takdang Aralin:**

Maglista ng tatlong gawain sa paaralan na makakatulong sa pag-angat ng kabuhayan.

# Aralin 1: Maglinis nang Makatipid (Unang Bahagi)

**Batayang Mensahe** : Maagang simulan ang pagtitipid upang may magasta sa kinabukasan

**Batayang Pagpapahalaga** : Pangkabuhayan

**Kaugnay na Pagpapahalaga** : Pagtitipid

**Bilang ng Araw ng Pagtalakay** : 1

## Layunin

1. Naipakikita ang wastong paggamit at pangangalaga sa mga materyales at kagamitan
2. Nalilinis ang anumang materyales/kasangkapan at kagamitan pagkatapos gamitin

### Kagamitan

- Tsart kung saan nakasulat ang dayalogo, tunay o larawan ng mga baso, kubyertos, kaldero, kawali, pinggan, basahan, at iba pang gamit sa bahay

## Pamamaraan

### Panimulang Gawain

#### Pagganyak

1. Tanungin ang mga bata:

    a. Tanungin kung ano ang mga bagay na ginagamit sa pagluluto at mga gamit sa bahay? (Isulat ang mga sagot sa pisara.)
    b. Matagal na ba ang inyong mga gamit? Bakit?
    c. Ano ang ginagawa ng inyong nanay upang ito ay tumagal?
    d. Sa palagay ninyo, makatitipid ba ang nanay nyo o ang pamilya kapag nalilinis ang mga gamit pagkatapos gamitin?

## Panlinang na Gawain

### Paglalahad


Ipabasa ang dayalogo na nakasulat sa tsart.

Dayalogo

Joel: Ramon, bakit mo ba nililinis kaagad ang kaldero at kawali na ginamit natin sa eskwela kanina? Iwanan mo muna iyan at naghihintay na ang mga kalaro natin.

Ramon: Kailangang linisin agad ang mga gamit na ito para maitago na at may magamit uli.

Joel: Kung sabagay, tama ka, Ramon. Sa ganyang paraan, hindi agad masisira ang kasangkapan. Hindi na bibili palagi ang ating mga nanay. Makatitipid pa tayo. Tulungan na nga kita nang matapos agad.



## Pagtatalakayan

1. Tanungin ang mga bata tungkol sa dayalogo.
   a. Ano ang pangalan ng dalawang batang nag-uusap?
   b. Ano ang itinanong ni Joel sa kaklaseng si Ramon?
   c. Ano ang isinagot ni Ramon?
   d. Sa inyong palagay, tama ba ang ipinaliwanag ni Ramon kay Joel? Bakit?
   e. Kung kayo ang nasa kalagayan ni Ramon, lilinisin n'yo rin ba agad ang ginamit na kawali at kaldero? Bakit?
   f. Ang pagtitipid ba ay dapat simulan habang bata pa? Bakit?

# Pangwakas na Gawain

## Paghahalaw

Tanungin ang mga bata:

1. Ano ang dapat gawin sa mga kagamitan pagkatapos gamitin?
2. Ano ang kabutihang dulot nito?
3. Dapat ba kayong magtipid habang kayo ay bata pa? Bakit?

## Paglalapat

A. Hatiin ang klase sa apat na grupo.
Hulaan kung anong titik ng alpabeto ang mga bilang at isulat ang mensahe. Ang unang pangkat na makabuo ng mensahe ang panalo.

| | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| A | B | C | D | E | F | G | H | I | J | K | L | M | N |
| 1 | 2 | 3 | 4 | 5 | 6 | 7 | 8 | 9 | 10 | 11 | 12 | 13 | 14 |
| N | NG | O | P | Q | R | S | T | U | V | W | X | Y | Z |
| 15 | 16 | 17 | 18 | 19 | 20 | 21 | 22 | 23 | 24 | 25 | 26 | 27 | 28 |

Mensahe

| | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 12 | 9 | 14 | 9 | 21 | 9 | 14 | | 1 | 7 | 1 | 4 | | 1 | 14 | 7 |
| L | I | N | I | S | I | N | | A | G | A | D | | A | N | G |

| | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 11 | 7 | 1 | | 7 | 1 | 13 | 9 | 22 | | 23 | 18 | 1 | 14 | 7 |
| M | G | A | | G | A | M | I | T | | U | P | A | N | G |

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 13 | 1 | 11 | 1 | 22 | 9 | 18 | 9 | 4 |
| M | A | K | A | T | I | P | I | D |

B. Ang sumusunod na gawain ay maaaring ipakitang-galaw ng ilang mga bata sa klase.


Panuto: Sabihin sa katabi ang salitang "**Ok – Simula ng pagtitipid 'yan**" kung ang ipinakitang aksyon ay wastong paggamit at pangangalaga ng mga kasangkapan o kagamitan at "**Hindi ok – Magastos 'yan**" kung ang aksyon ay hindi tama.


Mga Ipakikitang Aksyon:

1. Paghuhugas at pagpupunas ng mga baso at kubyertos para itago sa lalagyan
2. Paggamit ng sabong mabango sa paglalaba ng mga damit
3. Paggamit ng basahan sa pagpupunas ng mga bintana at pagkatapos ay lalabhan at isasampay nang maayos

## Pagtataya

A. Hatiin ang klase sa tatlong pangkat. Bigyan ang bawat pangkat ng isa sa mga larawang makikita sa ibaba.





Mga dapat gawin:

1. Pag-usapan kung paano pangangalagaan at gagamitin nang wasto ang ibinigay na kasangkapan o kagamitan.

2. Maghanda ng isang *role play* na nagpapakita ng wastong paggamit at pangangalaga sa mga kasangkapan o kagamitan na nasa larawang ibinigay sa inyong pangkat.

3. Pagkatapos maghanda, bibigyan ng 5-8 minuto ang bawat pangkat para magpakitang-gilas

Ipaalala ang panuntunan sa wastong pagro-role play.

B. Isulat ang DEAL kung pangangalaga ng kagamitan ang ilalahad at NO DEAL kung hindi naman pangangalaga ng kagamitan.

   1. Hayaang tumigas ang mantika sa kawali.
   2. Pakuluan ng tubig ang matigas na tutong sa kaldero.
   3. Punasan ang mga kubyertos bago itago.
   4. Palitan ang kurtina sa loob ng dalawang linggo para di umitim.
   5. Ilagay ang mga kagamitan sa tamang lalagyan.

## Takdang Aralin

Maglista ng mga bagay na madalas ninyong gamitin. Isipin kung paano dapat iligpit ang mga ito pagkatapos gamitin.

# Aralin 2: Pagtitipid ang Style Ko

| | | |
|---|---|---|
| **Batayang Mensahe** | : | Maraming paraan upang makapagtipid |
| **Batayang Pagpapahalaga** | : | Pangkabuhayan |
| **Kaugnay na Pagpapahalaga** | : | Pagtitipid |
| **Bilang ng Araw ng Pagtalakay** | : | 2 |

## Layunin

1. Nagagamit ang angkop na kasangkapan at kagamitan ayon sa pangangailangan
2. Napapahalagahan ang iba pang paraan ng pagtitipid

### Kagamitan

- Larawan ng iba't ibang kasangkapan katulad ng refrigerator, telebisyon, electric fan, *gas stove*, upuan, mesa, kama
- Mga tunay na bagay tulad ng papel, lapis, bag, sapatos, uniporme, krayola, sabong panligo, *shampoo*
- Mga *metacard* ng:


| | |
|---|---|
| Di-angkop | Angkop |
| Di-pagtitipid | Pagtitipid |

## Pamamaraan

### Panimulang Gawain

#### Pagganyak

1. Idikit ang iba't ibang larawan ng mga kasangkapan sa pisara. Bigyan ng pagkakataon ang mga bata na kilalanin ang mga larawan.



2. Tanungin ang mga bata:
   a. Sino sa inyo ang may kasangkapan na katulad ng nasa larawan?
   b. Sa inyong palagay, bakit bumili ang inyong mga magulang ng mga kasangkapang ito?

3. Pagkatapos sagutin ang mga tanong, magpakita naman ng mga kagamitan tulad ng papel, damit, sapatos, lapis, bag, uniporme, krayola, sabong panligo, at *shampoo*.

4. Tanungin ang mga bata:
   a. Sino ang karaniwang gumagamit ng mga kagamitang ito?
   b. Bakit kaya binili ng inyong magulang ang mga kagamitan ito?

## Panlinang na Gawain

### Paglalahad

1. Hatiin ang klase sa tatlong pangkat. Bigyan ang bawat pangkat ng takdang gawain na nakasulat sa metakard.

**Unang Grupo**

Sitwasyon: Katatapos lamang ng palistahan/enrollment.
Malapit na naman ang pasukan.

Gawin:
1. Pag-usapan sa inyong pangkat kung anong kagamitan ang dapat ihanda sa pagpasok sa paaralan.
2. Gumawa ng listahan ng mga kagamitang ito.

**Ikalawang Grupo**

Sitwasyon: Kaarawan ng bunso mong kapatid sa darating na Sabado. Napagkasunduan ng inyong pamilya na magkaroon nang munting salu-salo.

Gawin:
1. Ilista ang mga kagamitan na inyong kailangan para sa salu-salo.
2. Mag-isip ng mga paraan kung paano makakalikom ng mga kagamitang kailangan nang di na gumagasta pa ng pera.

**Ikatlong Grupo**

Sitwasyon: Ipinahayag ng pinuno ng paaralang pinapasukan ninyo na magsisimula na ang "Brigada Eskwela" sa darating na Lunes. Ang inyong pangkat ay naatasang magdala ng mga kagamitan para sa pagkukumpuni ng mga silid-aralan

Gawin:
1. Ilista ang mga kagamitan na inyong kailangan para sa proyektong ito.
2. Mag-isip ng mga paraan kung paano makakalikom ng mga kagamitang kailangan nang di gumasta pa ng pera.

2. Ipapaskil sa pisara ang ginawa ng bawat pangkat.

## Pagsusuri

1. Ano ang naramdaman ninyo habang kayo ay nag-uusap-usap sa inyong mga gagawin?

2. Tingnan nating muli ang mga sagot ng inyong pangkat.

   a. Alin sa mga kasagutan sa unang sitwasyon ang higit na kailangan? (Ulitin ang katanungang ito para sa ikalawa at ikatlong sitwasyon)

   b. Sa inyong palagay, makatitipid ba tayo kung gagamit ng mga kasangkapan at kagamitan na tama lamang sa ating pangangailangan? Bakit?


   c. Magbigay ng iba pang paraan ng pagtitipid.

## Pangwakas na Gawain

### Paghahalaw

Patnubayan ang mga bata na masabi na ang paggamit ng angkop na kasangkapan at kagamitan ayon sa pangangailangan ay isang paraan upang makatipid

### Paglalapat




1. Magpakita ng larawan ng lapis at papel, krayola, bag, uniporme, sabong panligo, *shampoo*, payong, *electric fan*, radyo.

2. Panuto: Piliin ang naaangkop na kasangkapan o kagamitan para sa mga sumusunod na sitwasyon:

   a. Pagpapaganda ng isang larawan na iyong iginuhit.
   b. Paghahanda para sa darating na pasukan.
   c. Naatasan kang magbalita ng mga pangyayari sa ating bansa.

d. Bakasyon na naman. Siguradong napakainit ng panahon.
e. Panahon na ng pagsusulit. Kailangang ihanda ang mga kagamitan.

**Pagtataya**




A. Ipamahagi ang mga *metacard*. Siguraduhing may metakard ang bawat bata.

Isa-isang ilahad ang mga sitwasyon. Sabihin: Itaas ang metakard na ANGKOP KUNG tama ang kasangkapan o kagamitang babanggitin, DI-ANGKOP kung maling kasangkapan o kagamitan.

1. Gumamit ang nanay ng matibay at murang basket para sa pamamalengke.

2. Maglalaba ng uniporme si Flor. Gagamitin niya ang maliit na palanggana.

3. Pupunta si Gary sa dagat para maligo. Nagsuot siya ng lumang t-shirt at shorts na gagamiting panligo.

4. Bumili ang aking ina ng baunan dahil palagi akong nagbabaon ng pananghalian.

5. Pasukan na naman. Inihanda ko ang aking uniporme para gamiting pamasok sa araw-araw.

B. Kumpletuhin ang mga pangungusap.

1. Hugasan ang mga boteng pinaglagyan ng palaman upang
   ______________________________________________.

2. Tinitipid ko ang baon kong pera para
   ______________________________________________.

3. Iniipon ko ang tubig na pinagbanlawan nang nilabhang mga damit dahil
   ______________________________________________.

4. Malapit ang bahay namin sa paaralan. Naglalakad lamang ako pagpasok para
   ______________________________________________.

5. Isinasara ko kaagad ang radyo kapag
   ______________________________________________.

# Aralin 3: Salapi, Lawaran ng Ating Yamang-lahi

**Batayang Mensahe** : Ingatan ang ating salapi na larawan ng ating yamang-lahi

**Batayang Pagpapahalaga** : Katotohanan

**Kaugnay na Pagpapahalaga** : Katotohanan at Pagpaparaya

**Bilang ng Araw ng Pagtalakay** : 3-4

## Layunin

1. Napahahalagahan ang mga pinagkukunan ng mga kaalaman/impormasyon
   - Museo (Bangko Sentral ng Pilipinas)

2. Naiingatan ang mga salaping ginagamit sa kasalukuyan

### Kagamitan

- Tunay na perang papel o barya (gumamit ng larawan ng mga ito kung kinakailangan), mga karton o kartolina, tsart, larawan ng Museo ng Bangko Sentral ng Pilipinas

- BEC-PELC # 2.1

## Pamamaraan

### Panimulang Gawain

#### Pagganyak

1. Magpakita ng luma at bagong pera, papel man o barya, na may iba't ibang denominasyon. (Gumamit ng mga larawan kung walang makitang tunay na halimbawa). Hayaang obserbahan ng mga bata ang mga salaping ipinakita.

2. Tanungin ang mga bata:
   a. Ano ang napansin ninyo sa mga luma at bagong perang papel at barya?
   b. Sinu-sinong bayani ang makikita sa mga perang ito?

c. Sa inyong palagay, kailan kaya nagsimulang magkaroon ng perang papel at barya?
d. Saang museo kaya natin maaaring makita o malaman kung paano nagsimula ang pera o salapi dito sa ating bansa?


## Panlinang na Gawain

### Paglalahad

1. Ipakita ang iginuhit na larawan ng Museo ng Bangko Sentral ng Pilipinas.

   Itanong: Ano kaya ang makikita sa Museo?

   (Bago simulan ang gawaing ito, siguraduhing nakapaskil na ang sumusunod na mga impormasyon na nakasulat sa kartolina at tsart sa iba't ibang bahagi ng silid-aralan. Tingnan ang plano sa ibaba para sa ayos ng mga ito.)




2. Atasan ang dalawang mag-aaral na maging tagapagsalita habang umiikot ang ibang mga bata sa silid-aralan.

3. Ang mga impormasyong ito ang dapat isulat sa luma at malinis na karton o kartolina at tsart. Ito rin ang babasahin ng mga batang tagapagsalita habang umiikot sa loob ng silid-aralan.

## Museo ng Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP)

### Ang kwento ng salapi

Sa museong ito ay matutuklasan ninyo ang kwento ng salapi o pera na nagsimula pa noong unang pangangalakal sa Pilipinas hanggang sa kasalukuyan. Dito rin natin matatagpuan ang ibat-ibang uri ng pera na ginamit bago pa man dumating ang mga Kastila.
(Bibigkasin ng batang tagapagsalita ang mga talatang ito bago umikot sa silid-aralan.)

### Panahon bago dumating ang mga Kastila

Ayon sa mga mananaliksik, ang ginamit ng mga Pilipino sa pakikipagpalitan ng mga produkto sa mga Intsik ay ginto, perlas, mga halamang gamut, at iba pa.

### Panahon ng Kastila

Sa panahong ito, nagkaroon na ng produksyon ng mga baryang tanso na tinawag nilang *barilla* noong taong 1728. Sa panahon ding ito ginawa ang kauna-unahang gintong barya na may nakaukit na “Filipinas.”

### Panahon ng Himagsikan

Sa panahong ito nagsimula ang Rebolusyon sa Pilipinas sa pamumuno ni Andres Bonifacio. Sa panahon ding ito hinirang si Heneral Emilio Aguinaldo bilang Pangulo ng Unang Republika ng Pilipinas kung saan ang 2-sentimong baryang tanso ay ginawa sa taguan ng armas ng mga sundalo sa Malolos. Ang mga baryang ito ay itinuring na pinakatatanging koleksyon nang mga panahong yaon. May mga perang papel din na nagawa ngunit kaunti lamang ito.

**Panahon ng Amerikano**

Nang ang Pilipinas ay pinamunuan ng mga Amerikano noong 1901, ipinahintulot ng Kongreso ng Amerika na buksang muli ang Manila Mint, ang pagawaan ng barya, upang makagawa ng baryang pilak *(silver coins)* dito sa ating bansa. Ito rin ang naging tanggapan ng Bangko Sentral ng Pilipinas nang itinatag nuong 1949.

**Ikalawang Taon ng Digmaang Pandaigdigan**

Sa panahon ng pananakop ng mga Hapones mula 1941–1944, may dalawang uri ng perang papel ang ipinagamit. Ito ay ang perang papel na ipinalabas ng Pamahalaang Hapon at pera ng mga Pilipinong gerilya.

**Panahon ng Republika**

Sa panahong ito ginawa ang mga perang papel at barya na may ibat-ibang disenyo. May mga disenyo ng larawan ng mga bayani, naging pinuno ng ating bansa, at mga hayop at halaman na may kaugnayan sa kasaysayan ng ating bansa. Makikita rin dito ang tatak ng Bangko Sentral ng Pilipinas.

Sa Museo ring ito malalaman kung paano matutukoy ang mga tunay na pera laban sa mga pekeng pera na nagagamit.

**Mga Karadagadang Impormasyon**

Sa bahaging ito ng museo ay matatagpuan ang perang papel na nagkakahalaga ng isang daang libong piso (P100,000.00). Ito ay halos kasinlaki ng isang pirasong *yellow pad paper*. Itinuring ito ng *Guiness Book of Records* bilang pinakamalaking legal na perang papel sa buong mundo.

Papilahin ang mga bata sa labas ng silid-aralan at paalalahanan ng mga dapat gawin na para bang papasok sa Museo ng Bangko Sentral ng Pilipinas.

### Pagtatalakayan

Itanong:
1. Ano ang naramdaman ninyo habang nakikinig sa paliwanag ng tagapagsalita?
2. Anu-ano ang natuklasan ninyo tungkol sa salapi ng ating bansa?
3. Masaya ba kayo at nalaman ninyo ang mga impormasyong ito? Bakit?
4. Bilang isang mag-aaral, paano mo iingatan ang ating salapi?
5. Sa inyong palagay, dapat bang pahalagahan ang Museo ng Bangko Sentral ng Pilipinas? Bakit?

## Pangwakas na Gawain

### Paglalahat

Patnubayan ang mga bata sa pagsasabi na dapat pahalagahan ang mga pinagkukunan ng mga kaalaman o impormasyon katulad ng Museo ng Bangko Sentral ng Pilipinas dahil dito nakatago ang mga salaping may kaugnayan sa ating yamang-lahi.

### Paglalapat

1. Muling pag-usapan kasama ng mga bata ang mahahalagang impormasyon na kanilang nalaman tungkol sa ating salapi.

2. Itanong: Ano ang iyong gagawin kapag nakakita ka ng perang barya na nakakalat sa kalye? Bakit?

### Pagtataya

A. Isa-isang ilahad ang mga sitwasyon. Iguhit ang mukhang nakangiti ☺ kung pag-iingat ng salapi ang ipinakikita at malungkot na mukha ☹ kung mali naman.

    1. Paglalamukos ng perang papel para ibato sa kapwa.
    2. Paglalaro ng kara krus.
    3. Gawing pamato ang perang barya sa paglalaro ng piko.
    4. Pagbilot sa perang papel na parang sigarilyo.
    5. Pagsusulat sa mga perang papel.

B. Lagyan ng tsek (✓) ang mga sitwasyong nagpapakita ng pagpapahalaga sa museo at (x) kung hindi.

______ 1. Pag-iingay sa loob ng museo.

______ 2. Pagkain at pagtapon ng kalat saan mang bahagi ng museo.

______ 3. Gawing palaruan o maglaro sa loob ng museo.

______ 4. Pagsunod sa mga patakaran ng museo.

______ 5. Pakikinig at pagtatanong sa mga impormasyong nais maliwanagan.

# Aralin 4: Bata, Magtipid na Ngayon

| | |
|---|---|
| **Batayang Mensahe** | : Kapag ang pagtitipid ay nasa isipan at damdamin ng mga bata, inaasahang may pag-unlad sa hinaharap |
| **Batayang Pagpapahalaga** | : Pagkamakabansa |
| **Kaugnay na Pagpapahalaga** | : Pambansang Pagkakakilanlan at Pagmamalaki |
| **Bilang ng Araw ng Pagtalakay** | : 1-2 |

## Layunin

1. Naipagpapatuloy ang magagandang kaugaliang Pilipino katulad ng pagtitipid
2. Naisasagawa ang pagtitipid para umunlad sa hinaharap

## Kagamitan


- Mga larawang nagpapakita ng ibat-ibang kaugaliang Pilipino; awit na nakasulat sa tsart


## Pamamaraan

### Panimulang Gawain

#### Pagganyak

1. Sabihin: Pagmasdan ang mga larawan.





2. Itanong ang mga sumusunod:

   a. Ano ang ipinakikita sa mga larawan?
   b. Sino sa inyo ang patuloy na ginagawa ang mga kaugaliang Pilipino na ipinakita?
   c. Alin sa mga larawan ang nagpapakita ng kaugalian sa pagtitipid?
   d. Sa inyong palagay, bakit kailangang ipagpatuloy ang ugaling pagtitipid?

## Panlinang na Gawain

### Paglalahad

A. Ipakanta ang awiting inihanda sa tono ng "Ako'y Isang Pinoy."

I

Ako'y batang Pinoy
Sa puso't diwa
Ako'y marunong magtipid
Para sa sarili't kapwa

II

Ito'y isang kaugalian
Namana sa matatanda
Aking ipagpapatuloy 'to
Para makatulong sa bansa

*Refrain:*
Pagtitipid, isapuso't isaisip
Dapat natin 'tong tandaan
Tiyak buhay ay gagaan

III

Kaya kung ako sa 'yo
Magtipid katulad ko
Sigurado na ang pag-unlad
Buhay mo sa hinaharap.

(Ulitin ang *Refrain* hanggang sa ikatlong saknong.)

### Pagtatalakayan

Itanong ang mga sumusunod:

1. Ano ang naramdaman mo habang umaawit?
2. Anong kaugalian mayroon ang batang nabanggit sa awitin?
3. Saan daw natutunan ng bata ang kaugaliang pagtitipid?
4. Nais din ba ninyong maging matipid tulad ng bata sa awitin? Bakit?
5. Sa inyong palagay, anu-anong paraan ng pagtitipid ang maaaring gawin ng mga batang katulad ninyo?
6. Bakit kailangang isaisip at isapuso ang pagtitipid sa anumang bagay?

B. Tanungin sa klase kung anong mga bagay ang dapat nilang tipirin (hal. pagkain, gamit sa paaralan, etc.). Bumuo ng grupo ayon sa kanilang mga sagot. Pag-uusapan ng bawat grupo ang ibat-ibang paraan ng pagtitipid na pwede nilang gawin para sa bagay na kanilang napili. Maghanda ang bawat grupo para sa pag-uulat.

## Pangwakas na Gawain

### Paglalahat

Patnubayan ang mga batang maintindihan na ang pagtitipid bilang kaugaliang Pilipino ay dapat ipagpatuloy, isaisip at isapuso upang umunlad ang buhay sa hinaharap.

### Paglalapat

Isa-isang ilahad ang mga sitwasyon. Ipasabi ang salitang PAGTITIPID kung ang sitwasyon ay naglalahad ng kaugaliang pagtitipid; MAAKSAYA naman kung hindi pagtitipid.

1. Magsaing nang sapat sa bilang ng pamilya.
2. Pagkuha ng pagkain na kayang ubusin.
3. Tuluy-tuloy na pagpapatulo ng tubig mula sa gripo habang naglalaba.
4. Pagbili ng tamang dami ng pagkain kung rises.
5. Pabayaang nakabukas ang telebisyon sa sala kahit ikaw ay nasa kuwarto.
6. Iluto kaagad ang mga sariwang gulay na binili.

Itanong : Bakit dapat turuang magtipid habang bata pa ang mga bata ngayon?

### Pagtataya

A. Panuto: Dugtungan ng sariling paliwanag ang bawat pangungusap.

1. Ipagpapatuloy ko ang kaugaliang pagtitipid dahil __________________.
2. Inaalagaan ko ang aking mga gamit sa paaralan upang __________________.
3. Gumagamit ako ng tabo at timba sa tuwing ako'y maliligo para________________.
4. Ihuhulog ko sa bangko ang perang naipon ko para__________________.
5. Tuturuan ko ang aking mga kapatid na __________________________.

B. Panuto: Sabihin kung ano ang dapat gawin sa mga sumusunod para makatipid:

1. perang napamaskuhan
2. uniporme at sapatos na binili ng nanay
3. bag, papel, at lapis na ginagamit sa paaralan
4. kuryente
5. tubig

## Takdang Aralin

Gumawa ng inspeksyon sa inyong bahay. Tingnan ang mga bagay na pwede ninyong matipid. Ilista at isulat kung paano ito matitipid.

# Aralin 5: Ugaliing Magtipid

**Batayang Mensahe** : Maraming paraan upang makapagtipid

**Batayang Pagpapahalaga** : Pangkabuhayan

**Kaugnay na Pagpapahalaga** : Pagtitipid

**Bilang ng Araw ng Pagtalakay** : 1

## Layunin

1. Naiiwasan ang mga maling gawain katulad ng pangungupit
2. Naisasagawa ang iba pang paraan ng pagtitipid

### Kagamitan

- Tsart na may nakasulat na maikling kuwento; larawan ng batang may hawak na alkansyang kawayan; papel, lapis, krayola, pera

## Pamamaraan

## Panimulang Gawain

### Pagganyak

Ipakita ang larawan ng batang may hawak na alkansya.



Itanong: Ano ang ipinakikita ng larawan?
Nahuhulugan nyo ba ito?
Anong ginagawa nyo para mahulugan ito?

## Panlinang na Gawain

### Paglalahad

Ipabasa ang maikling kuwentong "Matipid Na, Matapat Pa."

### Matipid Na, Matapat Pa

Si Arman ay isang batang matipid at matapat. Hindi siya gumagastos para sa mga walang kwentang bagay. Sa halip, iniipon niya ang labis niyang pera at inilalagak sa alkansyang kawayan.

Minsan inutusan si Arman ng kanyang ina na bumili ng ulam para sa hapunan nila. Hindi inakala ni Arman na may sukli pa siya sa tatlumpung pisong ibinayad niya. Natuwa siya sabay bulsa ng sukli.

Habang naglalakad pauwi, naisip ni Arman na kupitin ang pera ngunit kanyang naalala na ang perang ipinambili niya ay kita ng ina sa paglalako ng paninda sa palengke.

Ano sa palagay mo ang ginawa ni Arman?

Pagdating ng bahay, iniabot niya ang sukli sa ina. "Matapat ka, anak. Kunin mo na ito at idagdag sa alkansya mo," pahayag ng ina.

### Pagsusuri

Itanong:
1. Ano ang pangalan ng bata sa kuwentong nabasa?
2. Ano ang nangyari nang minsang utusan siya?
3. Paano niya pinangasiwaan ang sitwasyon?
4. Ano sa palagay mo ang naramdaman ni Arman sa katapusan ng kuwento?
5. Kung ikaw si Arman, ano ang gagawin mo? Bakit?

Magbigay ng iba pang paraan ng pagtitipid.

## Pangwakas na Gawain

### Paghahalaw

Patnubayan ang mga bata na maintindihan na may iba't ibang paraan upang makapagtipid at hindi sa paraang pangungupit lamang.

### Paglalapat

1. Ipalabas ang ilang kagamitan ng mga bata tulad ng papel, lapis, krayola at pera

2. Patingnan ang mga gamit sa kanila.
   Itanong:
   a. Alam ba ninyo kung magkano ang halaga ng mga gamit na iyan?
   b. Nagagamit ba ninyo nang wasto ang mga iyan? Paano?
   c. Papiliin ng isang gamit ang bawat mag-aaral at ipapaliwanag ang wastong paggamit nila nito.

### Pagtataya

A. Panuto: Isulat sa papel ang letrang (T) kung ang pangungusap ay nagpapakita ng paraan ng pagtitipid na hindi nangungupit at letrang (M) kung nagpapakita ng pagtitipid ngunit nangungupit.

1. Hindi ko ginagasta ang baon kong pera pag rises. Sa halip, humihingi na lang ako sa mga klasmeyt ko.
2. Maingat kong ginagamit ang aking krayola para hindi agad maputol.
3. Inihuhulog ko sa alkansiya ang sukli ng mga bagay na pinabibili ni ate at kuya.
4. Humihingi ako ng ilang piraso ng papel sa kaklase ko para di maubos agad ang gamit ko.
5. Itinatago ko ang lapis sa tamang lalagyan para di agad ito maputol.

# Aralin I – Pagtitipid/Matalinong Paggamit ng Pinagkukunang-yaman

| | | |
|---|---|---|
| **Batayang Mensahe** | : | Ang wastong pangangasiwa ng salapi ay may kaugnayan sa pag-unlad ng mag-anak |
| **Batayang Pagpapahalaga** | : | Pagtitipid sa Paghahanda |
| **Kaugnay na Pagpapahalaga** | : | Pagsasagawa ng Pagtitipid sa Pagkain |
| **Bilang ng Araw ng Pagtalakay** | : | 2 |

## Mga Layunin

1. Naisasagawa ang pagtitipid sa pagpili ng wastong pagkain
2. Naipakikita ang wastong pangangasiwa ng salapi

### Mga Kagamitan:

Talata
BEC-PELC # 1.2 p.26
Mommy and Me p.8
Uliran pp.268-269

## Pamamaraan

### Panimulang Gawain

#### Balik-aral

*Sabihin:*

1. Ilahad ang tanong:
   - Ano ang maaring gawin sa mga pagkaing nasa kaliwang kahon. Panuto: Isulat ang sagot sa mga kahon na nasa kanan. Gamitin ang *cue letter* na nakatala sa bawat kahon.

a. Isda — _ _ _ n g

b. hilaw na papaya — a _ s _ _ _

c. hilaw na papaya — _ e n _ _

d. tirang kanin — s i _ _ _ _ _ g

e. hinog na saging — s _ _ a

2. Matapos ang gawain, itanong sa mga bata ano ang kabutihang dulot ng pagre-*recycle* ng mga pagkain?

## Panlinang na Gawain

### Paglalahad


1. Pangkatin ang klase sa dalawa
2. Ibigay ang sitwasyon

> Oras ng rises, nasa kantina si Jake at nakaharap sa displey ng mga pagkain. Gutom siya kaya balak niyang bumili ng tinapay at *juice*. Sa displey ay napansin niya ang malalaki at makukulay na *potato chips*. Gustong-gusto niya ang mga ito.
> Ano kaya ang pipiliin ni Jake para sa *rises*?

3. Ilahad ang gawain ng mga pangkat at sabihin:

> Ang Pangkat 1 ay ang Pangkat Tinapay at ang Pangkat 2 ang Pangkat *Potato Chips*. Aakitin ninyo si Jake na kayo ang piliing kainin. Ibigay ninyo ang mga dahilan kung bakit kayo ang dapat piliin.
> Pag-usapang mabuti ang mga dahilan at ilahad ito kay Jake. Gamitin ang porma na nasa tsart.

TSART




4. Pumili ng isang (1) bata upang maging si Jake.
5. Bigyan ng 10 minuto ang mga bata para sa gawain.

## Pagtatalakayan

1. Ipaulat sa mga pangkat ang tsart
2. Ipasagot kay Jake ang tanong at ipabigay ang dahilan ng kanyang pagpili.
3. Maaari ding tumawag ang guro ng iba pang bata at itanong dito ang kanilang pipiliin at bakit?
4. Idako ang talakayan sa pagpili ng mga bata sa tinapay sa mga sumusunod na dahilan:
   - Masustansya ito kaysa *potato chips*
   - Ang *potato chips* ay *junk food* at hindi wastong kainin ng mga bata
   - Ang sustansyang makukuha sa tinapay ay sulit sa halagang ibabayad nila
   - Napangangasiwaan ang pera dahil alam niya kung saan niya gagastusin ang pera niya.

## Pangwakas na Gawain

### Paglalahat

1. Itanong:
   - Paano ipakikita ang pagtitipid at wastong pangangasiwa ng pera

### Paglalapat

1. Hayaang tumayo ang mga bata sa hulihan ng silid-aralan.
2. Sabihin:

> Bibigyan ko kayo ng mga pagkaing pagpipilian. Pupunta kayo sa lugar na ituturo ko kung saan kayo pipili. Pag-usapan ninyo kung bakit iyon ang inyong pinili.
> Narito ang sitwasyon
> a. May tinda sa kantina ng paaralan na tsitserya (ituro ang gawing kanan) at *banana cue* (ituro ang gawing kaliwa). *Go*!!! (pupunta ang mga bata sa kanilang sulok at mag uusap kung bakit nila ito pinili)
> b. Pinamimili ang nanay mo ng meryenda. Alin ang pipiliin mo? (ituro ang gawing kanan) kropek o (ituro ang gawing kaliwa) tsamporado? (mag-uusap ang mga batang pumili kung bakit nila pinili yan)

### Pagtataya

Panuto: Lagyan ng tsek (✓) sa ibaba ang mga gawaing ginagawa mo palagi, paminsan-minsan at gagawin pa.

| Gawain | Palagi | Paminsan-minsan | Gagawin Pa |
|---|---|---|---|
| 1. Kumakain ako ng gulay | | | |
| 2. Masustansiyang pagkain ang inihahain ng nanay ko | | | |
| 3. Kumakain ako ng kendi | | | |
| 4. Kumakain ako ng mga sitserya | | | |
| 5. Bumibili ako ng anumang pagkain kahit mahal ito at walang sustansiya | | | |
| 6. Bumibili ako ng pagkaing nakabubusog kahit wala itong sustansiya | | | |
| 7. Umiinom ako ng *softdrinks* | | | |

## Takdang Aralin

Sumulat sa iyong sarili at ipaliwanag mo ang nagagawa sa iyo ng *junk food* at iba pang mga pagkaing masustansiya.

Pangaralan mo ang iyong sarili sa sulat sa wastong pagkain at wastong pangangasiwa ng iyong perang baon.

# Aralin 2 – Katotohanan

| | | |
|---|---|---|
| **Batayang Mensahe** | : | Ang pag-unlad (development) ay hindi lamang nangangahulugan ng paglago (growth) subalit yaong nagbibigay pakinabang sa nakararami |
| **Batayang Pagpapahalaga** | : | Pagmamahal sa Katotohanan |
| **Kaugnay na Pagpapahalaga** | : | Mapanuring Pag-iisip<br>Paggalang sa Opinyon |
| **Bilang ng Araw ng Pagtalakay** | : | 2 |

## Layunin

1. Naibabahagi ang mga kaalaman tungkol sa mga pinakahuling pangyayari
2. Nakapagbibigay ng opinyon o kuru-kuro sa mga pangyayari sa kalagayang pinansyal ng bansa

### Kagamitan

Puzzle ng mga larawan

- Pinagkukunan ng mga huling pangyayari
- Editoryal kartun maaaring nasa transparency
- PELC

## Pamamaraan

### Panimulang Gawain

#### Pagganyak

1. Pagpangkat-pangkatin ang klase at bigyan ng isang *puzzle* ang bawat pangkat.
2. Ipamahagi ang mga *task card*.

**TASK CARD**

a. Buuin ang *puzzle* nang tahimik.
b. Isagawa ang pagbubuo sa loob ng isang minuto lamang.
c. Kapag nabuo na ang *puzzle*, pumalakpak at isigaw ang larawang nabuo.
d. Ang unang nakabuo ng tama ang panalo.

3. Itanong:
   - Ano ang mga larawang nabuo ninyo? Anu-ano ang kabutihang dulot nito sa mga tao?

4. Ipakita ang isang editoryal kartun at itanong:
   - Ano ang ipinahihiwatig sa inyo ng editoryal kartun?

5. Hayaang magbigay ng opinyon ang ilang bata. Itanong:
   - Ano ang kaugnayan nito sa ating pamumuhay?

## Panlinang na Gawain

### Paglalahad/Pagtatalakayan

1. Ipamahagi at ipabasa ang isang balita na hango sa *Manila Bulletin* ng Abril 27, 2007 (Ang guro ay maaari ring kumuha ng katulad na balita sa anumang dyaryo sa *business section* sa pagtuturo ng bahaging ito)
2. Talakayin ang nilalaman ng balita sa pamamagitan ng mga pamatnubay na tanong:
   a. Ano ang pinakahuling pangyayari sa kondisyon ng ekonomiya ng bansa na may kaugnayan sa katatagan ng pananalapi?
   b. Ano ang implasyon?
   c. Ano raw ang maaaring dahilan ng pananatiling mababa ng implasyon ayon sa Bangko Sentral ng Pilipinas?
   d. Sa palagay ninyo, makabubuti kaya ang pagbaba ng implasyon sa mga mamamayan? Bakit?

3. Ipaliwanag sa mga bata ang *Gross International Reserves* (GIR), at itanong:
   - Alin ang nais mong mangyari, tumaas ang GIR o ang bumaba ito? Bakit?

4. Hayaang magpalitan ng opinyon ang mga bata. Linangin din sa pagkakataong ito ang paggalang sa opinyon ng iba.
5. Batay sa nabasang balita nagpapahiwatig ba ito ng pag-unlad at paglago ng bansa? Bakit?

## Pangwakas na Gawain

### Paglalapat

1. Atasan ang ilang bata na mag-ulat tungkol sa mga huling pangyayari na narinig nila sa radyo, napanood sa telebisyon, nabasa sa dyaryo, o nakuha sa *internet* (pre-assigned)

2. Itanong:

   a. Tungkol saan ang mga pinakahuling pangyayaring ibinahagi ng mga nag-ulat?
   b. Saan-saan nila kinuha ang impormasyon?
   c. Ano ang dulot ng mga huling pangyayaring ito sa paglago at pag-unlad ng bansa.
   d. Sinu-sino ang mga makikinabang sa pag-unlad ng bansa?

3. Ano ang masasabi mo tungkol sa pagtitipid? Sa paggasta?

Inaasahang sagot: “Maraming paraan upang makapagtipid.”

### Pagtataya

Isagawa nang pasulat

Panuto: Basahin ang sitwasyon. Lagyan ng tsek (✓) ang iyong sagot at ibigay ang inyong opinyon.

Mababa ang halaga ng dolyar sa kasalukuyan at mataas ang halaga ng piso sa ating bansa. Ngunit mapapansin natin na mahal ang mga bilihin sa iba’t ibang lugar. Dapat ba itong mangyari? Bakit?

Sagot: Oo ________ Hindi _________

Dahilan:

______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

## Takdang Aralin:

Iulat sa nanay o tatay ang pinakahuling pangyayari sa kalagayang pinansyal ng bansa na iyong narinig sa klase.

### Implasyon Mananatiling Mababa sa 2% Ngayong Abril

Ipinahayag ng Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP) kahapon na ang implasyon ay maaari pang bumaba sa 2%, ngayong Abril mula 2.2% noong Marso at 2.6% noong Pebrero.

Ayon kay BSP *Governor* Amando M. Tetangco, Jr. maaaring narating na ng implasyon ang pinakamababang antas nito noong Marso pa.

Ang pinagsamang epekto ng *Value-Added Tax* (VAT) at halaga ng langis ay inaasahang lalaki o kakalat pa. Sa kabila nito, ang mabuti at magandang kondisyon na panustos (*supply*) ay maaaring maging dahilan sa pananatiling mababa ng implasyon.

Ang inaasahan ng BSP na implasyon para sa taong ito ay pangkaraniwang kaaya-aya o hindi nakasasama. Ang pananaw na ito ng BSP ay sinusuportahan ng katamtamang pwersa sa pangangailangan at kontroladong inaasahang implasyon. Kung hindi magkakaroon ng mga hindi inaasahang problema sa loob at labas ng bansa sa 2007 at 2008 ay inaasahang nasa target na 4-5% at 3-5% ito, alinsunod sa pagkakabanggit.

Ang pambansang *Gross International Reserves* (GIR) ay inaasahan naming aabot sa $26 bilyon ngayong taon, mula sa nakaraang taya na $25 bilyon.

Ayon pa kay Tetangco ang huling taya ng BSP para sa GIR sa taong 2007 ay $25.5 bilyon o $26 bilyon.

Ayon din sa BSP, ang kahulugan ng GIR ay ang nakahandang (*available*) *foreign assets* na kontrolado ng BSP bilang pantustos sa *payment imbalances* at pangangasiwa ng mga naturang *imbalance*. Ang GIR ay binubuo ng hawak na ginto, *special drawing rights*, pamumuhunang panlabas, at *foreign exchange (dolyar)*.

Hango sa Manila Bulletin
Abril 27, 2007

## Aralin 3 – Komitment sa Paggawa

| | | |
|---|---|---|
| **Batayang Mensahe** | : | Ang wastong pangangasiwa ng salapi ay may kaugnayan sa pag-unlad ng mag-anak |
| **Batayang Pagpapahalaga** | : | Pangkabuhayan |
| **Kaugnay na Pagpapahalaga** | : | Saloobin sa Paggawa |
| **Bilang ng Araw ng Pagtalakay** | : | 3 |

## Layunin

1. Naipakikita ang komitment sa paggawa sa ibat-ibang paraan
2. Nakapagbibigay ng mga paraan ng pagpapakita ng komitment sa paggawa
3. Naiuugnay ang paggawa sa pag-unlad ng mag-anak

### Kagamitan
- BEC-PELC # 1.1 p. 23
- Sipi ng kwento
- *Collage* ng mga batang nagsasagawa ng mga gawain

## Pamamaraan


### Panimulang Gawain

1. Ipakita ang *collag*e ng mga larawan ng ibat-ibang bata na gumagawa ng mga gawaing bahay o hanapbuhay
2. Itanong:
   a. Ano ang napapansin ninyo sa larawan?
   b. Anu-ano ang mga ginagawa nila?
   c. Sa palagay ninyo, paano sila nagsasagawa ng mga gawain?
   d. Bakit mo nasabi?

## Panlinang na Gawain

1. Ipamahagi ang sipi ng kwento at bigyan ng dalawang minuto ang mga bata upang basahin ito.

2. Matapos ang pagbasa, itanong:
   a. Ano ang mensaheng ipinahahatid ng kwento?
   b. Anong uri ng bata si Melanie?
   c. Ipaskil ang larawan ng bata at ipasulat ang sagot ng mga mag-aaral sa papel. Gabayan sila na maibigay ang sagot nang may pagmamahal sa paggawa at may mabuting saloobin sa paggawa.



3. Itanong: Nais mo bang tularan si Melanie? Bakit? Bakit hindi?
4. Balikan ang nakapaskil na mga katangian ni Melanie at itanong:
   a. Alin sa mga katangiang ito ang may epekto sa kanyang mag-anak?
   b. Paano ito nakaaapekto sa mag-anak?

Gabayan ang mga bata sa kaisipan sa paggawa ni Melanie nang lagpas sa oras at sa maayos niyang paggawa, nagustuhan iyon ng may-ari at dahil dito binigyan siya ng dagdag sa sahod na naging dahilan ng kanyang pag-iimpok at dagdag na kita para sa kanyang pamilya.

# Pangwakas na Gawain

## Paghahalaw

Balikan ang larawan ng bata at itanong:

- Alin sa kanyang mga katangian ang nagpapakita ng komitment sa paggawa? (Ipaliwanag ng guro ang salitang komitment.)

## Paglalapat

1. Hayaang umupo nang maayos at maginhawa ang mga bata at magpatugtog ng malambing na awitin.
2. Sabihin: "Sa saliw ng matamis na tugtuging inyong maririnig, ipikit ang inyong mga mata at pagbalikang alaala ang mga araw na kayo ay may ginagawa sa tahanan, sa paaralan o kahit saan. Tingnan ninyo ang inyong sarili na pawisan, maaaring humihingal o napapagod. Ipagawa ito sa loob ng dalawang minuto.
3. Matapos ang *Memory Trip*. Itanong:
   a. Paano ninyo ginawa ang gawain?
   b. Ano ang damdamin ninyo noon?
   c. Nagpakita ba kayo ng pagmamahal habang gumagawa? Paano?

## Pagtataya

Isagawa nang pasulat

Panuto: Basahin ang sitwasyon. Lagyan ng tsek (✓) ang iyong sagot at panindigan ang iyong palagay.

1. Kapag wala ang manedyer ni Roma, ang mga kasamahan niya sa trabaho ay nagkukwentuhan. Ang iba naman ay nag-aawitan o di kaya'y lumalabas ng opisina ang ilan. Wala pa sa oras ay nag-uuwian na sila. Anong uri ng ugali ito? Dapat ba itong tularan ni Roma? Bakit?

Sagot

☺ ☹

____________________ ____________________

Dahilan:

______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

2. Paano ka makatutulong sa pag-unlad ng iyong mag-anak kung ikaw ay magpapakita ng komitment sa paggawa?

**Kasunduan**

Ipasipi sa notbuk at ipabuo ang komitment sa paggawa.

| **Komitment sa Paggawa** |
| --- |
| Ako si ____________________________<br>______________________________________ ay<br>nangangakong __________________________<br>_________________________________________<br>_________________________________________<br>_________________________________________<br>_________________________________________<br>___________________ sa paggawa.<br><br>____________________<br>Lagda |

## Takdang Aralin:

Sabihin:

Umisip ng isang gawaing ipinagawa sa iyo ng iyong nanay. Sumulat ng ilang pangungusap na nagpapakita ng iyong komitment sa pagsasagawa nito. Papirmahan ito sa nanay. Sundin ang halimbawa sa ibaba.

Gawain: ____________________________________________

Paraan ng Pagsasagawa

1. ____________________________________________
2. ____________________________________________
3. ____________________________________________
4. ____________________________________________

____________________________
Lagda ng Nanay

# Aralin 4 – Matatag na Pananalapi, Matatag na Bansa

**Batayang Mensahe** : Kapag ang pagtitipid ay nasa isipan at damdamin ng mga bata inaasahang may pag-unlad sa hinaharap

**Batayang Pagpapahalaga** : Pangkabuhayan

**Kaugnay na Pagpapahalaga** : Pagtitipid/Matalinong Paggamit ng Pinagkukunang-yaman

**Bilang ng Araw ng Pagtalakay** : 2

## Mga Layunin:

1. Naipakikita ang ibat-ibang paraan ng pagtitipid sa paghahanda at pagluluto ng pagkain
2. Nahihinuha ang maaaring mangyari kung matututong magtipid sa paghahanda ng pagkain

## Mga Kagamitan:

BEC-PELC 1.1 p. 25
cartolina, pangkulay, lapis
tseklis

## Pamamaraan

### Panimulang Gawain

#### Pagganyak

*Sabihin:*

1. Gumawa ng isang *survey* sa klase tungkol sa mga batang kumakain at hindi kumakain ng mga natirang kanin at ulam.
2. Gamitin ang tsart na ito:

| Pangkat | Kumakain | Di-Kumakain | Dahilan |
|---|---|---|---|
| I | | | |
| II | | | |
| III | | | |
| IV | | | |
| V | | | |
| Kabuuan | | | |

3. Itanong:

   a. Ano ang masasabi ninyo sa nabuong tala?
   b. Ano kaya ang mga dahilan ng kinalabasan ng *survey*?
   c. Ano ang pangkaraniwang dahilan ng mga batang kumakain ng mga tirang pagkain? Mga hindi kumakain ng tirang pagkain?
   d. Ano ang maaaring mangyari kung ang mga tirang pagkain ay hindi natin kakainin?
   e. Ano ang masasayang?
   f. Ano ang epekto ng pagkasayang ng mga pagkain sa mag-anak?

## Panlinang na Gawain

### Paglalahad

1. Pangkatin ang klase sa lima. Bigyan ang bawat pangkat ng isang sitwasyon.

| **Pangkat 1 - Sitwasyon 1** |
|---|
| Maraming huling isda si Mang Isko at may mga hindi nabili sa mga ito. Ano ang maaaring gawin sa mga isdang di nabili. Gumawa ng isang *jingle* tungkol dito. |

| **Pangkat 2 - Sitwasyon 2** |
|---|
| May mga biniling pinya si Mang Renato nang pumunta siya sa probinsya. Hindi ito agad makakain ng pamilya niya. Ano ang ipapayo mong gawin ng mag-anak sa mga sobrang pinya. Gumawa ng poster tungkol dito. |

| **Pangkat 3 - Sitwasyon 3** |
|---|
| May mga itlog sa bahay. Ano ang maaaring gawin sa ibang itlog? Gumawa ng isang anunsyo tungkol dito. |

| **Pangkat 4 - Sitwasyon 4** |
|---|
| May mga hilaw na papaya na nalaglag sa puno nina Marita. Ano ang maaaring gawin dito upang hindi masayang? Ilarawan kung ano ang gagawin. |

**Pangkat 5 - Sitwasyon 5**

Sumobra ang nabiling saging ni Aling Mila. Ano ang maaaring gawin niya sa sobra. Gumawa ng *jingle* tungkol dito.

2. Bigyan ng sampung minuto ang mga pangkat para sa gawain
3. Matapos ang takdang oras, hayaang ilahad o ipakita ang mga nagawa

### Pagtatalakayan

Itanong:

1. Anu-anong mga paraan ang maaaring gawin sa mga tira o sobrang pagkain sa bahay?

2. Bakit kailangang muling gamitin (ire-*cycle*) ang mga ito?

3. Anong kabutihan ang dulot ng mga gawaing ito sa mag-anak?

4. Ano ang maaaring mangyari kung matututo kayong magtipid sa paghahanda at pagluluto ng pagkain?

## Pangwakas na Gawain

### Paglalahat

Itanong upang mabuo ang konsepto.

1. Anu-ano ang mga paraan upang makatipid sa paghahanda at pagluluto ng pagkain?

2. Ano ang epekto ng pagtitipid sa paghahanda at pagluluto ng pagkain?

**Paglalapat**

Panuto: Basahin ang mga sumusunod na mga gawain sa pagtitipid sa pagluluto. Ang mga ito ba ay isinagawa ng nanay mo? Lagyan ng Tsek kung palagi, paminsan-minsan, gagawin pa.

| Gawain | Palagi | Paminsan-minsan | Gagawin Pa |
|---|---|---|---|
| 1. Ipinamimigay ang mga hinog na saging kung labis na sa amin | | | |
| 2. Itinatapon ang mga nahinog na prutas | | | |
| 3. Isinasangag ang tirang kanin | | | |
| 4. Ginagawang atsara ang iba pang hilaw na papaya | | | |
| 5. Inaasinan ang mga isdang nabili kung hindi pa ito iluluto | | | |

1. Itanong:

1. Para sa gawain bilang 1 at 2, ano ang gagawin mo kung palagi itong ginagawa ng nanay mo?
2. Sa gawain bilang 3, 4, at 5, kung paminsan-minsan itong ginagawa, ano naman ang gagawin mo?
3. Paano ka makatutulong sa nanay mo upang makatipid sa pagluluto at paghahanda ng pagkain?

**Pagtataya**

Ipasagot ang sumusunod na mga tanong:

1. Alin sa mga paraang napag-aralan ang kadalasang ginagawa sa inyong bahay?
2. Nakatutulong ba ito sa pagpapaunlad ng inyong buhay? Ipaliwanag.
   (Para sa guro sa pagwawasto:)
   - Pinili (1 pt.)
   - Kaugnayan ng katwiran sa pinili. (2 pts.)
   - Kaangkupan ng mga salitang ginamit. (2 pts.)
   - Kabuuan (5 pts.)

## Takdang Aralin

Sa tulong ng Nanay, gumawa ng isang resipe ng paghahanda ng tirang prutas o gulay.

# Aralin 5 – Pagtitipid sa Paghahanda

**Batayang Mensahe** : Ang pag-unlad (*development*) ay hindi lamang nangangahulugan ng paglago (*growth*) subalit yaong nagbibigay pakinabang sa nakararami

**Batayang Pagpapahalaga** : Katotohanan

**Kaugnay na Pagpapahalaga** : Pagpapasya ng Katotohanan

**Bilang ng Araw ng Pagtalakay** : 3

## Layunin

1. Nakagagamit ng ibat-ibang paraan sa pagkuha ng impormasyon tungkol sa pinakahuling pangyayari
2. Nakapagbibigay ng mga huling impormasyon
3. Napahahalagahan ang mga paraan ng pagkuha ng impormasyon/ kaalaman

## Kagamitan

BEC-PELC # 2.1 p. 2
Talaang nakuha sa *internet* tungkol sa pamumuhunan

## Pamamaraan

### Panimulang Gawain

#### Pagganyak

1. Hayaang magpalitan ng mga kaalaman tungkol sa mga huling pangyayari sa paligid ng pamayanan

2. Itanong:
   - Paano ninyo ito nalaman?

3. Isusulat ng guro ang mga sagot sa pisara

## Panlinang na Gawain

### Paglalahad

1. Ipamahagi ang talaang nakuha sa *internet* at ipabasa ito sa mga bata
2. Sabihin: Mayroon ako ditong tala tungkol sa pagkakasundo ng BayanTel at AT & T, dalawang kompanya ng telepono. Ang BayanTel ay dito sa Pilipinas at AT & T ay sa Amerika.
   - Ano ang alam ninyo sa BayanTel?
   - Sino sa inyo ang *subscriber* ng BayanTel?
3. Basahin ang tala tungkol sa BayanTel.

### Pagtatalakayan

1. Itanong:
   - Tungkol saan ang pinakahuling pangyayaring narinig?
   - Ano ang tinutukoy kapag sinabing "telekomunikasyon"?
   - Ano ang dalawang kompanya na bumuo ng kasunduan?
   - Ano ang magiging dulot nito sa mga *subscriber* ng BayanTel?
   - Ano naman ang kabutihang dulot ng pinakahuling pangyayaring ito sa telekomunikasyon sa bansa? Ipaliwanag.

2. Sabihin:

Ang talang ito ay nakuha sa *internet*. Kailangan natin ng kompyuter upang makakuha ng datos o tala sa internet. Mayroon itong *URL* (*Universal Resource Locator*) o pinanggagalingan ito ng mga datos sa internet. Tinatawag din itong *Web Address*. Ang talang ito ay may *URL* na *http://www.bayantel.com.ph*.

(Maaaring tanungin ang mga bata kung sino sa kanila ang may karanasan o kaalaman sa internet. Maaari silang magbahagi ng kanilang karanasan.)

3. Idadagdag pa ng guro na may mga tuntunin din na dapat tandaan sa pag-*surf* sa *internet* tulad ng:

   - Hindi lahat ng impormasyon sa internet ay totoo. Ang iba ay mga opinyon lamang ng gumawa nito.
   - Piliin lamang ang mga datos/tala sa website ng mga kilala o may kredibilidad na mga dyaryo o babasahin
   - Mag-ingat din sa mga personal na bagay na inyong ibabahagi sa iba sa pamamagitan ng *internet*

## Pangwakas na Gawain

### Paglalapat

1. Ilahad ang impormasyon sa *internet* tungkol sa pangkabuhayan. Basahin itong mabuti at sagutin ang mga tanong:

> Binuhay ng *Department of Social Welfare and Development* (*DSWD*) ang espiritu ng bayanihan sa pamamagitan ng *Self-Employment Assistance* – Kaunlaran (*SEA-K*) Program.
>
> Ang *SEA-K* ay isang pautangan (*credit facility*) para sa mahihirap na walang puhunan sa negosyo. Dito ay nakauutang nang walang kolateral/garantiya. Ito ay kabaliktaran ng pag-utang sa pormal na sektor ng pagbabangko na kailangang dumaan sa mahigpit na paraan ng pag-utang. Libu-libong mahihirap na pamilya ang nagkaroon ng mabuting pamumuhay at nakatulong pa sa pag-unlad ng pamayanan.
>
> *Source:*
> *http://www.news.ops.gov.ph*
> *petsa: 19 Abril 2007*

Sagutin:

1. Saan galing ang tala? ______________________________________
2. Tungkol saan ang tala? ______________________________________
3. Mahalaga bang malaman mo ang talang nakalap? Bakit?

_______________________________________________________________

### Pagtataya

1. Panuto: Lagyan ng tsek (✓) ang mga paraan ng pagkuha ng impormasyon sa pinakahuling pangyayari.

________ 1. panonood ng sine
________ 2. pag *surf* sa internet
________ 3. paglalaro ng kompyuter
________ 4. panonood sa balita sa telebisyon
________ 5. pagbabasa ng komiks
________ 6. pakikipanayam sa mga taong mahilig makinig at magbasa ng mga balita

________ 7. pakikinig ng balita sa radyo
________ 8. pagbabasa ng dyaryo
________ 9. pakikipaglaro sa ibang bata
________ 10. pagkanta sa karaoke

2. Dahilan sa ibat-ibang paraan ng pagkuha ng pinakahuling impormasyon nagkakaroon tayo ng pag-unlad at nakikinabang ang lahat. Ikaw, bilang mag-aaral, paano mo ipakikita ang iyong pagpapahalaga sa mga ito?

________________________________________________________________

________________________________________________________________

## Takdang Aralin

Hatiin ang klase sa apat (4) at bigyan ng gawaing bahay.

Panuto: Kumuha ng pinakahuling pangyayari sa paligid:

- Pangkat 1 - Sa larangan ng ekonomiya sa pamamagitan ng pakikinig ng radyo
- Pangkat 2 - Sa larangan ng isport sa pamamagitan ng panonood ng telebisyon
- Pangkat 3 - Sa larangan ng syensya sa pamamagitan ng pagbabasa ng dyaryo
- Pangkat 4 - (sa mga may kompyuter o may kakayahang mag "surf" sa internet) larangan ng pagnenegosyo o pagtatayo ng negosyo

**Pinalawak na Ugnayan ng BayanTel at AT & T**

Ang BayanTel, isa sa mga nangungunang kompanya ng telekomunikasyon para sa *voice internet* dito sa Pilipinas, ang nagbalita na ito ay nakikipagkasundo sa AT & T, isa naman sa malalaking telekomunikasyon sa Amerika para sa *Full Channel Service*.

Ang bagong kasunduang ito ay upang mapataas at mapalawak pa ang kasalukuyang kasunduan ng dalawang kompanya.

"Ang kasunduang ito ay makapagbibigay pa ng makabuluhan at mabuting serbisyo sa mga may suskrisyon sa BayanTel at AT &T," pahayag ni Tunde Fafunwa, Director ng BayanTel. "Sa pamamagitan ng kasunduang ito, ang buong serbisyong pandaigdigan ng mga pribadong linya ng BayanTel at AT & T na narito sa Pilipinas at sa ibang bansa ay magiging mas madali at mas mabilis," dagdag ni Fafunwa.

Mapahahalagahan at maiibigan ng mga suskrayber ng AT & T ang serbisyo ng BayanTel sa pamamagitan ng *Customer Guarantee Program*. Sinisiguro ito ng pinuno ng BayanTel Product Development and Management.

*Pinagkunan:*
*http.//www.bayantel.com.ph/news/presscenter.shtml*

## Aralin 1 – Paano na ang Kinabukasan?

| | | |
|---|---|---|
| **Batayang Mensahe** | : | Mahalaga ang disiplina sa pagsasakatuparan ng inihandang badyet (pansarili, pangmag-anak, at pansamahan) |
| **Batayang Pagpapahalaga** | : | Katotohanan |
| **Kaugnay na Pagpapahalaga** | : | Katotohanan at Pagpaparaya |
| **Bilang ng Araw ng Pagtalakay** | : | 2 |

## Layunin

1. Nakabubuo ng sariling pasya pagkatapos pag-aralan ang dalawang panig ng isyu
2. Nasusunod nang maayos ang inihandang badyet

### Kagamitan

– Komiks: "Mas Patok ang Mag-Impok" (BSP komiks)
– *Problem Tree* (gawa sa kartolina)
– PELC # 2.1 p. 3

## Pamamaraan

### Panimulang Gawain

Paghahawan ng Balakid:

Alamin ang kasingkahulugan ng sumusunod na mga salita: *allowance*, badyet, interes, impok, *savings account*.


Pagganyak:
- Nakasali ka na ba sa isang paligsahan? Ano ang kadalasang ginagawa ninyo sa perang napanalunan? Bakit?
- Sa babasahin niyong kuwento ay malalaman ninyo kung anong mahalagang bagay ang dapat gawin para maging matagumpay na mamamayan.
- Ipabasa ang komiks: "Mas Patok ang Mag-Impok". Pag-usapan ang binasa (Maaaring gawin nang pangkatan)

**Panlinang na Gawain**

Paglalahad/Pagtatalakayan:
Ipasagot ang mga tanong na ito.

- Sinu-sino ang tauhan sa komiks?
- Anu-ano ang pinag-usapan nila?
- Ano ang naging desisyon ni Manny?
- Kung ikaw si Manny, ano ang gagawin mo? (Sagutin ito sa *problem tree.*)

Panuto: Isulat ang inyong sagot sa mga sanga ng *problem tree*. Kung ang inyong sagot ay sang-ayon, isulat sa kanang mga sanga at kung di sang-ayon naman ay sa kaliwang mga sanga ng *problem tree*. Tingnan ang halimbawa ng sagot.



## Pangwakas na Gawain

### Paghahalaw

Patnubayan ang mga bata na patunayan na kailangan ang sariling pagpapasya pagkatapos pag-aralan ang dalawang panig ng isyu at mahalaga ang disiplina sa pagsasakatuparan ng inihandang badyet.

### Paglalapat

Pangkatin ang mga bata at hayaang magpakita ng sitwasyon na kailangan ang sariling pagpapasya at disiplina sa pagsasakatuparan ng inihandang badyet.

### Pagtataya

Panuto: Basahing mabuti ang sitwasyong ito at sagutin ang tanong.

A. May sinusunod ka nang badyet upang makapag-ipon para sa pag-aaral mo sa *high school*. Isang araw nagkayayaan ang iyong mga kaibigan na manood ng sine. Isinasama ka nila. Ano ang iyong gagawin? Bakit?

B. Gawan ng Lingguhang Badyet ang iyong baon na P50. Sikaping mayroon ka pang P10 na impok bawat linggo. Narito ang iyong mga gastusin:

a) Pamasahe———————————————— P
b) Meryenda ———————————————— P
c) Pampalamig (kapag mainit ang panahon o — P
May dagdag na Gawain) ===========P

Impok P10.00

## Takdang Aralin:

Sikapin/Ugaliin ang pag-iimpok sa pamamagitan ng pagsunod sa badyet at pagkakaroon ng matalinong pagpapasya.


| | |
|---|---|
| *Sinulat ni:* | ***Ben Alcantara*** |
| *Guhit ni:* | ***Frank Valdez*** |
| *Inayos nina:* | ***Archie Yumul, Dennis Catacutan & Mark Casul*** |
| *Tumulong sa Produksyon:* | ***Mila Soriano*** |





MAGALING ANG NAISIP MO!
O SIGE, DADAGDAGAN NAMIN ANG PERA MO NA GALING SA AMING IMPOK UPANG UMABOT SA PINAKAMABABANG BALANSE PARA MAKAPAGBUKAS KA NG SAVINGS ACCOUNT.
PERO HINDI DYAN NAGTATAPOS ANG PAG-IIMPOK SA BANGKO. DAPAT PATULOY KANG MAGLALAGAY NG DEPOSITO
AT MATUTO KA NG WASTONG PAMAMAHALA SA PERA
PAANO KO PO MAGAGAWA YON? WALA PO AKONG TRABAHO AT KINIKITA
MAY ALLOWANCE KA ARAW-ARAW. KUNG GUSTO MONG MAGING UGALI ANG PAG-IIMPOK, ITUTURO KO SA IYO ANG ISANG MADALING PARAAN.
SIGE PO DADDY!


ANG ALLOWANCE MO ARAW-ARAW AY P70...
KUNG GUSTO MONG MAG-IMPOK, MAGKUNWARI KA NA P60 LAMANG ANG IYONG *ALLOWANCE*.
ANO PO ANG GAGAWIN KO SA P10?


Lingguhang Badyet ni Manny
ALLOWANCE - P350
GASTUSIN
Pamasahe (papunta sa school at pauwi, P14) - P70
Miryenda (Sandwich P20 at soup P14) - P170
Pampalamig kapag may ensayo (3 beses sa isang linngo) P20 bawat isa - P60
Kabuuan - P300
IMPOK - P50
ITO ANG IMPOK MO ARAW-ARAW...
AT PARA MAGKASYA ANG *ALLOWANCE*, DAPAT MAGKAROON KA NG ***PANSARILING BADYET*** TULAD NITO.


MADALI PO PALA. ANG KAILANGAN LANG AY MAGING MATIPID AT HUWAG GUMASTA NANG WALA SA BADYET.
KUNG GAGAWIN MO ITO, PUWEDE KANG MAGDEPOSITO NG P200 BUWAN-BUWAN...
AT KAPAG NIREGALUHAN KA NG PERA NG LOLO AT LOLA, TITO AT TITA IDEPOSITO MO NA RIN.
IDAGDAG MO PA RITO ANG KINITA NG IYONG NAIMPOK SA BANGKO!
KUMIKITA PO ANG PERA SA BANGKO?
OO, ANAK. KUMIKITA NG *INTERES* ANG PERANG INIIMPOK SA BANGKO KAYA LUMALAGO...
KAYA KUNG MALAKI ANG NAIMPOK, MAS MALAKI ANG TUBONG *INTERES*.
MOMMY KAILAN PO NINYO AKO SASAMAHAN SA BANGKO? GUSTO KO NA PONG MAGBUKAS NG *SAVINGS ACCOUNT!*
WAKAS



# Talasalitaan

ACCOUNT - **Talaan o rekord ng bawat taong may deposito sa bangko**

DEPOSITO - **Perang inilagay sa isang *account* sa bangko**


INTERES - **Perang ibinabayad sa mga nagdedeposito sa bangko o perang ibinabayad sa bangko ng mga taong umuutang**

PAMAMAHALA SA PERA - **Pagpapasya kung paano mo gustong gastahin ang iyong pera**

PANSARILING BADYET - **Plano ng paggasta ng isang tao**

PINAKAMABABANG BALANSE - **Ang halagang kailangan upang makapagbukas ng bagong *account* sa bangko**

SAVINGS ACCOUNT - ***Account* ng pag-iimpok sa bangko na tumutubo ng interes at ang pangunahing layunin ay makapag-impok para sa hinaharap na paggamit**




## Mga salin sa Pilipino ng mahahalagang katawagan o termino sa English

1. *account* - rekord ng nagdedeposito
2. *deposits* - mga deposito
3. *interest* - interes
4. *minimum balance* - pinakamababang balanse
5. *personal budget* - pansariling badyet
6. *savings account* - talaan ng impok

## Aralin 2 – Kinabukasan, Paglaanan

| | |
|---|---|
| **Batayang Mensahe** | : Hindi lahat ng pinagkakagastahan ng isang mag-anak ay maituturing na gastusin |
| **Batayang Pagpapahalaga** | : Katotohanan |
| **Kaugnay na Pagpapahalaga** | : Pagmamahal sa Katotohanan |
| **Bilang ng Araw ng Pagtalakay** | : 2 |

## Layunin:

1. Ginagawa ang nararapat para sa sariling kapakanan at katapatan ng iba.
   - kaalaman sa tama at mali

2. Natutukoy ang pagkakaiba ng impok sa gastos ng isang mag-anak.

### Kagamitan:

*cartolina*, *pentel pens*, talaan ng mga pinagkakagastahan ng pamilya, *resource speaker (bank employee)*
PELC # 2.2, p. 3

## Pamamaraan

### Panimulang Gawain

### Balik-Aral

Pangkatin ang mga bata. Ipa-role play sa kanila kung ano ang kanilang gagawin kung sila si Manny. Dapat bang tularan ang pamilya ni Manny?

### Pagganyak

Itanong:

1. May kamag-anak ka bang nagbibigay sa iyo ng pera? Ano ang ginagawa mo sa pera?
2. Magkano ang baong ibinibigay sa iyo sa isang araw? Kasya ba ito sa mga kailangan mong bilhin sa araw na yon? Ano ang ginagawa mo kung kulang? Ano ang ginagawa mo kung sobra?

## Panlinang na Gawain

### Paglalahad


1. Ibigay ang mga pamantayan sa wastong pakikinig.
2. Ipakilala ang panauhing *resource person*.
3. Pagbibigay ng mensahe ng *resource person*: Kahalagahan at mga Paraan ng Pag-iimpok. Pagkatapos ng mensahe, ipasulat sa *manila paper* ang mga datos at kaalamang nakuha sa mensahe.

### Pagtatalakayan

Ipapaskil ang *manila paper*. Itanong:

1. Anu-anong datos ang maituturing na gastos? impok?
2. Bakit tinawag ang mga ito na gastos? impok?
3. Ano ang nararapat gawin upang magkaroon ng impok? Isulat ang sagot sa *cartolina strips* at ilapat sa *pyramid* na nakapaskil sa pisara.

Halimbawa:




4. Itanong: Ano ang ipinahihiwatig ng *pyramid*?

## Pangwakas na Gawain

### Paghahalaw/Paglalahat:


Itanong upang mabuo ang konsepto:

- Anu-anong gastusin ang maituturing na impok? gastos?
- Ano ang nararapat mong gawin para sa sariling kapakanan at katapatan ng iba?


### Paglalapat:

Panuto: Isulat sa pinto ang mga gastos mo sa loob ng isang linggo at sa kahon naman ang impok mo sa isang linggo. Sundin ang halimbawa.

Halimbawa:





Halimbawa:





### Pagtataya

A. Pagsama-samahin sa isang basket ang mga gastos na maituturing na impok at sa isa pang basket ang mga gastos na gastusin.



Impok

pag-aaral
pinatabang baboy
hikaw
bahay
sasakyan
pag-aaliw/pamamasyal
insurance/seguro
lupa
pagkain
damit



Gastos

B. Ano ang nararapat mong gawin upang dumami ang iyong impok?

## Takdang Aralin

Itanong sa magulang kung anu-ano ang pinagkakagastahan ng pamilya sa loob ng isang buwan. Pangkatin ito kung impok o gastos.

# Aralin 3 – “Pag-eentreprenur, Madali Lamang”

**Batayang Mensahe** : Ang pagiging entreprenur ay nangangailangan ng pagkamalikhain

**Batayang Pagpapahalaga** : Pagkamakabansa

**Kaugnay na Pagpapahalaga** : Pambansang Pagkakakilanlan at Pagmamalaki

**Bilang ng Araw ng Pagtalakay** : 2

## Mga Layunin

1. Naipakikita ang namumukod at kanais-nais na katangiang Pilipino
    - Pagiging malikhain

2. Napatutunayan na kailangan ang pagkamalikhain sa pag-eentreprenur

### Kagamitan

– Mga sipi ng sanaysay “*Jeepney*: *King of the Road*,” na hango sa aklat na Liwanag 5 – pp. 221-222.
– Mga kardbord na may nakatatak ng mga pangalan at mga likha nila (tingnan sa karagdagan pahina sa dulo ng banghay aralin.)
– PELC, EP 1.1 p. 16

## Pamamaraan

### Panimulang Gawain

### Pagganyak

1. Ipaskil ang mga pangalan ng imbentor sa pisara. Ibigay sa isang bata sa bawat hanay ang kalahati ng kardbord na nakasulat ang imbensyon.
2. Hanapin ang inbentor na nakasulat sa hawak na karbord. (Pagtambal-tambalin na ipabasa sa mga bata)
3. Anong katangian ang taglay ng bawat isa sa kanila?

## Panlinang na Gawain

### Paglalahad

Sabihin: Basahin natin ngayon ang kwentong “Jeepney: *King of the Road*.” Alamin kung paano nagamit ang pagiging malikhain sa pagtatagumpay ng isang negosyo.

### Pagtatalakayan

1. Saan idinaos ang *World Energy Fair*?
2. Ano ang inilahok ng ating bansa?
3. Bakit namumukod ang *jeepney*?
4. Anu-anong likas na kaugaliang Pilipino ang inilalarawan ng jeepney?
5. Alin sa mga katangiang nabanggit ang taglay ng mga may-ari ng planta ng jeepney?
6. Paano ito nakatulong sa pag-unlad ng kanilang buhay?
7. Dapat bang tularan si Anastacio Francisco? Bakit?
8. Ano sa inyong palagay ang dahilan at naging sikat ang jeepney na gawa ni Anastacio Francisco?
9. Bakit mahalaga sa isang entreprenur ang pagiging malikhain?

## Pangwakas na Gawain

### Paglalahat

Ipasagot ang tanong upang mabuo ang paglalahat:

Batay sa leksyon na ating tinalakay, anong mahalagang katangian ang dapat taglayin ng isang entreprenur?

## Paglalapat

Gabayan ang mga bata na makapaglahad batay sa kanilang karanasan na ang pagiging malikhain ay mahalaga sa isang entreprenur

Halimbawa:

Mas mabili ang saranggolang makulay at yari sa manipis na tela.
Mas mabili ang taho na may sago.

## Pagtataya

Panuto: Lagyan ng tsek sa kolum ng Oo o Hindi kung nagpapakita ng pagkamalikhain o hindi

| Kalagayan | Oo | Hindi |
|---|---|---|
| 1. Ang *stocking* na luma ay kinukulayan at ginagawang bulaklak at paru-paro para pandekorasyon. | | |
| 2. Gumagamit ng *pattern* na binabakat sa mga proyekto sa sining. | | |
| 3. Ang mga retaso ay ginagawang pampunas at *pot holder* | | |
| 4. Ang mga lata ay ginagawang laruan. | | |
| 5. Nagpulong ang mga sangguniang pambarangay upang balakin ang paligsahan sa gulayan | | |

## Takdang Aralin

Maraming maliliit na bote na naiipon sa inyong bahay. Ano ang maaari ninyong gawin dito upang maging kapaki-pakinabang?

"Ang pagkamalikhai'y
kapuri-puri at kapaki-pakinabang"

**JEEPNEY "KING OF THE ROAD"**

Nang idaos ang: *World Energy Fair* sa Knoxville, Tennesee kabilang ang ating bansa sa mga nagtanghal ng ibat-ibang imbensyon na may kinalaman sa enerhiya. Nakatawag-pansin sa pagtatanghal ng Pilipinas ang isang modelo ng jeepney. Bukod sa mababang konsumo ng langis, ito rin ang kumakatawan sa ating lahi.

"Kahanga-hanga," bulalas ng isang dayuhang dumalo sa fair pagkakita sa jeepney. "Wala pa akong nakitang katulad nito sa alinmang panig ng daigdig," na siyang tunay pagkat dito nga lamang sa atin may jeepney.

Sariling likha ng mga Pilipino ang jeepney, bagama't ito ay nagmula sa mga sasakyang pandigma na tinawag na Willy's jeep. Ginamit ito ng mga Amerikano noong liberasyon, nang palayain nila tayo sa pananakop ng mga Hapones.

Bunga ng kakapusan ng sasakyan noong digmaan ay binili ng ilang negosyanteng Pilipino ang mga nalalabing Willy's jeep ng mga Amerikano. Kabilang dito sina Leonardo Sarao, Anastacio Francisco, Legaspi at Magsikap na pawang may pag-aari ng planta sa Zapote at Las Piñas. Binago nila ang kabuuan ng Willy's jeep upang higit na marami ang mailulan dito. Pagkatapos ay pinintahan nila ito, nilagyan ng sari-saring disenyo at palamuti, at ginayakan ng parang sarili nilang bahay.

Ang naging resulta ay ang mga jeepney na madalas nating makita at sakyan araw-araw; mga tila umaandar na art gallery. Kung minsan sa harapan nito ay may estatwang metal tulad ng kabayo, manok, at ibon. Mayroon ding banderitas na plastik, antenang pagkahaba-haba, at kung anu-ano pang sabit-sabit. Sa loob naman nito ay karaniwang bubulaga sa iyo ang sari-saring *graffitti*: "God knows hudas not pay," "Hindi baleng pangit, huwag lang masungit", "Pakiipit nang Huwag Masilip", "Barya po Lamang". May kurtina ang mga bintana nito at mayroon pang munting altar na masasabitan ng mga sampagita at everlasting sa may dakong *driver's seat*. Sa kabuuan isinasalarawan ng jeepney ang mga likas na kaugaliang Pilipino – ang pagiging relihiyoso, masayahin, romantiko, artistiko, masining at malikhain.

Pinakapopular na sasakyang panlupa ang jeepney, kaya nga tinaguriang "*king of the road*." Alin nga bang sasakyan ang nakasisingit sa masikip na daan? Alin nga bang sasakyan ang naisasabak sa mahabang paglalakbay? Alin pa nga ang pinakamura't mainam na sakyan kundi ang jeepney. Kaya...........Soria! Soria! Isa na lang lalakad na.

*Hango sa "Larawan 5" pp. 221-222*

| | |
|---|---|
| Leonardo Sarao | jeepney |
| Thomas Alba Edison | bombilya |
| Agapito Flores | flourescent lamp |
| Benjamin Almeda Jr. | Gilingan ng bigas<br>Waffle maker<br>Kudkuran ng niyog |

Tagubilin: Maaaring palitan ng guro ang mga tao at imbensyon ng mga higit na makabago.

Mas mabuti kung ang gagamitin ay mga Pilipinong imbentor.

# Aralin 4 – Entreprenur na si Ernie

| | |
|---|---|
| **Batayang Mensahe** | : Ang pag-eentreprenur ay isang pakikipagsapalaran. |
| **Batayang Pagpapahalaga** | : Pagkamakabansa |
| **Kaugnay na Pagpapahalaga** | : Pambansang Pagkakakilanlan at Pagmamalaki |
| **Bilang ng Araw ng Pagtalakay** | : 2 |

## Layunin

Naipakikita ang namumukod at kanais-nais na katangiang Pilipino

Halimbawa:

- Pagtataglay ng lakas ng loob

## Mga Kagamitan

Tsart ng maikling kalagayan o mga sipi na sapat sa bilang ng mag-anak

Tapos si Ernie ng Komersiyo sa isang tanyag na pamantasan sa Maynila at nakasulit sa Serbisyo sibil. Namasukan siyang kawani sa isang bangko. Kaalinsabay nito'y nag-aalaga siya ng dalawang baboy. Pinalaki niya ang mga ito at ginawa niyang inahin.

Tuwang-tuwa siya nang manganak ang mga ito. Ang isa sa inahin ay may walong biik at siyam naman ang isa. Labimpitong lahat ang mga biik.

"Maraming oras ang kailangan ng mga ito para mabuhay," naisaloob niya.

Matanda na rin naman si Mang Lucio na kanyang ama. Para lubos na makatulong sa kanyang ama, ipinasiya niyang iwan ang bangko at harapin ang pagbababuyan. Hindi nagkamali si Ernie sa kanyang naging pasiya. Sa mabuti niyang pag-aalaga at sa tulong ng beterinaryo, ang mga biik ay naipagbili niya sa halagang isang libo at limandaang piso ang bawat isa.

Sa kasalukuyan ay may labindalawa siyang inahin at palibhasa'y malaki ang kanilang looban, hindi lamang pag-aalaga ng mga baboy ang kanyang hinarap kundi pagmamanukan at paghahalaman ng mga halamang-gamot. Dumalaw ka kina Ernie anumang oras at isasalaysay niya sa iyo nang taas-noo ang pinagmulan ng maganda at matatag niyang pamumuhay

Hango sa "Liwanag 5' p. 206

## Pamamaraan

### Panimulang Gawain

### Pagganyak

- Malakas ba ang inyong loob? Paano ninyo maipakikita na malakas ang inyong loob?

### Panlinang na Gawain

(Pangkatin ang klase na ang bawat pangkat ay may anim (6) hanggang walo (8) kasapi)

### Paglalahad

- Basahin ninyo ang maikling kuwento na ibibigay sa bawat pangkat. Pag-usapan kung tama o mali ang ginawang desisyon ng pangunahing tauhan sa kuwento.
- Magkaroon ng *buzz session* ang bawat pangkat. Maaari ring magkaroon ng pagdedebate sa naging desisyon ni Ernie.
- Isang pangkat ay sang-ayon sa pasya ni Ernie at ang isang pangkat naman ay hindi sang-ayon.
- Pagbibigay-ulat ng bawat pangkat sa nabuong opinyon.


## Pagtalakay

- Ano ang trabaho ni Ernie?
- Ano ang inaalagaan niya?
- Bakit niya iniwan ang kanyang trabaho?
- Tama ba ang kanyang naging desisyon? Pangatwiranan ang iyong sagot.
- Paano niya pinalago ang kanyang negosyo?
- Anong namumukod at kanais-nais na katangiang Pilipino ang taglay ni Ernie?
- Dapat ba siyang tularan? Bakit?

## Pangwakas na Gawain

### Paglalahat

Bumuo tayo ng mga kaisipan batay sa aralin. Piliin sa *concept map* kung alin ang dapat gamitin sa patlang ng pangungusap




Ang pag-eentreprenur ay isang ____________________________
Ang pag-eentreprenur ay nangangailangan ng __________________

**Paglalapat**

Hayaan ang ilang bata na magsalaysay tungkol sa kakilala nila sa pamayanan na nagpakita ng lakas ng loob na makipagsapalaran sa pagnenegosyo.

**Pagtataya**

Panuto: Pangkatin ang klase sa tatlo. Ipasadula sa bawat pangkat ang kuwento ng buhay ni Ernie. Gamitin ang *score card* sa ibaba sa pagbibigay ng tamang marka sa bawat pangkat.

| | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| A | B | C | D | E | F | G | H | I | J | K | L | M | N |
| 1 | 2 | 3 | 4 | 5 | 6 | 7 | 8 | 9 | 10 | 11 | 12 | 13 | 14 |
| N | NG | O | P | Q | R | S | T | U | V | W | X | Y | Z |
| 15 | 16 | 17 | 18 | 19 | 20 | 21 | 22 | 23 | 24 | 25 | 26 | 27 | 28 |

Mensahe

| | | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 12 | 9 | 14 | 9 | 21 | 9 | 14 | | 1 | 7 | 1 | 4 | | 1 | 14 | 7 |
| L | I | N | I | S | I | N | | A | G | A | D | | A | N | G |

| | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 11 | 7 | 1 | | 7 | 1 | 13 | 9 | 22 | | 23 | 18 | 1 | 14 | 7 |
| M | G | A | | G | A | M | I | T | | U | P | A | N | G |

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 13 | 1 | 11 | 1 | 22 | 9 | 18 | 9 | 4 |
| M | A | K | A | T | I | P | I | D |

**Takdang Aralin**

Kapanayamin ang isang entreprenur/negosyante at tanungin kung paano sila naging maunlad. Iuulat ito sa klase bukas.

## Aralin 5 – Enerhiya: Matitipid nga ba?

**Batayang Mensahe** : Maraming paraan ng pagtitipid
Maagang simulan ang pagtitipid upang may magasta sa kinabukasan

**Batayang Pagpapahalaga** : Pangkabuhayan

**Kaugnay na Pagpapahalaga** : Pagtitipid
Matalinong Paggamit ng Pinagkukunang-yaman

**Bilang ng Araw ng Pagtalakay** : 2 araw

## Mga Layunin

1. Naipakikita ang matalinong paggamit ng enerhiya
2. Natutukoy ang mga paraan ng pagtitipid ng enerhiya

### Kagamitan

– Tsart ng tulang "Enerhiya'y Tipirin," Mga sobreng may lamang pira-pirasong kardbord na may nakatatak na E N E R H I Y A
– Tsart ng Pagtataya
– PELC, EP V # 1.1 p. 25

## Pamamaraan

### Panimulang Gawain

#### Pagganyak

1. Pangkatin ang klase. Bubuuin ng walong kasapi ang bawat pangkat.
2. Bigyan ang bawat pangkat ng sobreng naglalaman ng 8 piraso ng kardbord na kapag nabuo ay magbibigay ng salitang E N E R H I Y A.
   Sabihin sa bawat pangkat na isa-isang kukuha sa sobre ang mga kasapi ng isang kardbord na may nakasulat na letra upang makabuo ng salita na ukol sa pinagkukunang-yaman. Kapag nabuo na ang salita ay pumalakpak ang pangkat. Ang unang matatapos at pumalakpak ang magwawagi.
3. Itanong: Anong salita ang inyong nabuo?

## Panlinang na Gawain

### Paglalahad

Sa inyong palagay, kaya ba nating magtipid ng enerhiya? Alamin natin sa tulang babasahin ngayon.

ENERHIYA'Y TIPIRIN

Sa loob at labas ng ating tahanan,
Ang gamit ng enerhiya laging namamasdan
Pagkat lahat yata ng ating kasangkapan,
Upang mapaandar, enerhiya ang kailangan.

Dahil sa kahalagahan ng enerhiya sa atin
Nararapat lamang na paggamit ay tipirin
Gamitin nang wasto kasangkapan natin
Tiyak na enerhiya laging sasaatin.

Ilaw, radyo, telebisyon di dapat laging bukas
Kapag wala namang taong nangangailangan
Maglaba't mamalantsa nang maramihan
Upang gamit ng enerhiya'y mabawas-bawasan.

Palaging pagbubukas ng refrigerator
Iwasan kung nais mong magbawas ng gastos
*Air conditioner* ay di na dapat buksan
Kung malamig naman ang kapaligiran.

Paggamit ng enerhiya ay natitipid din
Kung wasto ang paggamit ng kasangkapan natin
Perang matitipid maaaring gamitin
Sa iba pang mga pangangailangan natin.

*V.V.Ambat*

**Pagtatalakayan**


Itanong:

1. Tungkol saan ang tula?
2. Ano ang ipinahihiwatig ng unang saknong ng tula?
3. Anu-anong kasangkapan/kagamitan ang nangangailangan ng enerhiya upang mapaandar?
4. Ano raw ang dapat gawin sa enerhiya?
5. Sa anu-anong paraan daw makatitipid ng enerhiya ayon sa tula?
6. Bakit mahalagang tipirin ang enerhiya?
7. Kailan ba tayo dapat magtipid ng enerhiya?
8. Makatutulong ba sa kinabukasan ng mga kabataan ang matalinong paggamit ng enerhiya? Patunayan.

**Pangwakas na Gawain**

**Paglalahat**

Isulat sa 'tinik ng isda' ang mga gawain nating nagpapakita ng matalinong paggamit ng enerhiya.




Anu-anong mahalagang-aral ang natutunan ninyo batay sa ating tinalakay?

**Paglalapat**

Punan ang patlang upang makabuo ng isang makabuluhang pangungusap.

- Ako ay makatutulong sa pagtitipid ng enerhiya sa pamamagitan ng ______________________.

- Isang paraan ng pagtitipid ang ____________________.

## Pagtataya

Panuto: (Pasulat) Basahin ang maikling kalagayan at sagutin ang tanong.

Sa bahay ng isang mayamang mag-anak, ang bawat silid ay may telebisyon. Paano kaya ang kanilang gagawin upang makatipid sa enerhiya?

Panuto Tseklis: Lagyan ng tsek ang kolum na tumutugon kung gaano kadalas mo ginagawa ang gawaing nakatala

| Gawain | Palagi | Madalas | Paminsan-minsan |
|---|---|---|---|
| 1. Pinapatay ang ilaw kung matutulog na. | | | |
| 2. Iniiwasan ang madalas na pagbubukas at pagsasara ng *refrigerator.* | | | |
| 3. Pinapatay ang telebisyon kung nagkukwentuhan. | | | |
| 4. Tinatanggal sa saksakan ang *electric fan* kung aalis at kung hindi gagamitin. | | | |
| 5. Hindi na ginagamit ang *washing machine* kung mga panyo at malilit na bagay lamang ang lalabhan. | | | |

## Takdang Aralin

Isulat sa kalahating piraso ng papel ang iyong pangako upang makatipid sa paggamit ng enerhiya. Dito ikuwento o isalaysay kung paano ang matalinong paggamit ng enerhiya.

## Aralin I: Sa Maliit Nagsisimula

| | | |
|---|---|---|
| **Batayang Mensahe** | : | Mahalaga ang pag-eentreprenur sa pag-unlad ng kabuhayan |
| **Batayang Pagpapahalaga** | : | Pagiging Produktibo |
| **Kaugnay na Pagpapahalaga** | : | Pagpapaunlad ng Kabuhayan |
| **Bilang ng Araw** | : | 2-3 |

## Layunin

1. Naisasagawa ang pagpapalaganap ng konsepto na ang mag-anak ay nakapagsisimula ng kapaki-pakinabang na proyektong pantahanan at pangkabuhayan
2. Napahahalagahan ang pag-eentreprenur sa pag-unlad ng kabuhayan

**Kagamitan**

Editoryal Kartun
Mga larawan (dalawang mukha ng buhay)

## Pamamaraan

### Panimulang Gawain

#### Pagganyak

1. Ipakita sa mga bata ang isang editoryal kartun, larawang ginupit, o kinuhang larawan na nagpapakita ng dalawang mukha ng buhay (pagiging mahirap at nakaaangat) o mga larawang nasa ibaba.

A



B



2. Paghambingin ang dalawang larawan. Itanong:

- Ano ang masasabi ninyo sa Larawan A? Larawan B?
- Ano ang hinuhang mabubuo sa dalawang larawan?

## Panlinang na Gawain

### Paglalahad/Pagtatalakayan

1. Ipakita ang larawan. Sabihing ang nasa larawan ay si Kristine.

2. Itanong:

   - Ano ang ginagawa ni Kristine?
   - Bakit niya ito ginagawa?



3. Ipabasa ang maikling kwentong nakasulat sa tsart.

**Sa Maliit Nagsisimula**

Lumalaki na ang pamilya nina Kristine. Noong nakaraang araw ay nanganak ang kanyang ina sa ikalima niyang kapatid. Nararamdaman ni Kristine ang hirap ng buhay. Dahil rito, maingat at matiyaga siyang naglalakad pagpasok sa paaralan at pag-uwi ng bahay nang hindi alam ng kanyang mga magulang. Iniipon niya ang kanyang baon dahil gusto niyang makatulong sa kanyang mga magulang.

Nang makaipon na siya ng sapat na halaga, kinausap niya ang kanyang ina. Ipinaliwanag niya sa ina na maaari silang makapagsimula ng kapaki-pakinabang na gawaing pangkabuhayan sabay abot sa ina ng perang naipon niya.

Napaiyak sa tuwa ang kanyang ina. Ipinagmamalaki niya ang kanyang anak.

4. Ipasagot ang mga sumusunod:
   a. Pagtalakay sa Kwento
      1) Kaninong pamilya ang lumalaki na ang bilang?
      2) Ilang magkakapatid sina Kristine?
      3) Ano ang napansin at naramdaman ni Kristine tungkol sa lumalaki nilang pamilya?
      4) Ano ang naisip niyang gawin na hindi alam ng kanyang mga magulang?
      5) Bakit napaiyak sa tuwa ang kanyang ina?

   b. Pagpapasya
      1) Kung ikaw si Kristine, magagawa mo rin bang maglakad sa pagpasok sa paaralan at pag-uwi para lamang makaipon?
      2) Sa murang gulang ni Kristine, kailangan ba niyang magsakripisyo para sa kanyang pamilya? Bigyan mo ito ng katwiran.

   c. Subukin ang sarili

   Panuto: Sagutin ng <u>Opo</u> kung tama at <u>Hindi po</u> kung mali.

   1) Mayayaman lamang ang magtatagumpay sa negosyong pangkabuhayan dahil may pera sila.
   2) Ang mag-anak ay maaaring makapagsimula ng kapaki-pakinabang na gawaing pangkabuhayan.
   3) Hindi masama ang kaisipang pagsisimula ng kapaki-pakinabang na kabuhayan.
   4) Ang maliit na pagkakakitaan ay hindi nangangailangan ng malaking puhunan.
   5) Ang konsepto ng pagsisimula ng maliit na pagkakakitaan ay dapat na binibigyan ng pansin ng mag-anak.

5. Pangkatang gawain

a. Magkunwaring isang mag-anak ang bawat isang pangkat. Ang bawat isang bata ay may gagampanang papel bilang miyembro ng pamilya. Sila ay mag-uusap upang bumuo ng isang proyektong pantahanan at pangkabuhayan. Sundin ang balangkas

Pangalan ng Proyekto

I. Gawain ng mga miyembro sa pagsasaliksik ng negosyong itatayo
   A.
   B.
   C.
   D.
II. Gawain ng mga miyembro sa paglikon ng puhunan.
   A.
   B.
   C.
   D.
III. Gawain ng mga miyembro sa pagpapatakbo ng negosyo
   A.
   B.
   C.
   D.
IV. Kapakinabangan ng proyekto sa mag-anak
   A.
   B.
   C.
   D.

b. Ipaulat sa klase ang kanilang nagawang plano.

c. Patnubayan ang mga bata sa pagbuo ng makatotohanang plano o balak.

## Pangwakas na Gawain

### Paghahalaw

Patnubayan ang mga bata sa pagbuo ng kaisipan.

- Ang bawat isa ay may karapatang magsimula ng kapaki-pakinabang na proyektong pantahanan.
- Kinakailangan ang puhunan upang makapagsimula ng proyektong pangkabuhayan.
- Ang pagtutulungan ay kailangan upang makapagsimula ng proyekto.

## Paglalapat

Ipaguhit sa mga bata ang larawan ng isang mag-anak na sama-samang kumikita sa kanilang pagsisimula ng proyekto. Pagkatapos ay gupitin itong katulad ng isang *puzzle*. Maaaring magpalitan ng *puzzle* ang mga grupo at magkaroon ng laro.

## Pagtataya

Pasagutan ang tseklis.

| **Gawain** | **Oo** | **Hindi** |
|---|---|---|
| 1. Makikipagtulungan sa pagsasaliksik ng kapaki-pakinabang na negosyo. | | |
| 2. Magiging bahagi ng mag-anak sa paglikom ng kinakailangang puhunan. | | |
| 3. Magsisikap na mapaunlad ang pantahanang kabuhayan. | | |

## Aralin 2: Ikaw ang Idol Ko

| | |
|---|---|
| **Batayang Mensahe** | : Ang pag-eentreprenur ay isang pakikipagsapalaran |
| **Batayang Pagpapahalaga** | : Paggalang sa Karapatang Pantao |
| **Kaugnay na Pagpapahalaga** | : Pagkakapantay-pantay ng Tao |
| **Bilang ng Araw** | : 3-4 |

## Layunin

1. Nakikilala ang mga katangiang makatutulong sa pagkakamit ng tagumpay
2. Nasasabi ang kahalagahan ng pag-eentreprenur bilang isang pakikipagsapalaran

### Kagamitan

*Puzzle* – larawan ng *hamburger* na ginupit nang maliliit (anim na set) *activity card*, papel sa pagguhit
PELC EP 6 # 3.1

## Pamamaraan

### Panimulang Gawain

#### Pagganyak

1. Itanong sa mga bata kung anong pagkain ang paborito nila? Bakit?

2. Hatiin ang mga bata sa anim na pangkat ayon sa kanilang gustong kagrupo. Ibigay ang mga *jigsaw puzzle*. Bigyan sila ng tatlong minuto upang buuin ang *jigsaw puzzle*. Pasigawin ng "Yes" ang grupo kung tapos na. Ipataas ang kamay ng mga bata kapag ubos na ang itinakdang oras, tapos man o hindi.

3. Ipasagot ang mga tanong sa pangkat.
   a. Natapos ba ang gawain sa takdang oras?

b. Nahirapan ba kayong magsimula?
c. Nahirapan ba kayong magbuo?
d. Ano ang mga katangiang kailangan upang magtagumpay?
e. Natakot ka bang makipagsapalaran? Bakit? Bakit hindi?

## Panlinang na Gawain

### Paglalahad

1. Pangkatin ang klase sa tatlo.
Bigyan ang bawat pangkat ng tig-iisang babasahin. Pag-usapan ito at sagutin ang mga tanong na nakapaloob dito.

**Babasahin 1**

*(Halaw mula sa talumpating binigkas ni Teresita T. Sy sa Management Association of the Philippines (MAP), Oktober 19, 2005-Inquirer News Service)*

Ang aming kompanya, ang SM, ay nagmula sa pagtitiyaga ng aking ama, si Henry Sy Sr. Ito ay isang "rags to riches" na kwentong kahit ako ay di ko maintindihan hanggang sa ako ay pumunta sa China upang bakasin ang kanyang pinanggalingan.

Si Henry Sy ay nagsimula sa ibaba. Mula sa murang gulang na 12 nang dumating sila sa Pilipinas, siya ay nagtrabaho ng 12 oras araw-araw upang tumulong sa kanyang ama sa itinayong maliit na tindahang sari-sari. Upang madagdagan ang kita ay ginawa niyang mailagay ang mga paninda sa malilit na lalagyang katulad ng *sachets* o pakete ngayon. Naging higit pa sa doble ang kanyang kinita ngunit nawalan na siya ng oras sa pakikipaglaro sa kanyang mga kaibigan.

Nang dumating ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, ang tindahan ay sinunog matapos nakawan. Ginawa nyang mag *buy and sell* ng kung anu-ano upang mabuhay ang kanyang mag-anak. Minsan ay tinamaan siya ng pira-pirasong bahagi ng dinamita habang nagtitinda ngunit suwerte namang nadala siya sa pagamutan ng isang kaibigan sa pamamagitan ng kariton. Namatay na sana siya sa kawalan ng dugo. Matapos ang digmaan ay ginawa niyang kapartner sa tindahan ng sapatos ang kaibigang nagligtas sa kaniya. Ang kanilang samahan ay tumagal ng 40 taon.

Ang tindahang ito ay naging tatlo pa. Noong mga unang bahagi ng 50's ay muli siyang nag-isip upang madagdagan ang kanyang kita.


Pinag-aralan niya ang merkado o pamilihan. Noong 1972 ang unang SM na pawang sapatos lamang ang itinitinda ay binuksan.

Ang unang mall na itinayo noong 1983 ay hinulaang babagsak ngunit dahil sa kanyang pagtitiyaga at pag-asa sa mabuting ibubunga ng negosyo, nakapagbukas pa siya ng *department store* at *supermarket* noong 1985.

2. A. Itanong:
   - Anu-ano ang mga katangian ng isang entreprenur?
   - Magbigay ng mga ebidensya ng mga katangiang ito.

   B. Gumawa ng *Character Webbing*. Tularan ang dayagram sa ibaba.

   C. Iulat ang kinalabasan sa klase.



**Babasahin 2**

*Sinipi mula sa http://philippines.usaid.gov/oedg-success-ofw.php (Abril 29, 2007)*

Dati siyang personal na dama ng isang Arabyanong prinsesa. Ngayon ang pakiramdam niya'y prinsesa siya. Ang *fairy tale* na ito ay nagsimula sa P5,000.00 utang sa BINHI.

Nang nagsimula ang krisis sa Golpo noong 1991, kabilang si Gng. Natividad Regis na napilitang umuwi sa Pilipinas, dahilan sa kawalan ng trabaho at pagkakakitaan.

Sa kanyang pag-uwi ay nakita niyang ang kita ng kanilang bukid ay kulang na kulang sa pang-araw-araw na gastusin. Nagdesisyon siyang magtinda ng lutong ulam sa palengke at maliit na groserya sa kanyang bahay sa Barangay Buntay.

Sa pagnanais niyang umunlad ang kanyang pamumuhay ay nangutang siya ng P5,000.00 sa BINHI, isang uri ng pautang sa ilalim ng pangangasiwa ng Rural Bank of Dulag. Dahil sa ang BINHI (Bangko ngan Ikaw Nagbibinuligay para Han Ikakaasinso), na ang ibig sabihin mula sa salitang Waray ay "bangko at ikaw ay nagtutulungan para sa pag-asenso" ay nakapagbukas siya ng karinderya sa palengke. Sa tabi nito ay nagtayo siya ng maliit na groserya. Dahil sa kilala siya sa paggawa ng muron (kakaning gawa sa malagkit at gata ng niyog) itininda niya rin ito sa kanyang karinderya.

Ngayon ay maganda na ang takbo ng kanyang negosyo makaraan ang tatlong ulit niyang pangungutang. Mayroon na siyang naiipon sa bangko at maayos na ang kanilang kabuhayan.

**Babasahin 3**

*Hinalaw mula sa aklat na NEGOSYO 50 Inspiring Entrepreneurial Stories ni Joey Concepcion pp. 222-227*

*"Well maybe because of yang mga Internet*, mga computer na 'yan, medyo naiiba," sabi niya noong 2004. "Pero still: the patience the *perseverance*, talagang *focus, I think it's still applicable*, di ba? Yung sipag, yung *interest to do it – attitude*, oo *it's all still necessary*."

Yan ang pangwakas niyang mensahe nang siya ay kapanayamin para sa aklat na magpapakilala ng 50 matagumpay na entreprenur.


Sa edad na 82, si Socorro "Nanay" Coring Ramos ang siya pa ring nananatiling Punong Tagapamahala ng *National Book Store.*

Ipinanganak si Maria Socorro Cancio sa Sta. Cruz, Laguna noong Setyembre 23, 1923 sa mag-asawang may tindahang sari-sari. Nakita niya sa simula pa lamang kung paano nalugi ang tindahan ng kanyang lola dahil sa mga utang ng mga mamimiling kahit kailan ay di nailista.

Nasa Baitang III siya nang mamatay ang kanyang ama. Ang bigat ng pagpapalaki sa anim na anak ay naatang sa kanyang ina. Masuwerte nang pumasok si Coring na may baong isang sentimo. Nagkunwari siyang 18 taong gulang upang makapagtrabaho sa pagawaan ng kendi at babolgam. Di niya inisip ang hirap at mahabang oras. Iniisip niya ang kinabukasan. Minsan siya ay inupahan para tanggalin ang mga inaamag na balat ng lumang sigarilyo upang ang mga ito ay gawing sigarilyong muli. Siya ay tumangap ng singko o limang sentimos sa bawat pakete. Inupahan niya ang mga bata sa kanilang kapitbahay ng singko sa bawat dalawang pakete ng sigarilyong nabalatan. Tumubo siya rito. Siya ay sampung taong gulang pa lamang noon.

D. Pag-uulat ng bawat pangkat

Gumawa ng panlahatang pagtalakay. Muli ay gagamit ng *character webbing*.



### Pagtatalakayan

1. Itanong:
   a. Ano ang mga katangiang nakatutulong sa pagkakamit ng tagumpay?
   b. Paano nakatutulong ang mga katangiang ito?
   c. Paano ipinakikita ang mga katangiang ito?

2. Pagpapasya
   a. Kapuri-puri kaya ang mga taong inyong nabasa? Bakit oo? Bakit hindi?
   b. Sino sa tatlong entreprenur ang nais mong tularan? Ipaliwanag ang iyong sagot.
   c. Kung ikaw ang magiging entreprenur, anu-ano naman ang katangiang gusto mong taglayin at ipakikita upang ikaw ay magtagumpay pagdating ng tamang panahon?

3. Subukin ang sarili

Panuto: Lagyan ng tsek (✓) ang mga katangiang maaari mong taglayin upang magtagumpay at ekis (x) kung hindi.

______ a. masinop
______ b. matiyaga
______ c. tamad
______ d. burara
______ e. matipid
______ f. hindi takot sumubok
______ g. maagap
______ h. mahilig mamasyal
______ i. maling paggasta ng pera
______ j. mahusay makiharap sa tao

## Pangwakas na Gawain

### Paghahalaw

Patnubayan ang mga bata upang:
- mailarawan ang konsepto ng tagumpay.
- makilala ang mga katangiang nakatutulong sa pagkakamit ng tagumpay.

#### Paglalapat

1. Ipagawa ang mga sumusunod:

a. Gumuhit ng kartung editoryal na nagpapakita ng mga katangiang nakatutulong sa pagkakamit ng tagumpay.

b. Magkaroon ng pangkatang pag-uusap tungkol sa mga iginuhit.
   - Paggamit ng mga tamang simbolo
   - Tamang pagpapaabot ng mensahe

c. Idikit sa bulletin board o sa dingding ang mga iginuhit na kartung editoryal.

2. Pumili ng tatlong katangi-tanging kartung editorial.

## Pagtataya

Isulat ang **S** kung sang-ayon ka sa sinasabi at **DS** kung di sang-ayon.

____________ 1. Kapaki-pakinabang ang tamang pangangasiwa ng oras, pera, at kagamitan.

____________ 2. Madaling umunlad ang mga taong marunong magtipid, matiyaga, at masipag.

____________ 3. Nakatutulong ang isang huwaran sapagkat siya ang nagbibigay sa atin ng inspirasyong magtiyaga hanggang sa maabot natin ang tagumpay.

____________ 4. Tanging edukasyon ang kailangan upang umasenso ang isang tao.

____________ 5. Mahirap taglayin ang mga katangian ng isang matagumpay na tao.

____________ 6. Taglay na natin ang mga katangian sa pagtatagumpay mula sa pagkabata.

____________ 7. Ang ipinanganak na mayaman ay hindi na kailangang taglayin ang mga katangiang nakatutulong sa pagtatagumpay dahil sa mayaman na sila.

## Takdang Aralin

Maghanap ng isang (1) taong kakilala sa inyong lugar na naging matagumpay na entreprenur. Kapanayamin siya at alamin kung paano sila umasenso.

# Aralin 3: Maliliit na Industriya

| | | |
|---|---|---|
| **Batayang Mensahe** | : | Kapag ang pagtitipid ay nasa isipan at damdamin ng mga bata, inaasahang may pag-unlad sa hinaharap ang mga ito. |
| **Batayang Pagpapahalaga** | : | Pagkakapantay-pantay ng Tao |
| **Kaugnay na Pagpapahalaga** | : | Paggalang sa Karapatang Pantao |
| **Bilang ng Araw** | : | 2 |

## Layunin

1. Naiisa-isa ang mga katangian ng mga taong nagtagumpay sa pangangasiwa ng industriya. Hal.: pagiging masipag, pagiging matipid

### Kagamitan

Mga Sitwasyon: Ang Magsasapatos, Ang Manggagawa sa Kakanin, Ang Magbabasura
PELC: EP 3.2 p.15

## Pamamaraan

### Panimulang Gawain

#### Pagganyak

1. Itanong:

- May alam ba kayong maliliit na industriya sa inyong lugar tulad ng paggawa ng mga walis, bag, sombrero, o mga minatamis, mga kakanin? Ilarawan ito.
- Bakit ang ibang namumuhunan ay nagtatagal at ang iba ay nawawala o natitigil?
- Paano nila napananatiling matagumpay ang kanilang sinimulang maliit na negosyo?

**Panlinang na Gawain**

1. Pangkatin sa tatlo ang mga mag-aaral. Bigyan ng kard ng gawain ang bawat pangkat kung saan nakasulat ang sitwasyon.

Sitwasyon 1:

**Ang Magsasapatos**

Sa kanyang bahay lamang ang pagawaan ng sapatos, tsinelas, at sinturon ni Mang Ben. Limang tao ang inuupahan niyang manggagawa. Matiyaga niyang sinusuri at tinitingnan ang bawat sapatos, tsinelas, o sinturon. Sinusuri niya kung tama ang pagkakatahi at pagkakadikit ng mga bahagi. Mura lang niya nabibili ang mga balat o katad.

Ang pinagtabasan ng katad para sa sapatos ay ginagamit sa paggawa ng tsinelas. At ang natitira ay ginagawan ng paraan upang mabuong sinturon. Sa lahat ng pagkakataon, kung makatitipid ay nagtitipid si Mang Ben. Kaya naman, mababa na ang halaga ng produkto nila matibay pa. Dahil sa mataas na kalidad ng mga sapatos, tsinelas, at sinturon ni Mang Ben, marami siyang kostumer sa tindahan.

Sitwasyon 2:

**Ang Manggagawa ng Kakanin**

Maagang nabiyuda si Aling Merang. Dalawa ang kanyang anak, kaya sa kanya naatang ang responsibilidad sa pagpapalaki at pagpapaaral ng mga ito. Ginamit niya ang kahusayan sa pagluluto ng suman, puto, at biko. Umupa siya ng maliit na espasyo sa palengke at doon siya nagtinda ng mga kakanin.

Lahat ng paraan ng pagtitipid ay ginagawa niya. Naghahanap siya ng mabibilhan ng murang malagkit, niyog, at asukal na ginagamit niya sa paggawa ng kakanin. Noong buhay pa ang asawa mahilig siyang manood ng sine. Ngayon ay di na siya nanonood upang makatipid. Sa TV na lang siya nakakapanood ng mga palabas.

Naipamana niya sa kanyang mga anak ang pagtitipid sa mga gamit at maging sa oras. Nang lumaon katulong na ni Aling Merang ang mga anak. Nakapagluluto na rin sila ng iba't ibang kakanin tulad ng kalamay, bibingka, espasol, at sapin-sapin na nakaaangat sa lasa at sarap. Nagkaroon na rin siya ng sariling puwesto. Maaaring umorder sa kanila kapag may mga okasyon at handaan.

Sitwasyon 3:

**Ang Magbabasura**

Tuwing mapupunta sa bayan si Vergel ay napapadaan siya sa *junk shop* ng Intsik na si Lao Chung. Naging palaisipan sa kanya ang mga tambak ng lumang dyaryo, tanso, sirang gamit na yari sa aluminyo, at plastik. Napag-alaman niyang ang mga ito ay hindi lang basta basura kundi mapagkakakitaan din.

Sa simula ay namumulot si Vergel ng mga plastik, mga sirang gamit na yari sa tanso o aluminyo, at mga pira-pirasong lata at dinadala kay Lao Chung upang ipagbili. Nang lumaon ang halagang napagbibilhan niya ay tinitipid niya hanggang sa makaipon siya. Ginamit niya ito sa pagbili ng mga patapong gamit, lumang dyaryo, at iba pang mga pagkakakitaang basura. Natutuhan niya ang pagbabahay-bahay upang makatipid. Kung minsan, halos ipamigay na sa kanya ang mga sirang gamit.

Naging inspirasyon niya ang junk shop ni Lao Chung. Di naglaon nagtayo na rin siya ng sariling bodega ng basura sa maliit na espasyo sa bakuran nila. Sa madaling sabi, lumaki ang junk shop ni Vergel. Hindi siya nakatapos ng pag-aaral dahil sa pagkalulong sa pagbili at pagtitinda ng mga mapagkakakitaang basura. Ngunit isa na rin siyang maunlad na may-ari ng junk shop.

2. Ipabasa sa pisara ang mga katanungang sasagutin ng bawat pangkat batay sa sitwasyong naibigay sa kanila.
    a. Paano naipakita ang katangiang pagtitipid sa sitwasyon? Ipaliwanag.
    b. Namamana rin ba ang katangian sa pagnenegosyo? Bigyan ng katwiran ang sagot.
    c. Paano nila napananatili ang kanilang negosyo kahit maliit?
    d. Anu-anong iba pang katangian maliban sa pagtitipid ang naipahihiwatig ng mga sitwasyon? Patunayan.

## Pangwakas na Gawain

### Paglalahat

Gabayan ang mga mag-aaral sa pagbubuo ng paglalahat.

- Ang pagtitipid kapag naisaisip at naisadamdamin, may pag-unlad na mararating.

- May magagandang huwaran sa buhay ang mga nagtatagumpay sa pangangasiwa ng industriya.

## Paglalapat

1. Bigyan ng katuwiran ang sumusunod na mga katangian.

    - Matipid sa pagbili ng gamit
    - Matiyaga sa gawain

2. Alin sa mga katangiang nasa loob ng parihabang kahon ang di-kanais-nais sa negosyo? Paano nakatutulong ang mga kanais-nais na katangian sa industriya?

| | | |
|---|---|---|
| matiisin<br>walang hilig sa gawain<br>matipid<br>matiyaga | malakas ang loob<br>walang malasakit sa kapuwa<br>mainipin<br>walang sistema<br>takot sa responsibilidad<br>walang tiwala sa sarili | masipag<br>bulagsak<br>may bisyo<br>makupad kumilos |

3. Magdagdag pa ng mga katangian upang maging matagumpay na mamumuhunan.

## Pagtataya

Ipasagot ang pagtataya nang pasalita:

1. Sa mga napag-aralang sitwasyon may pananagutan ba ang mamumuhunan sa kalidad ng produkto?
   (Meron po, sapagkat kung kanyang bibigyan ng pansin ang pagkakagawa o pagkakayari ng produkto, lalabas na matibay, maganda o masarap ang produkto.)

2. Sa sitwasyong "Ang Manggagawa ng Kakanin" paano naipakita ang pagkamalikhain? (Ang naiibang lasa at sarap ng kakanin)

3. Paano nakatutulong ang kasipagan at katapatan sa maliliit na negosyo? (Nagiging maayos at mabunga ang paggawa)

4. Kung may pagkakataon maaari ka rin bang maging entreprenur? (Tanggapin ang anumang isasagot ng mga bata.)

## Takdang Aralin

Kumalap ng kwento o lathalain sa mga bago o lumang babasahin na nagtatampok sa isang negosyante.

Basahin, gupitin, at idikit sa malinis na papel. Isulat ang napulot na aral sa ibaba ng kwento. Ipakita sa guro.

## Aralin 4: Okey ba sa Inyo?

| | |
|---|---|
| **Batayang Mensahe** | : Mahalaga ang disiplina sa pagsasakatuparan ng inihandang badyet (pansarili, pangmag-anak at pansamahan) |
| **Batayang Pagpapahalaga** | : Katotohanan |
| **Kaugnay na Pagpapahalaga** | : Katotohanan at Pagpaparaya |
| **Bilang ng Araw** | : 2 |

## Layunin

1. Naibibigay ang tamang desisyon para sa kabutihan ng nakararami batay sa ginawang pagsusuri

### Kagamitan

Larawan o totoo: *branded rubber shoes*, *school shoes*, *school bag*, *kikay bag*, *credit card*
Tsart ng mga ehersisyo, *organize*r
Komiks mula sa Bangko Sentral : Ang Halaga ng Pagporma
PELC # 2.1

## Pamamaraan

### Panimulang Gawain

### Pagganyak

1. Itanong:
   - Nakaranas na ba kayong pumili ng nais ninyong bilhing gamit? Ano ang naibigan ninyo dito?

2. Ipakita ang mga pares na larawan.

Halimbawa:
- isang pares ng *branded* na sapatos at isang pangkaraniwang sapatos o ordinaryong sapatos
- isang *school bag* at isang "kikay" na bag

3. Pabayaang pumili ang mga bata at ipabigay kung bakit nila ito pinili (pansarili, pangmag-anak)

## Panlinang na Gawain

### Paglalahad

1. Isalarawan ang kanilang pagkaunawa sa salitang maporma. Maaari ring magtukoy ng isang kamag-anak o taong maituturing nilang maporma.

2. Ipamahagi ang mga komiks na may pamagat na "Ang Halaga ng Pagporma."
   Ipabasa ito o pumili ng mga batang gaganap sa ibat-ibang tauhan sa kwento.

### Pagtatalakayan


1. Itanong:
   a. Ano ang nilalaman ng kwento?
   b. Ano ang hiniling ni Manny sa Mommy niya?
   c. Bakit niya ito hiniling
   d. Bakit hindi siya napagbigyan ng kanyang Mommy at Daddy?
   e. Tama ba si Manny sa kanyang desisyong pumunta sa *basketball clinic*? Patunayan ito.

2. Ipasagot ang ilan pang patnubay na mga tanong.
   a. Kung ikaw si Manny, pipiliin mo bang pumunta sa *basketball clinic* o bumili ng *rubber shoes*? Bakit ito ang iyong pinili?
   b. Anu-ano ang dapat mong isaalang-alang sa pagpapasya? (Ayon sa gusto at pangangailangan)
   c. Gumagawa ba ng badyet ang inyong mag-anak?
      Ano ang kabutihang naidudulot nito sa inyong mag-anak?
      Ano ang kaibahan ng may badyet sa wala?
   d. Ano ang gamit ng *credit card*?
      Kailan ito dapat gamitin?
      Ano ang mangyayari kapag hindi wasto ang paggamit nito?

3. Pagsusuri sa sarili

A. Gamitin ang *organizer* sa gagawing pagpapasya.

| Pansariling Kabutihan | Pansamahang Kabutihan | Wastong Desisyon |
| --- | --- | --- |



Itanong:

- Paano mo nakamit ang tamang desisyon?
- Anu-ano ang ikinonsedera o isinaalang-alang mo sa paggawa ng desisyon?

B. Ipabasa ang sitwasyon.

Hiniling ng pangulo ng inyong klase na magkaroon kayo ng isang proyektong pagtulong sa 15 matatandang nasa isang institusyon. Ang gastusin ay kukunin sa inyong ₱2,000.00 pondo. Ang gawain ay nangangailangan ng isang masusing pagbabadyet at pansariling oras.
Sang-ayon ka ba o hindi?

C. Gawain

- Pangkatin sa 3 ang klase.
- Gumawa ng fishbone organizer at ilahad ang pansarili at pansamahang kabutihan.
- Maligaya ba kayo sa inyong desisyon? Ipaliwanag ito.
- Ano ang mga bagay na isinaalang-alang ninyo sa pagpapasya?
- Pag-uulat ng mga pangkat.

# Pangwakas na Gawain

## Paghahalaw

Ipasagot ang mga tanong upang makabuo ng paglalahat
- Anong uri ng desisyon ang dapat nating laging gawin?
- Sino ang dapat nating isaalang-alang sa paggawa ng desisyon?
- Ano ang dapat gawin bago tayo gumawa ng desisyon

## Paglalapat

Pasagutan sa mga bata ang tseklist.

| Gawain | Oo | Hindi |
|---|---|---|
| 1. Uunahin kong isipin ang kabutihan ng nakararami. | | |
| 2. Ang sarili kong kapakanan ang dapat kong isauna. | | |
| 3. Ang pangangailangan ang unang dapat isipin sa pagpapasya. | | |
| 4. Tutulong ako sa pagbabadyet. | | |
| 5. Gagamitin ko ang *credit card* pag gusto kong mamili. | | |

## Pagtataya

Pagtatayang Pasalita

Noong nakaraang Pasko ay tumanggap ka ng P1,000.00 mula sa iyong mga kaanak at kaibigan. Ano ang gagawin mo rito?


# Takdang Aralin

Sabihin: Ipaalam sa magulang ang natutuhang kaisipan sa paggawa ng desisyon. Maaaring hikayatin ang mag-anak na gumawa ng pangmag-anak na badyet kung wala pa.




*Sinulat ni:* **Ben Alcantara**
*Guhit ni:* **Frank Valdez**
*Inayos nina:* **Archie Yumul, Dennis Catacutan & Mark Casul**
*Tumulong sa Produksyon:* **Mila Soriano**



PAPABILI DIN AKO NG GANYAN!
SIKAT NA MANLALARO SA NBA ANG NAG-ENDORSO NITO SA TV.
PAGDATING SA BAHAY KASAMA ANG KAPATID NA SI LIRA, KINAUSAP AGAD NI MANNY SI ALING DOLLY, ANG KANYANG INA.
MOMMY, IBILI PO NINYO AKO NG BAGONG RUBBER SHOES!
KAILAN LANG NATIN BINILI YANG GINAGAMIT MO AH.
SI BILLY PO IBINILI NG DADDY NIYA NG BAGO, ANG GANDA NG PORMA!
ANAK, WALA SA GANDA AT PORMA NG GAMIT ANG PAGLALARO NG BASKETBALL, NASA *TEAMWORK* AT TAMANG ENSAYO ITO.


PERO MOMMY, SABI NI BILLY SIKAT NA MANLALARO SA NBA ANG NAG-ENDORSO NITO SA TV!
MGA BATANG ITO, NAGPAPADALA SA PANG-AKIT NG MGA PATALASTAS SA TV AT SA MGA GAMIT NA MAY KILALANG PANGALAN...
SA PAMIMILI NG GAMIT, MAINAM NA SINUSURI ANG MGA PAGPIPILIAN, AT PINAGHAHAMBING ANG TIBAY AT PRESYO NITO.
GUSTO KO LANG PONG SUMABAY SA PORMA NG MGA *TEAMMATES* KO PARA HINDI NAMAN AKO MAALANGAN.
O AYAN NA ANG DADDY MO. PAKINGGAN NATIN KUNG ANONG SASABIHIN NIYA.


PAGKATAPOS MAIBIGAY NI MANNY ANG TSINELAS AT MAIPALIWANAG KAY MANG FRANK ANG KANYANG GUSTO...
ANAK WALA SA BADYET NATIN ANG PAGBILI NG RUBBER SHOES. SINISIKAP NATING MAGKAROON NG TIMBANG NA BADYET PARA TAYO MAKAPAG-IMPOK...
MAY NAKALAANG PERA LAMANG SA ATING MGA KAILANGAN.
ANG DADDY PO NI BILLY GINAMIT ANG CREDIT CARD NIYA.
ANG CREDIT CARD AY ISANG PARAAN NG PAG-UTANG. ANG PERANG INUTANG AY DAPAT GINAGAMIT SA MAHALAGANG PANGANGAILANGAN. ANAK, DAPAT MONG MAUNAWAAN ANG KAIBAHAN NG GUSTO SA KAILANGAN.
NAUUNAWAAN KO PO DADDY.
PERO NASA BADYET NATIN ANG PAG-ATTEND MO SA BASKETBALL CLINIC NG PABORITO MONG KOPONAN SA PBA...
KUNG MINSAN, DAHIL SA KAKONTIAN NG NAPAGKUKUNAN, KAILANGANG GUMAWA TAYO NG PAGPILI...
KAYA MAMILI KA, BAGONG RUBBER SHOES O BASKETBALL CLINIC?


KUNG RUBBER SHOES ANG PIPILLIN KO, OK ANG PORMA KO SA TEAM. PERO KUNG BASKETBALL CLINIC BUBUTI ANG LARO KO!
BASKETBALL CLINIC NA, DADDY. GUSTO KO PONG MATUTUHAN ANG GALAW NG MGA IDOL KONG ASTIG!
YAN ANG MAINAM KAY MANNY. MABILIS UMUNAWA AT SUMUSUNOD SA PANGARAL NG MAGULANG. KAYA BILANG MANLALARO, MABILIS DIN SIYANG MATUTO DAHIL NAKIKINIG SA MGA TAGUBILIN NG KANYANG COACH.
MABILIS ANG LARO KAPAG SI "SPEEDY" MANNY ANG MAY DALA NG BOLA. MAGALING SIYANG UMAGAW, MAGPASA O MAG-SHOOT. LALO SIYANG HUHUSAY PAGKATAPOS NG BASKETBALL CLINIC.
AT SA SUMUNOD NA ENSAYO NG KOPONAN NILA MANNY...
PINAPILI DIN AKO NG DADDY KO. HULING HIRIT NA RAW ANG GUSTO KO. "NO DEAL" NA ANG PAG-ATTEND SA BASKETBALL CLINIC.
HULI NA NANG MAISIP NI BILLY ANG HALAGA NG PAGKAKATAON NG KANYANG PAGPORMA.
MAY NATUTUHAN NAMAN SI MANNY SA PAGGAWA NG MATALINONG PAGPILI. TULOY ANG ASENSO NIYA SA NAKAHILIGANG SPORTS.
WAKAS

# Talasalitaan



ALLOWANCE - **Ang baong pera na ibinibigay ng magulang sa mga anak na nag-aaral araw-araw o linggo-linggo**

BADYET - **Plano ng paggasta na kung saan makikita ang kinita, gastusin at impok**

KAKONTIAN - **Ang kalagayan na kung saan ang mga kailangan ng tao ay higit na malaki kaysa magagamit na napagkukunan na tutugon sa kanilang kailangan**

KAILANGAN - **Mga pangunahing pangangailangan upang mabuhay, tulad ng pagkain, tirahan, damit at pangangalaga sa kalusugan**




CREDIT CARD - **Ito ay kard na yari sa plastik na iniisyu ng bangko o iba pang kumpanyang nagpapautang at nagagamit para makapamili ng mga bagay ngayon upang mabayaran sa ibang araw sa hinaharap**

GUSTO - **Bagay na nais makamit para sa pansariling kasiyahan**

HALAGA NG PAGKAKATAON - **Ang minamahalagang pagkakataon o kapalit na nawala o ibinigay kapag gumawa ng pagpili**

IMPOK - **Perang itinabi para sa hinaharap na paggamit**

NAPAGKUKUNAN - **Mga bagay na ginagamit sa paggawa ng produkto o serbisyo. Ang apat na uri ng napagkukunan ay paggawa, lupain, kapital at pag-eentreprenur. Ang perang kabayaran sa paggawa ay *suweldo*; sa lupain ay *paupa*; sa kapital ay *interes*; at sa pag-eenteprenur ay *patubo***

PAG-EENTREPRENUR - **Ang kakaibang katalinuhang taglay ng ilang tao sa paghanap at pagkuha ng pakinabang sa mga bagong pagkakataon sa negosyo at sa paglinang ng mga bagong produkto o ng bagong paraan sa paggawa ng mga bagay**

TIMBANG NA BADYET - **Pagbabadyet na kung saan ang halaga ng perang kinikita ay katumbas ng halaga ng gastusin at impok**

## Aralin 5: Gastos na Impok, Gastos na Puhunan

**Batayang Mensahe** : Ang barya ay mahalaga lalo na kung pagsasama-samahin.

Ingatan ang ating salapi na larawan ng ating yamang-lahi.

**Batayang Pagpapahalaga** : Kapayapaan at Katarungan

**Kaugnay na Pagpapahalaga** : Pananagutang Panlipunan

**Bilang ng Araw ng Pagtalakay** : 2

## Layunin

1. Nakasusunod nang kusa sa mga batas at patakaran na pinaiiral ng pamahalaan
   Hal. Batas at patakaran sa paggamit ng barya sa pagbili at pagsukli

2. Naisasagawa ang pagpapahalaga sa ating mga barya

## Kagamitan

PELC – EP 6 # 2 p. 12
Editoryal: Barya, Barya Para Saan Ba?
Mga islogan at mga sitwasyon
Iba't-ibang uri ng barya

## Pamamaraan

## Panimulang Gawain

### Pagganyak

1. Ipasuri sa mga mag-aaral ang mga baryang 10-piso; 5-piso; at mga bente-singko; diyes at singko sentimos.

2. Itanong: Anu-ano ang mga katangiang nakita mo sa ating mga barya?

**Panlinang na Gawain**

**Paglalahad**

1. Ipabasa ang editorial na ito mula sa isang pahayagan.

**BARYA, BARYA, PARA SAAN BA?**

Isang pangangailangan ng mga nagtitinda at mga mamimili ang mga barya. Kailangan ito sa pagbabayad at pagbibigay ng hustong sukli.

Ngunit nakalulungkot ang katotohanan na ang maliliit na barya ay parang hindi gaanong nakatutulong sa takbo ng kalakalan sa ating bansa.

Madalas na kami'y nakakikita ng mga baryang singko at diyes sentimos na para bang walang halagang itinatapon sa mga tabi-tabi.

Kung tutuusin higit na malaki ang gastos ng Bangko Sentral ng Pilipinas sa paggawa ng mga baryang maliliit ang halaga kaysa sa halagang kinakatawan nito.

Sa panahon ngayon, hindi na dapat inaalkansya at itinatago sa mga sisidlan na tulad ng dekorasyong tapayan, puswelo, o garapon ang baryang may maliliit na halaga.

Kailangang pahalagahan at paikutin ang mga barya. Hindi lamang bilang paggalang sa mga bayaning nakaukit dito kundi sa pagbabayad at pagsusukli.

Hindi magkakaroon ng kakulangan ng barya kung pinalilibot ito. Hindi na kailangang gumawa palagi ng bagong barya ang Bangko Sentral.

Ang salaping matitipid sa paggawa ay babalik sa kaban ng pamahalaan at magagamit sa pagpapagawa ng paaralan, tulay, kalsada, at iba pa.

2. Itanong:

   - Anu-anong konsepto ang nakuha natin sa editoryal? (Isusulat ng guro sa pisara.)

   Huwag balewalain at itapon ang mga barya. Gamitin ang mga barya. Alalahanin natin na ang barya, kung pagsasama-samahin ay malaki ang magagawa.

   - Ano ang halaga ng barya?

3. Pangkatin sa apat ang klase. Bigyan ng paksang kanilang pag-uusapan ang bawat pangkat upang makabuo sila ng impormasyon mula sa kontribusyong kaalaman ng bawat kasapi.

Pangkat 1- Pag-uusapan kung bakit may larawan ng mga bayani sa harap ng barya. Sa inyong sariling pananaw bumuo o maglista ng di hihigit sa tatlong pangungusap kung ano ang nais ipabatid ng mga bayani sa barya.

Pangkat 2- Pag-usapan ninyo ang mahahalagang gamit ng barya. Maglista ng isa hanggang tatlong pangungusap tungkol sa inaakala ninyong mahahalagang gamit ng barya.

Pangkat 3- Pag-usapan ninyo ang tungkol sa pag-iimpok sa alkansya o pagtatago ng barya sa mga baso, tasa,o mga palamuting munting tapayan. Bumuo at magtala ng isa hanggang tatlong pangungusap.

Pangkat 4- Pag-usapan ang mga tungkulin at pananagutang naiisip ninyo na nakatutulong sa pagpapahalaga sa barya. Pagsama-samahin ang inyong mga nasasaisip at igawa ng buod sa tatlong pangungusap.

4. Pag-uulat ng mga pangkat.

## Pangwakas na Gawain

### Paghahalaw

Gabayan ang mga bata na makabuo ng mga paglalahat na malapit o kaugnay ng mga mensahe.

- Ang barya ay igalang, pahalagahan, at gamitin.
- Ang barya ay mahalaga sa pagbabayad, pagbibigay ng sukli, at pagkakawanggawa.
- May pananagutan ang mamamayan sa pagpapalaganap at pagpapaikot ng barya sa pamayanan.

### Paglalapat

Panuto: Bigyan ng paliwanag o halimbawa ang sumusunod na mga islogan.

1. Baryang inipon sa alkansya'y huwag patulugin
   Sa bangko dapat dalhin.
2. Ang barya huwag itapon at balewalain
   Barya, barya man sa paningin
   Mahalaga ito sa kabuhayan natin.
3. Baryang nakatago ilabas at gamitin.
4. Kakapusan sa barya'y iwasan,
   Ibayad, isukli, o ipagkawanggawa.

**Pagtataya**

Panuto: Lagyan ng tsek (✓) ang kolum ng inyong sagot sa bawat bilang

| | Sang-ayon | Di Sang ayon | Di ko Alam |
|---|---|---|---|
| 1. Mahalaga ang barya sa pagbabayad at pagsusukli. | | | |
| 2. Walang kaugnayan ang pag-iimpok sa pagbibigay sa kawanggawa. | | | |
| 3. Ang barya ay igalang, pahalagahan at gamitin. | | | |
| 4. Walang tungkulin at pananagutan ang bawat mamamayan para sa mahusay na paglibot ng barya. | | | |
| 5. Huwag itapon, bagkus gamitin ang barya gaano man kaliit ang halaga. | | | |
| 6. Malaki ang matitipid ng pamahalaan kung mahusay na lalaganap o iikot ang barya sa pamayanan. | | | |

**Takdang Aralin**

Sabihin: Hanapin ang mga barya sa inyong tahanan. Dalhin sa paaralan at itulong sa proyektong “Tulong Barya para sa Eskwela”.

## Aralin 6 – Dapat Isaisip

| | | |
|---|---|---|
| **Batayang Mensahe** | : | Natatalakay na may gastos na maituturing na pag-iimpok at may mga gastos na maituturing na puhunan para sa kinabukasan |
| **Batayang Pagpapahalaga** | : | Pagiging Produktibo |
| **Kaugnay na Pagpapahalaga** | : | Saloobin sa Paggawa |
| **Bilang ng Araw ng Pagtalakay** | : | 3 |

## Mga Layunin

1. Naipakikita ang maaaring pagkunan ng puhunan tulad ng pagbili ng mga yaring produkto upang may magamit sa pagpapalakad ng mapagkakakitaang proyekto

### Paksa

– Maaaring Pagkunan ng Puhunan

### Kagamitan

– Batayang aklat, "Liwanag 6" pp.158-159 Aralin 8, Patnubay ng Guro, p. 224

## Pamamaraan

### Panimulang Gawain

#### Pagganyak

1. Ipaawit ang sumusunod sa himig ng "Boom Tarat."

**Ang Negosyo**

Sa pagbabalak ng mga negosyo
Dapat tayong lahat ay matalino
Ang tagumpay nito ay nasa tao
Pag-aralan bago itayo ito.
Magsaliksik ka muna bago simulan
Tiyakin mong ito'y mapakinabangan
Negosyong pangarap sa iyo'y mahalaga
Di maglao't  magagawa mo na.

*Chorus:*
Magtiyaga, magsipag
Nang ang negosyo'y umunlad
Manghiram ng puhunan
Para sa kaunlaran.

2. Talakayin ang nilalaman ng awitin at itanong:
   a. Anong kaalaman ang ipinahihiwatig ng awitin?
   b. Anu-anong katangian ang dapat tularan upang magtagumpay ang negosyo?
   c. Ano ang pinakamahalagang bahagi sa pagnenegosyo na dapat munang matugunan?

## Panlinang na Gawain

### Paglalahad

Ipabasa ang seleksyong "Dapat Isaisip" sa batayang aklat, Liwanag 6, p. 224 o isulat ito sa tsart.

### DAPAT ISAISIP

Ang pangangailangang pangkabuhayan ay lubhang mahalaga sa isang mag-anak. Hindi natin maikakaila na marami ang pangangailangan ng mga kasapi. Dapat mag-isip ng paraan ang mga kasapi sa pamilya upang matugunan ang mga pangangailangang nabanggit. Isa sa mga kailangan upang magkaroon ng pagkakakitaan ay ang pagkakaroon ng puhunan upang mapasimulan ito.

Ang masusing pag-aaral kung saan ito kukunin ay nasa pag-iisip ng mag-anak. Sa kasalukuyang panahon maraming paraan ang magagamit ng bawat pamilya. Isa rito ang paggawa ng sariling produkto at pagbibili nito upang ang pagbibilhang pera ay magamit sa pagpapalago ng mapagkakakitaang proyekto. Anu-ano nga ba ang maaaring gawing produkto ng bawat mag-anak? Ang ilan dito ay ang paggawa ng mga kendi tulad ng pastilyas, kending sampalok, at kending guyabano. Ang paggawa ng basahan, pamunasan ng paa, at *potholder* ay isa sa mga produktong maaaring gawin. Ang iba pang produkto ay kuwintas na yari sa mga kabibe, katigbi, o pira-pirasong kawayan.

Mula sa yaring produkto ng mag-anak, makakukuha sila rito ng puhunan sa mga proyektong mapagkakakitaan pa nang mas malaki. Ang pag-unlad nito at pagtatagumpay ay nasa matalinong pagpapalakad sa negosyo.

Dapat isaisip na sa pagkakaroon ng sariling produkto magtatamo tayo ng puhunan sa pagpapalago nito upang lalong kumita.

Ang bawat kasapi ng mag-anak ay may halaga, may tungkuling mapaunlad ang pamumuhay.

## Pagtatalakayan

1. Ipasagot nang pasalita ang mga tanong matapos basahin ang seleksyon.
   a. Anu-anong produkto ang maaari nating gawin upang makalikom ng puhunan?
   b. Ano ang dapat gawin ng mga kasapi ng mag-anak upang maitaguyod ang negosyong napili nila?
   c. Bakit mahalaga ang mabuting pamamalakad sa pagnenegosyo?
   d. May mga gastos ang pagnenegosyo. Alin dito ang masasabing impok at ang maituturing na puhunan para sa kinabukasan?

2. Magbigay ng karagdagang impormasyon, maliban sa paraang nabanggit sa nabasang seleksyon. Sabihing may iba pang paraan na maaaring pagkunan ng puhunan. Ang paghiram sa bangko ay ang paraang ito. Maaaring humiram ng puhunan sa:
   a. Bangkong pangkooperatiba (*Cooperative Bank*)
   b. Bangkong pang-iimpok (*thrift bank*)
   c. Bangkong panrural (*rural bank*)
   d. Sanlaan (*Pawnshop*)
   e. Bangkong pangmaykropinans

   Ang mga bangkong nabanggit ay sumasagot sa iba-ibang pangangailangan

ng madla ngunit ang nanghiram ay may responsibilidad na dapat gampanan. Ang pagtupad nang matapat sa kasunduan lalung-lalo na ang pagbabayad ng inutang sa takdang oras ay mahalaga upang may maipahiram sa iba pang nangangailangan.

Kung kayo ang manghihiram magiging tapat ba kayo sa kasunduan? Bakit?

## Pangwakas na Gawain

### Paglalahat

Patnubayan ang mga bata sa pagbuo ng paglalahat na tumutugon sa aralin. Inaasahang paglalahat: Maraming paraan upang makakita ng puhunan sa negosyo. May mga gastos sa negosyo na maituturing na pag-iimpok (*insurance*) at may mga gastos na maituturing na puhunan para sa kinabukasan.

### Paglalapat

Panuto: Lagyan ng tsek (✓) ang mga gawaing maaaring pagkakitaan at mapagkunan ng puhunan.

______ a. Paggawa ng iba-ibang kakanin
______ b. Paglikha ng bulaklak at paru-paro gamit ang lumang *stockings*
______ c. Pag-istambay sa lansangan
______ d. Paghiram ng puhunan sa maliliit na bangko
______ e. Pagkumpuni ng sirang gamit
______ f. Paghiram sa sanglaan
______ g. Paggawa ng basahan
______ h. Paghiram sa 5-6 o bumbay
______ i. Paggawa ng pastilyas
______ j. Paghiram sa kinasapiang kooperatiba

## Pagtataya

A. Gawin nang pangkatan:

Pangkatin ang mga bata na may limang (5) kasapi ang bawat pangkat at ipagawa ito:

Magpakita ng gawain na maaaring pagkunan ng puhunan upang may magamit sa pagpapalakad ng mapagkikitaang proyekto.

B. Sagutin ang sumusunod sa sagutang papel:

Anu-ano ang mga gastos na maituturing na pag-iimpok at mga gastos na maituturing na puhunan para sa kinabukasan?

### Pagtataya

A. Magsaliksik sa pamayanan at maglista ng mga bahay pautangan, kooperatiba, bangko o bahay sanglaan na nagpapautang sa madla. Alamin ang sumusunod sa bawat ahensiya:

   1. Pangalan ng pautangan, kinaroroonan.
   2. Gaano kalaking halaga ang maaaring utangin sa isang maliit na negosyo.
   3. Mga kailangang ihanda sa uutangin.
   4. Interes sa uutangin.
   5. Multang inaatang kung hindi nakasusunod sa kasunduan.

B. Isulat sa malinis na papel at humandang iulat sa klase ang ginawa.

# Aralin 7 – Magandang Balak sa Negosyo

| | | |
|---|---|---|
| **Batayang Mensahe** | : | Ang pagtutulungan at kasipagan ay puhunan sa pagtatagumpay |
| **Kaugnay na Pagpapahalaga** | : | Pagiging Produktibo: Maparaan sa buhay (*resourcefulness*) |
| **Bilang ng Araw ng Pagtalakay** | : | 2 |

## Mga Layunin

1. Napalalaganap ang konsepto na ang mag-anak ay maaaring magtayo ng maliit na negosyo
2. Napapahalagahan na ang pagtutulungan at kasipagan ay puhunan sa pagtatagumpay ng mag-anak

### Paksa

- Ang mag-anak ay maaaring magtayo ng maliit na negosyo.

### Kagamitan

- Dayalogo: Ang Magandang Balak
- Mga Hinuha
- PELC : EP 6 p. 28 blg. 1.2

## Pamamaraan

### Panimulang Gawain

#### Pagganyak

1. Magpabugtong sa mga bata tungkol sa mga hayop at mga halaman. Sila ang magbibigay at sasagot.

Halimbawa:

- Bantay ng bahay ng amo, Nakakaamoy ng mga peligro – Sagot: ASO
- Tagagising sa umaga, tilaok na sabi’y gising na – Sagot: TANDANG
- Hindi tao, hindi hayop, May balat na parang mga pabo – Sagot: LANGKA

2. Itanong: Anu-ano ang tulong na naibibigay ng mga hayop at mga halaman sa atin?

## Panlinang na Gawain

### Paglalahad/Pagtatalakay

1. Ipabasa ang dayalogo

Hapunan, nag-uusap ang mag-anak.

| | | |
|---|---|---|
| **Mang Ponso** | : | Pinulong ko kayo pagkat meron akong nais ipabatid sa inyo. Kailangan ko ang inyong pagsang-ayon at pakikiisa. |
| **Henry** | : | Sabihin po ninyo itay, makikinig kami! |
| **Isabel** | : | Basta po ba maganda, okey lang po! |
| **Mang Ponso** | : | Nakita namin ng nanay ninyo ang sipag ni Henry sa kanyang lumalagong halaman at paparaming mga alagang manok. |
| **Bembot** | : | Uyy! Itay, ang kamyas ni kuya masipag mamunga. |
| **Mang Ponso** | : | At itong si Bembot masipag ding katulong ng kanyang kuya. Nakita rin namin ang husay sa pagluluto ni Nanay at ni Isabel ng ibat-ibang putaheng ulam. Si Isyang ay magaling na alalay nila. Malinis at maayos mag-alaga ng kusina. |
| **Aling Metyang** | : | Napag-usapan namin ito ng tatay ninyo. Nais naming magtayo ng kainan. Iyun bang karinderya lang sa may palengke sa bayan. May naipon na kaming puhunan. |
| **Henry** | : | Kaya pala tatay sabi mo sa akin mag-alaga ako ng kambing. Bakit, kambingan ba ang balak ninyo? |
| **Mang Ponso** | : | Hindi lang kambingan. Sari-saring putahe siyempre pinaka *specialty* ang putahe ng kambing gaya ng kilawin, pinapaitan at kaldereta. Iyong mga alaga mong manok, pwedeng tinola o *fried chicken*. At ang mga gulay pwedeng ihalo sa nilaga o sinigang. |
| **Henry, Isabel** | : | Ayos po kami d’yan! |

2. Hatiin sa apat na pangkat ang klase. Pagawin sila ng mga hinuha batay sa binasang dayalogo.

Pangkat 1 – Gumawa ng mga hinuha tungkol sa nabasa. Gawing batayan ang sumusunod na mga tanong:

a. Sinu-sino ang anak nina Mang Ponso at Aling Metyang?
b. Anu-ano kaya ang tanim ni Henry sa likod-bahay?
c. Kung matutuloy ang balak ni Mang Ponso, ano kaya ang magiging papel ni Henry?
d. Anu-ano kayang putahe ang alam na iluto ni Isabel?

Pangkat 2 – Gumawa ng hinuha o sariling palagay tungkol sa nabasa. Gawing batayan ang sumusunod na mga tanong:

a. Papaano kaya natuto ng pagluluto si Isabel?
b. Paano rin natuto ng paghahalaman at paghahayupan si Henry?
c. Anu-ano naman kaya ang naitutulong nina Bembot at Isyang sa kanilang tahanan?

Pangkat 3 – Gumawa ng hinuha sa mga pangyayaring batay sa kuwento. Gawing batayan ang sumusunod na mga tanong:

a. Ano ang balak ni Mang Ponso kaya gusto niyang mag-alaga ng kambing si Henry?
b. Paano makatutulong sa negosyong karinderya ang mga halaman ni Henry?
c. Makatutulong din ba kung mag-aalaga pa ng baboy si Henry? Paano?

Pangkat 4 – Gumawa ng hinuha tungkol sa binasa. Ibatay ito sa mga sumusunod:

a. Matutuloy ba ang balak ng mga-anak? Paano?
b. Magiging maganda ba ang pagtutulungan ng mag-anak?
c. Ano pa ang maaaring gawing negosyo ng mag-anak nina Mang Ponso at Aling Metyang?

3. Hayaang mag-ulat ang bawat pangkat.

**Pangwakas na Gawain**

**Paglalahat**

Batay sa hinuha at talakayan pabuuin ang mag-aaral ng paglalahat

| |
|---|
| Ang sinumang mag-anak ay maaaring magtayo ng maliit na negosyo.<br>Ang pagtutulungan at kasipagan ay maaaring puhunan sa pagtatagumpay ng mag-anak. |

## Paglalapat

Ipasagot:

1. Kung ikaw si Mang Ponso, ano ang ibibigay mong gawain kina Aling Metyang, Isabel, at Isyang?
2. Bigyan ng katwiran ang desisyon ni Mang Ponso.
3. Kung ang itatayong negosyo ng mag-anak ay pag-aalaga ng kambing at baboy at pag-aalaga ng mga halamang namumulaklak, magtatagumpay din kaya sila? Bakit?

## Pagtataya

Panuto: Lagyan ng tsek ang tapat ng hanay ng napili mong sagot.

| | Oo | Hindi | Di-Tiyak |
|---|---|---|---|
| 1. Magtatagumpay ang negosyo ng mag-anak kung masipag ang mga anak at may lakas ng loob ang ama. | | | |
| 2. May mga proyekto ang gobyerno na maaaring pagkunan ng puhunan ng mag-anak. | | | |
| 3. Sa negosyo ng mag-anak kailangan ang pakikipagtulungan ng bawat kasapi. | | | |
| 4. Malaking puhunan ang kailangan sa negosyo ng mag-anak. | | | |
| 5. Walang mga sinusunod na patakaran sa negosyo ng mag-anak. | | | |
| 6. Ang maparaang kasapi ng mag-anak ay di makakatulong sa negosyo. | | | |

## Takdang Aralin

Kung ikaw ay kasapi ng mag-anak na ating napag-aralan, ano ang iyong mga gagawin upang makatulong sa ikapagtatagumpay ng inyong negosyo? Isulat mo.

# Aralin 8 – Pangako Huwag Ipako

| | | |
|---|---|---|
| **Batayang Mensahe** | : | Naipaliliwanag na ang pangungutang ay may kalakip na responsibilidad |
| **Batayang Pagpapahalaga** | : | Pagiging Produktibo |
| **Kaugnay na Pagpapahalaga** | : | Saloobin sa Paggawa |
| **Bilang ng Araw ng Pagtalakay** | : | 3 |

## Layunin
Nakatutupad sa mga pangako/pinagkasunduan, komitment/usapan

## Sanggunian
PELC, Pagmamahal at Kabutihan # 1.1

### Kagamitan
*Metacard*, tsart ng pagsusubok

## Pamamaraan

### Panimulang Gawain

Itanong sa mga bata:
- Magkano ang ipinababaon ng inyong mga magulang araw-araw sa paaralan?
- Sapat ba ang baon ninyo? Bakit?
- Ano ang karaniwan ninyong ginagawa kung kulang ang inyong baon?
- Nangungutang ba kayo? Kailan kayo nangungutang? Masama o mabuti ba ang mangutang? Bakit?

## Panlinang na Gawain

1. Bumuo ng tatlong pangkat sa klase.

2. Bigyan ang bawat pangkat ng *metacard*.

3. Papag-aralan sa bawat pangkat ang kanilang *metacard*. Isulat pagkatapos ang kanilang napag-usapan.

Aralin –

Paksa: Pagtupad sa pangako/pinagkasunduan, komitment/usapan.

- *Metacard* # 1

Si Mario ay sumasakay ng dyipni papuntang paaralan. Tamang-tama lamang ang kanyang baong pera sa pang-araw-araw niyang gastusin. Nang mag-ambag-ambag ang kasapi ng pangkat para sa kanilang proyekto, napilitan siyang mangutang sa kanyang kaklase. Nagbayad naman siya sa pinagkasunduang araw. Natuwa ang kanyang kaklase. Magaling bang mangutang si Mario? Bakit?

- *Metacard* # 2

Galit na galit sa kaibigan si Josie dahil hindi tinupad ni Tony ang usapan nila. Sa halip na bayaran ang limampung pisong inutang noong isang araw, dalawampung piso lamang ang binigay ni Tony. Nagpasabi pa na “mayaman naman siya” mula sa isang kaklase. Mula noon, hindi na nagpahiram si Josie at nagkalamat ang kanilang pagkakaibigan. May katwiran bang magalit si Josie? Bakit?

- *Metacard* # 3

Laging nangungutang si Boy sa kanyang mga kaibigan kahit may baon siyang pera. Malimit niyang sinasabi sa kanyang kaklase na ang pera ay gagamitin niya sa maysakit niyang kamag-anak. Dahil sa awa, pinahihiram si Boy ng kanyang mga kaibigan. Mababa tuloy ang tingin ng mga kaklase sa palagi niyang pangungutang. Tama ba ang ginagawa ni Boy? Bakit?

4. Pag-uulat ng lider ng bawat pangkat. Hayaang sumuporta ang mga kasapi sa ulat ng kani-kanilang lider.

5. Talakayin ang bawat *metacard* at ipasagot ang mga tanong.
   a. Kung ikaw ang pinagkautangan, ano ang iyong mararamdaman?
   b. Dapat bang sundin ang napagkasunduang bayaran sa pagkakautang kahit kapos pa rin ang nangutang? Bakit?
   c. Tama ba ang hindi pagsasabi ng totoo para lamang makapangutang? Bakit?

## Pangwakas na Gawain

### Paghahalaw

Patnubayan ang mga bata na makapagpatunay kung bakit mahalaga ang pagtupad sa pangako o pinagkasunduan at komitment o usapan, lalung-lalo na ang pagbabayad sa pinagkautangan.

**Paglalapat**

Panuto:

Piliin ang dapat mong gawin sa bawat sitwasyon. Isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang

______ 1. May usapan ang buong klase na maglilinis sa paaralan sa darating na Sabado. Ano ang gagawin mo?

a. Magpapaalam sa mga magulang at susunod sa usapan.
b. Sasama sa mga pinsan papuntang *mall* dahil may salu-salo roon.
c. Liliban sa kasunduan dahil marami naman ang kaklaseng pupunta.
d. Magpapasabi sa *best friend* na liliban ako dahil tinatamad ako

______ 2. Hiniram mo ang aklat ng iyong barkada ngunit hindi mo matandaan kung saan ito naiwan. Ano ang gagawin mo?

a. Sasabihin mo sa kanya na kinuha ng hindi mo kilala.
b. Hindi magpapakita sa barkada.
c. Magtatapat sa mga magulang na nawala ang aklat at magpapatulong mapalitan ito.
d. Magtatago sa kabarkada.

_____ 3. Tamang-tama lamang ang *allowance* ni Juan sa isang linggo. Nangungutang sa kanya ang matalik niyang kaibigan. Ano ang gagawin niya?

a. Ipahihiram ang kanyang allowance.
b. Magtitiis na lang siya dahil malapit niyang kaibigan ang nanghihiram.
c. Isusumbong niya sa mga magulang ang kaibigan niya.
d. Magpapahiram siya ngunit dapat magbayad kinabukasan ang kaibigan.

## Pagtataya

Panuto: Sagutin ayon sa inyong ginagawa. Lagyan ng tsek (✓) ang Oo, Hindi o Paminsan-minsan sa hanay.

| Ako ay: | Oo | Paminsan-minsan | Hindi |
|---|---|---|---|
| 1. nangungutang ngunit nagbabayad naman sa takdang oras | | | |
| 2. nasa tamang oras sa pagpasok sa paaralan | | | |
| 3. tumutupad sa aking mga pangako | | | |
| 4. sumisipot sa napagkasunduang oras | | | |
| 5. gumagawa sa mga bagay na aking pinaniniwalaan at pinaninindigan | | | |

## Takdang Aralin

Sa isang malinis na papel gumawa ng listahan ng mga mabubuting gawain na pinaniniwalaan mong nagpapatibay ng iyong integridad bilang isang batang matapat sa salita at gawa.

# Aralin 9 – "Ipagsigawan ang Natamong Tagumpay o Kaya mo ba Ito?"

| | | |
|---|---|---|
| **Batayang Mensahe** | : | Anumang naimpok ay magagamit na puhunan |
| **Batayang Pagpapahalaga** | : | Pangkabuhayan |
| **Kaugnay na Pagpapahalaga** | : | Saloobin sa Paggawa |
| **Bilang ng Araw ng Pagtalakay** | : | 2-3 |

## Layunin

**1.** Ipinamamalita ang mga katangiang naging puhunan ng matagumpay na mga tao
**2.** Naipaliliwanag na anumang naimpok ay magagamit na puhunan

### Kagamitan

Batayang aklat: Liwanag 6, Batayang Aklat sa Kagandahang Asal at Wastong Pag-uugali; kwento sa tsart, tsart ng talaan

PELC EP 6 # 1.3

## Pamamaraan

### Panimulang Gawain

#### Pagganyak

1. Pagtatanong sa mga karanasan sa panunood ng telebisyon, pagbabasa ng dyaryo, o pakikinig sa radyo.
   a. Tungkol saan ang karaniwang patalastas sa telebisyon, radyo o pahayagan?
   b. Kilala ba ninyo ang mga negosyong ito? Ang nagmamay-ari ng mga ito?
   c. Anu-ano kaya ang katangiang nagpapaunlad sa may-ari ng negosyo?
   d. Nakatutulong ba ang mga negosyong ito sa pag-unlad ng bansa?

2. Pagtatala ng mga bantog na negosyo at ang nagmamay-ari nito sa bansa.

## Panlinang na Gawain

### Paglalahad

1. Sabihin: Sa sandaling ito, alamin natin ang buhay ng isang bantog na negosyante, si Teodoro Toribio. Paano kaya sumikat ang mga produkto sa kanyang pagawaan? Tandaan natin ang mga tanong:
   a. Anong negosyo ang itinatag ni G. Toribio?
   b. Anu-anong katangian niya ang naging gabay sa kanyang tagumpay?
   c. Kung ikaw si G. Toribio may pag-asa ka rin bang magtagumpay katulad niya? Bakit?

2. Ipabasa nang tahimik ang kuwento na nakasulat.

**TULARAN NATIN**

Ang kasipagang kalakip ng talino ay maaaring magtayo ng dambuhalang gusali ng tagumpay.

Labindalawang taong gulang pa lang si Teodoro Toribio nang siya'y dalhin sa Maynila ng kanyang tiyo upang mamasukan sa "El Oriente Tobacco Factory" na may bayad na 80 sentimo araw-araw. Hindi naglaon ay tumaas ang kanyang sahod ngunit hindi siya nasiyahan. Siya ay lumipat sa La Minerva. Dito niya nakilala si Florentina Alcantara, na kanyang naging maybahay.

Si Teodoro ay manggagawa ng sigarilyo hanggang 1907. Nang taong iyon siya ay inilipat ng kanyang tiyo sa Juan Luna. Isa sa kasamahang manggagawa si Juan Katindig. Sila'y nagtayo ng sariling pagawaan ng tsinelas. Ang kanilang puhunan ay P210.00 lamang. Ang P30.00 ay kay Juan na kanyang kasosyo. Noo'y nakagagawa sila araw-araw ng pitong paris ng tsinelas. Sila'y naglalamay hanggang kalaliman ng gabi. Ito ang pinagmulan ng sapatos na "Ang Tibay."

Noong 1922, binili ni Teodoro ang kabahaging puhunan ni Juan Katindig sa halagang P87,000.00.

Si Teodoro ay naglakbay sa ibat-ibang bansa upang pag-aralan ang makabagong paraan sa paggawa ng sapatos. Nang bumalik siya sa Pilipinas siya'y nagtayo ng mga makabagong makinarya at bagong pabrika. Nagsimula siyang makayari ng 500 pares araw-araw noong 1929. Itinayo ni Teodoro ang lalong malaking gusali ng sapatos sa Grace Park noong 1937.

Ilang taon siyang napatigil sa paggawa ng sapatos ngunit siya'y nagbalik sa loob ng dalawang taon matapos ang pananakop ng mga Hapones.

Nakapagtayo siya ng tatlong gusaling pagawaan. Araw-araw ay 3,000 pares ng sapatos at 800 pares ng tsinelas ang ipinamumudmod nito sa limang tindahan sa mga lalawigang sangay ng pitong malalaking tindahang narito sa Maynila.

Ang tagumpay ni Teodoro ay mula sa tiyaga at katibayang-loob. Mabuti ang kanyang pagtingin sa kanyang manggagawa. Itinuturing nilang sila ay parang sariling mga anak. Iginagalang niya ang mga karapatan ng mga manggagawa.

May pagamutan para sa mga empleyado pati ng kanilang kaanak. May pabahay sa mga kawani at pinag-aaral ng libre ang mga anak ng mga kawani kung sila'y nakapagsilbi na nang mahigit sa sampung taon.

Ang buhay ni Teodoro sapul pagkabata ay salamin ng kasipagan, pagpapakumbaba at pagtitiwala sa kapwa. Siya'y huwaran ng kabataang naliligaw ng landas.

3. Talakayin ang kwento at ipasagot ang mga naunang tanong.

4. Pagbibigay ng ilan pang Pilipinong naging matagumpay sa ibat-ibang negosyo tulad ng pagkain, malaking tindahan, at pagpapaganda.

| **Pangalan ng Negosyo**<br>A. Pagkain | **May-ari** | **Katangian** |
|---|---|---|
| 1. Jollibee | Tony Tan Caktiong | • Pakikinig sa kaisipan, ideya at kalooban ng ibang tao |
| 2. French Baker | Johnlu Koa | • Mapang-unawa<br>• Matulungin sa ibang negosyante |
| 3. Julie's Bakeshop | Julie Gandiongco | • Kakayahan<br>• *hard work*<br>• kasipagan |
| B. Malaking Tindahan | | |
| 1. SM Supermart | Henry Sy | • "reinventor" |
| 2. Robinsons | John Gokongwei Jr. | • mapilit, matiyaga |
| 3. Rustan's | Tantoco Family | • pagkamaagap, pag-iibang anyo, maprinsipyo,<br>• *reinventor* |

| | | |
|---|---|---|
| C. Pagpapaganda | | |
| 1. Bench | Ben Chan | • Napapanahon sa kalakaran ng negosyo<br>• Pinangangatawanan ang ginagawa |
| 2. Belo Medical Group | Vicki Belo | • May tiwala sa sarili |
| 3. Ricky Reyes Hair Saloon | Ricky Reyes | • May positibong pagtingin sa ginagawa |

### Pagtalakay

Talakayin ang bawat uri ng negosyo. Ipaalala sa mga bata ang mga katangian ng bawat may-ari kung bakit sila nagtagumpay.

## Pangwakas na Gawain

### Paghahalaw

Gabayan ang mga bata na makabuo ng paglalahat kung bakit dapat tularan at ipamalita ang matagumpay na mga entreprenur, ang kani-kanilang katangian na nagdala sa kanila sa tagumpay.

### Paglalapat

Alamin kung ang mga entreprenur na ito ay nakilala sa negosyo ng:
a. pagkain, b. malaking tindahan, c. pagpapaganda. Isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang.

______ 1. Ben Chan
______ 2. Tantoco Family
______ 3. Tony Tan Caktiong
______ 4. Vicki Belo
______ 5. Henry Sy

## Pagtataya

Pasagutan ang tseklis.
Panuto: Lagyan ng tsek (✓) ang bilang 1, 2, 3, o 4 sa sagutang papel. Bilang 1 ang pinakamababa at 4 ang pinakamataas.

| | 1 | 2 | 3 | 4 |
|---|---|---|---|---|
| 1. Nakikinig ako sa mungkahi ng iba. | | | | |
| 2. Tinatapos ko ang aking gawain sa takdang oras. | | | | |
| 3. Mahaba ang aking pasensya. | | | | |
| 4. Mapang-unawa ako sa mga suliranin ng iba. | | | | |
| 5. Tinututulungan ko ang nangangailangan ng tulong. | | | | |
| 6. Napapanahon ang aking kaalaman sa mga kalakaran ng buhay. | | | | |
| 7. Pinaninindigan ko ang aking binibitawang salita o ideya. | | | | |
| 8. Positibo ang pagtingin ko sa aking ginagawa. | | | | |
| 9. May tiwala ako sa sariling kakayahan. | | | | |
| 10. Pinangangatawanan ko ang aking ginagawa at hindi ko ipinagagagawa sa iba. | | | | |

## Takdang Aralin

Gumawa ng isang pagsasaliksik sa inyong pamayanan at maglista ng mga taong matagumpay sa larangan ng negosyo. Alamin ang kani-kanilang katangian sa kanilang pagtatagumpay.

# Aralin 10 – Si Kuya, Entreprenur Na

**Batayang Mensahe** : Naibibigay ang kahalagahan ng pagsasaliksik sa pamumuhunan at pag-eentreprenur

**Batayang Pagpapahalaga** : Pagiging Produktibo

**Kaugnay na Pagpapahalaga** : Pagkakaroon ng Bukas na Isipan

**Bilang ng Araw ng Pagtalakay** : 2-3

## Layunin

1. Nakapagsasaliksik muna bago magsimula ng proyekto upang malaman kung ito ay mapakikinabangan
2. Naibibigay ang kahalagahan ng pagsasaliksik sa pamumuhunan at pag-eentreprenur

## Kagamitan


Larawan, tsart na naglalaman ng mga ehersisyo
PELC – EP 6. 1.4

## Pamamaraan

## Panimulang Gawain

### Pagganyak

1. Ayusin ang domino nang patayo sa hugis *Venn Diagram*. Gawing malaki kung gagamiting panlahatan para makita ng lahat o kaya'y isa sa bawat grupo o mesa.



Siguruhing sa pagpitik lamang sa *domino chip* ay sunud-sunod nang tutumba ang mga domino. Maaaring muling ipagawa ang unang ayos at muling patumbahin ang *domino chips*.

2. Itanong sa mga bata:
   a. Ano ang inyong naramdaman sa paggawa ng naturang gawain?
   b. Paano ginawa ang naturang gawain bago ito naging matagumpay?

3. Iugnay ang gawain sa pagsisimula ng isang proyekto.

## Panlinang na Gawain

### Paglalahad

1. Ipakita ang larawan.



2. Itanong: Ano ang hinuha ninyo sa larawan. Bakit kaya nagtitinda ang binatilyong ito sa kanyang murang edad?

3. Ipabasa sa mga bata ang maikling kuwento.

### Si Kuya, Entreprenur Na

May sapat na perang naitabi si Kuya Roman mula sa kanyang baon at kita sa paglilinis ng mga bakuran ng kanilang mga kapitbahay. Nais niyang magtayo ng isang maliit na negosyo ngunit hindi niya alam kung ano ang negosyong mapapakinabangan.

Isang araw nag-ikot sa aming lugar si Kuya. Nagmasid siya at inalam kung anu-ano ang mga tindahang nasa aming lugar. Inalam rin niya kung anu-ano ang mga tindahang kailangan at wala pa sa lugar. Sa mga tindahang wala pa sa aming lugar siya pipili ng isa sa kanyang itatayo. Upang malaman kung ano ang isang negosyong iyon, nakipagkwentuhan siya sa mga tagabarangay upang malaman ang kanilang pangangailangan.

Matapos magsaliksik natiyak ni Kuya na tindahan ng gulay ang dapat niyang itayo. Kinabukasan madaling-araw pa lamang ay namili na siya sa palengke ng mga gulay at itininda sa harapan ng aming bahay.

**Pagtalakay**

1. Itanong:

   a. Ano ang gagawin ng kuya sa naipong pera?
   b. Bakit nagbahay-bahay at nakipagkwentuhan ang kuya sa mga mamamayan sa kanilang barangay?
   c. Matapos nagsaliksik, ano ang binalak niyang itayong maliit na negosyo?
   d. Kailan siya namili ng mga murang gulay na ititinda niya?
   e. Bakit kailangang magsaliksik muna bago magtayo ng isang maliit na negosyo?
   f. Kung ikaw ang magtatayo ng isang maliit na pagkakakitaan, anu-ano ang iyong gagawin upang matiyak na ito ay lalago?

2. Ipasagot ito sa mga bata.

Panuto: Isulat ang **K** kung ito ay kanais-nais at **DK** kung di kanais-nais.

_____ 1. Kailangang magsaliksik muna bago magsimula ng isang maliit na negosyo.
_____ 2. Gamitin ang talino at iba pang katangian sa pagpapalakad ng isang negosyo.
_____ 3. Alamin ang pangangailangan sa inyong lugar upang matiyak na lalago ang iyong negosyo.

_____ 4. Hindi dapat makipagsapalaran sa isang negosyong hindi ka nakatitiyak na lalago.
_____ 5. Walang magagawa ang batang katulad mo sa pagpapalago ng negosyo.
_____ 6. Mamigay ng papel na may katanungan na maaaring sagutan ng mga tao sa inyong lugar upang makatiyak ka sa negosyong iyong itatayo.
_____ 7. Makipagkuwentuhan sa mga kabarangay upang malaman ang dapat simulang negosyo.

3. Pangkatang Gawain

Hatiin ang klase sa limang grupo.
Sila ay magkukunwaring mga baguhang entreprenur. Mag-iisip sila kung ano ang nais nilang itatayong negosyo. Sabihing ang naturang negosyo ay kaya nilang isakatuparan sa loob ng isang buwan.
Kinakailangang ipakita nila ang kanilang gagawing pag-aaral at pagsasakatuparan. Kailangan ang pahintulot ng guro bago simulan ang proyekto.

**Pangalan/Uri ng Negosyo**

a. Pagsasaliksik sa Pagpili ng Negosyo
a.1.
b.2.
c.3.

b. Puhunan

b.1 Paraan ng paglikom
b.1.1.
b.1.2.
b.1.3.

b.2 Pagbabadyet
b.2.1.
b.2.2.
b.2.3.

c. Pagsasagawa ng Negosyo

c.1 Paggawa ng rekord o talaan ng kita

d. Pagsusuri sa takbo ng negosyo (kumita o nalugi)

4. Pag-uulat ng bawat pangkat

## Pangwakas na Gawain

### Paghahalaw

Patnubayan ang mga bata sa pagbuo ng kaisipang:

| |
|---|
| Magsaliksik muna bago magsimula ng proyekto upang malaman kung ito ay mapakikinabangan. |

### Paglalapat

Pagawin ang mga bata ng isang pagpapasya

1. Kung ikaw ang kuya sa kwento, ano naman ang gagawin mo? Bakit mo ito gagawin?
2. Bilang isang mag-aaral sa ikaanim na baitang ano ang maliit na negosyong maaari mong pasimulan. Ipaliwanag kung bakit mo ito napili.
3. Saan mo dadalhin ang iyong naipon, sa alkansya o sa negosyo? Bakit?

### Pagtataya

Sagutin.

1. Lalago ba ang pera mo sa alkansya? Bakit?
2. May pagkakataon bang lumago ang pera kapag inilagay sa negosyo? Paano?
3. Lahat ba ng negosyo ay lumalago? Bakit?
4. Mahalaga bang magsaliksik muna bago magtayo ng isang negosyo? Bakit?
5. Malulugi ba ang negosyo kung pinag-aaralan muna at pinamamahalaan nang maayos? Bakit?

## Takdang Aralin

Pagawin ng isang panayam ang mga bata sa kanilang lugar. Ipaalam ang mga sumusunod:

1. Anu-anong negosyo ang nasa inyong lugar?
2. Anu-anong negosyo ang wala pa sa inyong lugar?
3. Magtala ng mga negosyo na maaaring simulan ng inyong mag-anak.

# Aralin 11 – Pagtupad sa Batas

**Batayang Mensahe** : May mga batas at patakarang pinaiiral ang pamahalaan at Bangko Sentral ng Pilipinas na nakatutulong sa kabuhayan at pamumuhunan

**Batayang Pagpapahalaga** : Kapayapaan at Katarungan

**Kaugnay na Pagpapahalaga** : Pananagutang Panlipunan

**Bilang ng Araw ng Pagtalakay** : 2-3

## Layunin

1. Nakatutulong sa pagpapatupad ng mga tuntunin at batas
2. Nasasabi ang mga batas at patakarang pinaiiral ng pamahalaan at Bangko Sentral ng Pilipinas na nakatutulong sa kabuhayan at pamumuhunan

**Kagamitan**
Batayang Aklat – Kagandahang Asal at Wastong Pag-uugali, Aralin 19, pp. 148 – 170; mga larawan
PELC EP 6 # 2 p.______

## Pamamaraan

### Panimulang Gawain

**Balik-aral/Pagganyak**

1. Simulan ang klase sa pamamagitan ng pagbabalik-aral sa mga paskil o babala sa mga lansangan na mababasa habang papunta sa paaralan.

2. Ipasabi kung ang mga paskil ay batas, tuntunin o ordinansa tungkol sa trapiko, kalinisan, o kaayusan sa pamayanan.
   Itanong: Bakit may mga batas, tuntunin o ordinansang pinaiiral sa ating sambayanan?

3. Magpabigay ng iba pang mga batas, tuntunin o ordinansa na nalalaman nila.
   (Isulat sa pisara ang alinmang batas, tuntunin o ordinansa na ibibigay ng mag-aaral).

   - Anu-ano ang kapakinabangan sa mamamayan ng ibinigay ninyo?
   - Saan natin karaniwang nababasa ang mga babala? Ito ba'y batas, tuntunin o ordinansa?

**Panlinang na Gawain**

**Paglalahad/Pagtatalakay**

1. May mga batas din na nagbibigay ng tulong para sa kapakanan at kaunlaran ng mamamayan. Ipasangguni ang tsart kung saan nakatala ang mga sumusunod.

2. Paghahawan ng balakid –
   a. Bangkong Panrural – bangkong karaniwang itinatayo sa mga bayan o munisipalidad na malapit sa maliliit na mangangalakal o negosyante.
   b. Bangkong Pangmaykropinans – bangkong nagpapautang nang walang garantiya mula P1,000.00 hangang P150,000.00 at nagbibigay ng kakayahan sa mahihirap na matulungan ang sarili.
   c. Bangkong pangkooperatiba – pinagsama-samang pera ng mga kasapi na ipinauutang sa mga kasapi rin ng kooperatiba.
   d. Bangkong Pang-impok – may katamtamang laking bangko mula sa pagsasama-sama ng maliliit na impok ng mga nagdedeposito at ipinauutang nang may mahaba-habang panahon ng pagbabayad ngunit mas magaang na kundisyon sa pagbabayad.
   e. Bangkong Pangkalakal - bangkong may malaking kapital, mga ari-arian at malawak na pag-uugnayan ng mga sangay.
   f. Deposito – perang iniimpok sa bangko na nagkakaroon ng interes
   g. Interes – tubo sa perang idiniposito sa bangko o tubo sa perang inutang

3. Pag-uulat ng mga pangkat tungkol sa sumusunod na mga batas: (Ito ay isang takdang aralin)

   a. RA 7353 – (*Rural Banking Act of 1992*)
   Ang batas na ito ay nagtatatag ng mga bangko sa bayan o munisipalidad at pinaglalaanan ng kanilang serbisyo sa negosyong babuyan, manukan, palaisdaan, gulayan, gawaing pangkamay, at iba pang maliliit sa kalakal. Nagbibigay-serbisyo rin ito sa maykropinans.

   b. RA 7906 (*Thrift Banks Act of 1995*)

Ang pangunahing layunin ng batas na ito ay makatipon ng pondo mula sa deposito sa pag-iimpok. Nagbibigay ng mahaba-habang panahon ng pagbabayad sa pautang sa pabahay at iba pang pangangailangan ng lipunan at ekonomiya.

c. RA 6938 (*Cooperative Code of 1990*)
Ang batas na ito ay nagtatatag ng samahang nayon o samahang barangay mula sa pinagsama-samang pera ng mga kasapi ng samahan. Pag-aari ang bangko ng samahang kooperatiba.

d. RA 8797 (*The General Banking Law*)
Ang batas na ito ay naglalaman ng mga batayang regulasyon sa pamamahala sa mga bangko sa Pilipinas.

4. Pakuhanin ang bawat pangkat ng isang tanong na nakasulat sa binilot na papel. Magagamit ang sumusunod na mga tanong:
   a. Bakit ginagawa ang batas tungkol sa ibat-ibang uri ng bangko?
   b. Paano nakatutulong ang mga bangko sa pagsulong at pag-unlad ng kabuhayan ng mga mamamayan?

5. Paano ka makatutulong sa pagpapatupad ng mga tuntunin at batas?

## Pangwakas na Gawain

### Paghahalaw

Gabayan ang mga bata na makabuo ng alituntunin kung bakit kinakailangang magtulung-tulong ang mamamayan sa pagpapatupad ng batas sa pagbabangko.

Tumulong sa pagpapatupad sa pinaiiral na mga batas at patakaran para sa kabuhayan at pamumuhunan ng mamamayan

### Paglalapat

Alamin kung ang mga sitwasyon ay tumutugon sa sumusunod na mga batas: Titik lamang ang isulat bilang sagot.

a. RA 7353 (*Rural Banking Act of 1992*)
b. RA 7906 (*Thrift Banks Act of 1995*)
c. RA 6938 (*Cooperative Code of 1990*)
d. RA 8797 (*General Banking Law of 2000*)

______1. Ang mga kasapi ay karaniwang may-ari ng bangko.
______2. Batas na nagtatatag ng malilit na bangko sa mga bayan o munisipalidad.
______3. Bangko ng pinagsama-samang pera ng mga nagdedeposito at nagpapautang na binabayaran sa loob ng mahaba-habang panahon.
______4. Bangkong itinatag ng mga samahang barangay o samahang nayon.
______5. Batas tungkol sa mga batayang regulasyon sa pamamahala ng mga bangko sa Pilipinas.

## Pagtataya

A. Ihambing ang mga katugunan sa Hanay A sa mga talaan sa Hanay B. Titik lamang ang isulat

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| ______1. Tagapangasiwa sa lahat ng mga bangko sa Pilipinas | a. Bangkong Panrural |
| ______2. Bangkong karaniwang itinatayo sa mga bayan | b. Bangkong Pang-maykropinans |
| ______3. Layunin nito ang makaipon ng pondo mula sa deposito sa pag-impok | c. Bangko Sentral ng Pilipinas |
| ______4. Tubo sa perang idineposito sa bangko o tubo sa pautang | d. interes |
| ______5. Nagpapautang ng walang garantiya mula ₱1,000.00 hanggang ₱150,000.00 | e. RA 7906 |
| ______6. Batayang Regulasyon sa pamamahala sa mga bangko | f. RA 8797 |

B. Magbigay ng tatlong gawain na makakatulong sa pagpapatupad ng mga tuntunin at batas

## Takdang Aralin

Kapanayamin ang inyong mga magulang at alamin kung may deposito o nanghiram ba sila sa mga bangko sa pamayanan. Alamin kung anong uri ng bangko ang mga ito.

# PROJECT TEAM

## MANAGEMENT

**BSP – Corporate Affairs Office**

FE M. DELA CRUZ
Director

ROBERTO T. SYQUIA
Deputy Director

LORENA C. PANGAN
Deputy Director

BENJAMIN M. ALCANTARA
Assistant Manager

**Economic Policy Reform & Advocacy**

DR. CIELITO F. HABITO
Project Director

DR. EMMANUEL F. ESGUERRA
Subject Specialist

Project Coordinators
FERNANDO D. ANTOLIN, JR.
LORNA G. VILLAMIL

**DepEd – Bureau of Elementary Education**

TERESITA G. INCIONG
Assistant Secretary
Programs and Projects

YOLANDA S. QUIJANO
Director IV

MERLITA A. NOLIDO
Chief, Curriculum Development Division

SIMEONA T. EBOL
Assistant Chief, CDD

**BEE - CDD**

ELIZABETH J. ESCAÑO
IRENE C. DE ROBLES
ROGELIO O. DOÑES

**DepEd**

Writers:
**Federico L. Reyno**, BEE (Retired) • **Cynthia S. Altar**, Division of Eastern Samar • **Marilou D. Pandiño**, BEE • **Emmanuel T. Guasa**, BEE • **Luz V. de Leon**, Division of Rizal • **Nerisa M. Beltran**, BEE • **Milani De Guzman**, Division of Cavite • **Ofelia H. Eustaquio**, BEE • **Josefina V. Lacuna**, BEE • **Erlinda E. Gatdula**, Division of Bataan • **Victoria V. Ambat**, Division of Cavite

DepEd Encoders
**Marcelino C. Bataller**, BEE • **Princess P. Lapena** • **El Reyno**

DepEd Illustrators
**Eric S. de Guia,** BEE • **Fermin Fabella Jr.,** BEE

**BSP STAFF**

BSP Illustrator
**Francisco M. Valdez**

Layout Artists
**Dennis Q. Catacutan** • **Archie DC. Yumul** • **Mark Andrew L. Casul**

Administrative Support
**Milagros A. Soriano**

BSP Project Coordinators
**Jetzer M. Tan** • **Lizette S. Ocampo**